2026
ENE - MAR

Vol 102, No 1
Pansabadong mga Aralin sa Biblia
Sangay ng Nakatatanda



# Mga Mahahalagang Aral Mula sa Hindi Pangunahing mga Propeta

*(Minor Prophets)*

Mga sinaunang mensahe mula sa Langit,
Na may kabuluhan pa rin sa ngayon.

SABBATH SCHOOL

# Mga Nilalaman


1. Ang Magiliw, May Pag-ibig na Panawagan ni Hosea .............................. 7
2. Panahon ng Pagtutuos .............................. 12
3. Paghahanda na may Pag-asa .............................. 17
4. Pinahahalagahan ang Awa ng Diyos .............................. 22
5. Joel: Isang Itinalagang Mensahero .............................. 27
6. Ang Panawagan ni Amos para sa Paghahanda .............................. 33
7. Kapangyarihan sa Pagsisisi .............................. 38
8. Ang Plano ng Dios sa Pagpapanumbalik .............................. 43
9. Alam Na Namin Ang Dapat Gawin! .............................. 48
10. Pagpipitagan para sa Isang Nakakaalam ng Lahat .............................. 54
11. Mapagbantay upang Luwalhatiin ang Dios .............................. 59
12. Mga kaganapan sa Pagtatapos ng Panahon .............................. 64
13. Ang Huling Panawagan ni Malakias .............................. 69


*Pansabadong mga Aralin sa Biblia*, a daily study program, is based solely on the Bible and Spirit of Prophecy without additional comments. The quotations are as brief as possible to provide concise, direct thoughts. Brackets [ ] are supplied in some cases to ensure clarity, proper context, and smooth readability. Further study in the source materials is strongly recommended.


**Illustrations and Cover**: Honduran Union, Rwandan Union Mission, AMAPI, H. Cibalde



Copyright © 2026 by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019, USA.


Telephone: 1-540-362-1800 • Web: www.sdarm.org • E-mail: info@sdarm.org

*Pansabadong mga Aralin sa Biblia* (USPS 005-118), Vol. 102, No. 1, Enero - Marso 2026. Published quarterly by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department. Printed, and distributed by Reformation Herald Publishing Association, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019–5048, U.S.A. Periodical postage paid at Roanoke, Virginia 24022–9993.

**U.S.A. and Canada**
Contact: Telephone 1-540-366-9400 • Website: www.reformationherald.com • E-mail: info@reformationherald.org

Annual subscriptions in U.S.A.: U.S. $22.00. Large print $33.00. International $21.00 plus shipping. Large print international $31.00 plus shipping. Single copies $6.00. Large print $9.00. Please send subscription requests and payments (in U.S. currency only) to the address below. Prices subject to change without notice.

POSTMASTER, please send address changes to: Pansabadong mga Aralin sa Biblia,
P. O. Box 7240, Roanoke, VA 24019–0240.

**Australia**
Contact: Telephone 61-2-9627-7553 • Website: www.sdarm.org.au • E-mail: info@sdarm.org.au
Annual subscriptions in Australia and New Zealand: AU $34.00 (individual copies $8.50). Other countries, AU $34.00 plus shipping. Please send subscription requests and payments (in Australian currency) to the address: Pansabadong mga Aralin sa Biblia, P.O. Box 132, Riverstone NSW 2765, Australia.

**South Africa**
Contact: Telephone 27-011-336-7064 • Website: www.sdarmsa.org.za • E-mail: admin@sdarmsa.org.za

Annual subscriptions in South Africa: R120-00 (single copies R35-00). Please send subscription requests and payments to the address below.

POSTMASTER, please send address changes to: Pansabadong mga Aralin sa Biblia,
P. O Box 7950,Johannesburg 2000, South Africa.

# Paunang Salita

Bagaman tinatawag natin silang "hindi pangunahing" mga propeta, ang kanilang mensahe ay mahalaga pa rin! Ang pangalan ay dahil lamang sa katotohanan na ang mga aklat na kanilang isinulat ay maikli. Gayunpaman, ang mga mensaheng ito na puno ng kapangyarihan ay malakas, tuwiran, at lubos na nauugnay sa ngayon. Ito ang dahilan kung bakit ang mga mag-aaral ng Sabbath school sa buong sanlibutan ay tutuon sa "Mga Mahahalagang Aral Mula sa mga Hindi Pangunahing mga Propeta" (Minor Prophets) para sa susunod na tatlong buwan bilang isang napapanahong pagsisikap sa ating paghahanda para sa pagsasara ng pintuan ng awa at pagbabalik ni Kristo.

Ang mga hindi pangunahing propeta ay hindi nagdadala ng kalugod-lugod, maalwang mensahe. Hindi, sa katunayan—sila ay pumuputol na parang palakol na tumatama sa pinaka-ugat mismo ng isang puno. "Ang Dios ay hindi nagpapadala ng mga mensahero upang paluguran ang makasalanan. Siya ay hindi naghahatid ng mensahe ng kapayapaan upang ihele ang hindi napabanal sa nakamamatay na katiwasayan. Siya ay naglalagay ng mabibigat na pasanin sa konsensya ng gumagawa ng masama, at pinatatagos sa kaluluwa ang mga palaso ng pananalig na pupukaw sa kalooban."—The Desire of Ages, p. 104.

"Ang Dios ay naging matapat kailanman sa pagdidisiplina sa kasamaan. Siya ay nagpapadala ng Kanyang mga propeta upang babalaan ang mga nagkakasala, sawayin ang kanilang mga pagkakasala, at ipahayag ang paghatol sa kanila. Yaong mga nagtatanong kung bakit ang salita ng Dios ay naglalabas ng mga kasalanan ng Kaniyang bayan sa napakalinaw na pamamaraan para sa mga manunuya upang pagtawanan at upang ikalungkot ng mga banal, ay dapat isaalang-alang na ang lahat ng ito ay isinulat para lamang sa kanilang ikatututo, upang maaari nilang iwasan ang kasamaang nakatala at tularan lamang ang katuwiran ng mga naglilingkod sa Panginoon."—Testimonies for  the Church, vol. 4, p. 12.

"Kahit isang maling katangian ng pag-uugali, isang masamang pagnanasa na itinatangi, sa kalaunan ay magpapawalang-bisa sa lahat ng kapangyarihan ng ebanghelyo. Ang paglaganap ng isang napakasamang pagnanasa ay  nagpapakita ng pagkalinlang ng kaluluwa. Ang bawat pagpapakabuyo ng pagnanasang iyon ay nagpapatibay sa pagtakwil ng kaluluwa sa Dios. Ang mga pasakit ng tungkulin at ang kaluguran sa kasalanan ay ang mga tali kung saan ay iginagagapos ni Satanas ang mga tao sa kanyang mga bitag. Yaong mga handang mamatay sa halip na gumawa ng mali ay ang tanging matatagpuang mga matapat."—Ibid., vol. 5, p. 53.

Ang mga hindi pangunahing propeta ay nanawagan sa bayan ng Dios na gumising, unawain ang Kanyang probidensya, at tanggapin ang Kanyang gawain sa kanilang mga puso. Ito ang mismong mensahe na kinakailangan din nating marinig.

"Mga kapatid, kung kanino nabuksan ang mga katotohanan ng salita ng Dios, anong bahagi ang inyong gagampanan sa nagtatapos na mga kaganapan ng kasaysayan ng mundong ito? Nalalaman ba ninyo ang solemneng katotohanang ito? Nauunawaan ba ninyo ang dakilang gawain ng paghahanda na nangyayari sa kalangitan at sa lupa? Hayaang ang lahat ng nakatanggap ng liwanag, na nagkaroon ng pagkakataong basahin at marinig ang propesiya, ay ingatan ang mga bagay na nakasulat doon; 'sapagkat malapit na ang panahon.' Huwag hayaang ang sinuman ay maugnay sa kasalanan, ang pinagmumulan ng bawat paghihirap sa ating sanlibutan. Huwag ng manatili sa pananamlay at walang kuwentang pagpapabaya. Huwag hayaang mabitin ang kahahantungan ng iyong kaluluwa sa kawalan ng katiyakan. Alamin na kayo ay ganap na nasa panig ng Panginoon."—Ibid., vol. 6, pp. 404.

Nawa'y gabayan tayo ng Panginoon habang pinag-aaralan natin ang mga araling ito!

*The General Conference Sabbath School Department*

# Handog sa Unang Sabbath

**Sabbath, Enero 3, 2026**



## Ang  Headquarters sa Siguatepeque, Honduras

Ang Honduras ay ang pangalawang pinakamalaking bansa sa Central America. Sa isang teritoryo na umaabot sa 43,433 square miles (112,492 km$^2$), ito ay nasa gitnang bahagi at napapalibutan ng mga bansa ng Guatemala, El Salvador, at Nicaragua, hanggang sa timog ng Karagatang Pasipiko sa Gulf  ng Fonseca, at sa hilaga ng Gulf ng Honduras, isang malaking daanan sa Caribbean Sea. Sa populasyon ng 10.8 milyong naninirahan, 48.7% ay Katoliko, 41% Protestante, 8% ateista, agnostiko, o hindi nag-aangkin ng relihiyon, at 3% ay iba pang mga relihiyon. Ang opisyal na wika ay Espanyol; ang mga pangunahing ine-export ng bansa ay produkdong pang-agrikultura, na sinusundan ng mga electronic na kagamitan.

Dumating ang SDARM noong dekada ng 1960 nang dalawin ng ating mga kapatid na si Silvestre Cabanillas mula sa Perú at Felipe García mula sa Argentina. Pagkatapos ng maraming taon ng pagpapapagal, ang mensahe ay lumaganap ng gayong lawak kaya't noong 2016, ang Honduran Union ay inorganisa, na binubuo ng tatlong Fields na may 542 na pinagsamang mga kaanib at humigit-kumulang 700 regular na bisita na madalas dumadalo.

Dahil sa matagal na ang ilan sa aming mga gusali ng headquarter ng mga Field at Union, ang mga ito ay unti-unting nasisira sa paglipas ng mga taon. Ang ilan ay nananatiling hindi pa rin natatapos, at ang isa sa aming mga Field ay walang administrative headquarters. Kami ay gumagawa ng lubos na pagsisikap na maglaan ng angkop na mga silid para sa aming mga opisina, mga silid para sa pagpupulong, at sa pagpapatakbo ng aming missionary school para sa lumalagong gawain. Ito ang dahilan kung bakit kami ay nakikiusap sa inyong mabuting kalooban, upang sama-sama nating makamit ang ating pangarap na magkaroon ng headquarter na magsisilbing mga light-house ng katotohanan, kung saan marami ang maaaring buong pasasalamat na makilala si Hesus.

Tayo ay hinihikayat ng Panginoon na magtulungan sa isa't isa kapag isinasagawa ang mga proyekto ng Kanyang gawain, na ipinakita sa Kaniyang utos kay Moises: "Salitain mo sa mga anak ni Israel, na sila'y magdala sa akin ng isang handog: ang bawa't tao na maganyak ang puso sa kagandahang loob ay kukunan ninyo ng handog sa akin." Exodo 25:2. Ang debosyon sa Dios at ang espiritu ng paghahain ay ang mga unang kailangan upang maitayo ang tahanan ng Kataas-taasan. Ang buong pamayanan ay tumugon nang nagkakaisa: "At sila'y nagsiparoon, ang bawa't isa na ang puso ay napukaw sa kaniya, at ang bawa't isa na kusa ng kaniyang espiritu, at sila'y nagdala ng handog sa Panginoon sa gawain ng tabernakulo ng kapisanan" (Exodo 35:21).

Kami ay nagpapasalamat nang maaga para sa inyong saganang tulong sa proyektong ito. Nawa'y lubos kayong pagpalain ng Dios.

*Ang inyong mga kapatid na lalaki at babae mula sa Honduras*

SABBATH, ENERO 3, 2026

LEKSIYON 1

# Ang Mapagmalasakit, May Pag-ibig na Panawagan ni Hosea

**SAULUHING TALATA:** "Magiging asawa mo rin ako sa pagtatapat; at iyong makikilala ang Panginoon." (Oseas 2:20).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 6, pp. 404–410.

"Ngayon, habang ang malugod na tinig ng awa ay naririnig pa, habang hindi pa huli ang lahat upang maituwid ang mga pagkakamali, habang ito ay nananawagan pa ngayon, ngayon kung marinig ninyo ang kaniyang tinig, huwag na ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso."—*Counsels on Stewardship,* p. 99.

## 1. ANG MAHIRAP NA PANAWAGANG GUMISING

Lin, Dis 28

a. Ilarawan ang mahirap na buhay ng mga propeta ng Dios. Santiago 5:10.

"Yaong mga pinagkatiwalaan ng Dios ng mahahalagang tungkulin ay hindi pinalaki sa kaginhawahan at karangyaan; ang mararangal na mga propeta, ang mga pinuno at mga hukom na hinirang ng Dios, ay mga taong ang mga ugali ay hinubog sa pamamagitan ng mahihirap na mga sitwasyon ng buhay."—*The Signs of the Times,* Pebrero 19, 1880.

b. Paano inilarawan ng Dios kay Hosea ang ugnayan sa pagitan Niya at ng Kanyang hindi tapat na bayan? Oseas 1:1–9; Jeremias 3:14; (ihambing ang 2 Corinto 11:2).

"Sa Biblia ang sagrado at nananatiling katangian ng ugnayang umiiral sa pagitan ni Kristo at ng Kaniyang iglesia ay inilalarawan sa pagsasama sa pag-aasawa. Ang Panginoon ay iniuugnay ang Kanyang bayan sa Kanyang sarili sa pamamagitan ng isang sagradong tipan, Siya ay nangangako na Siya ang kanilang magiging Dios, at sila ay nangangako sa kanilang sarili na magiging Kanya at tanging Kaniya lamang. . . .

"Ang kawalan ng katapatan ng iglesia kay Kristo sa pagpapahintulot ng kanyang pagtitiwala at damdamin na malihis mula sa Kaniya, at pinahihintulutan ang pag-ibig sa mga makamundong bagay na sakupin ang kaluluwa, ay inihahalintulad sa paglabag sa panata sa kasal. Ang kasalanan ng Israel sa paglayo sa Panginoon ay ipinahayag sa ilalim ng paglalarawang ito." —*The Great Controversy,* p. 381.

### a. Matapos ipahayag ang paghatol, anong nagbibigay-pag-asang pangako ang ipinagkaloob ng Dios sa Israel? Oseas 1:10.

“Ang Dios ay lubos na may kakayahang baguhin ang mga puso ng mga Judio at mga Gentil, at ipagkaloob sa bawat mananampalataya kay Cristo ang mga pagpapalang ipinangako sa Israel. . . . ‘At gaya ng sinabi ni Isaias noon, Kung hindi nagiwan sa atin ng isang binhi ang Panginoon ng mga hukbo, Tayo’y naging katulad sana ng Sodoma, at naging gaya ng Gomorra.’ . . .

“Sa kabila ng kakila-kilabot na kapahamakan na ipinahayag sa mga Judio bilang isang bansa sa panahon ng kanilang pagtakuwil kay Jesus ng Nazaret, maraming nabubuhay na mararangal sa bawat henerasyon, na mga may takot sa Dios na mga lalaki at babaeng Judio na nagtitiis sa katahimikan. Ang Dios ay inaaliw ang kanilang mga puso sa kapighatian at tinitingnang may habag ang kanilang nakakakilabot na kalagayan. Pinakikinggan Niya ang masidhing panalangin ng mga naghahanap sa Kaniya ng buong puso para sa tamang pagkaunawa sa Kaniyang salita. Ang ilan ay natutunang makita sa mapagpakumbabang Nazareno na itinakwil at ipinako ng kanilang unang mga magulang, ang tunay na Mesiyas ng Israel. Habang nauunawaan ng kanilang isipan ang kahalagahan ng mga nalalamang propesiya na matagal nang natatakpan ng tradisyon at maling interpretasyon, ang kanilang mga puso ay napupuno ng pagpapasalamat sa Dios para sa hindi masayod na kaloob na ipinagkakaloob Niya sa bawat tao na pinipiling tanggapin si Kristo bilang isang personal na Tagapagligtas.”
—*The Acts of the Apostles,* p. 379.

### b. Paano inulit ni apostol Pablo ang nakaaaliw na katotohanang ito? Roma 9:25–27.

“Kapag ang ebanghelyong ito ay naipahayag na sa kabuuan nito sa mga Judio, marami ang tatanggap kay Kristo bilang Mesiyas. Sa mga Kristiyanong ministro ay kakaunti lamang ang nakadarama ng panawagang gumawa para sa mga Judio; subali’t sa mga madalas na nalalampasan, gayundin sa lahat ng iba pa, ang mensahe ng awa at pag-asa kay Kristo ay darating.

“Sa pagtatapos ng pagpapahayag ng ebanghelyo, kapag ang natatanging gawain ay gagawin para sa mga uri ng mga tao na hanggang ngayon ay napapabayaan, inaasahan ng Dios na ang Kanyang mga mensahero ay magkakaroon ng partikular na malasakit sa mga Judio na kanilang matatagpuan sa lahat ng bahagi ng kalupaan. . . .

“Sa mga Judio ay may ilang, tulad ni Saul ng Tarsus, ay mahusay sa Kasulatan, at ang mga ito ay ipahahayag nang may nakakamanghang kapangyarihan ang hindi nagbabagong kautusan ng Dios. Ang Dios ng Israel ang magsasakatuparan nito sa ating kapanahunan. Ang Kanyang bisig ay hindi maikli upang hindi makapagligtas. Habang ang Kanyang mga lingkod ay gumagawa nang may pananampalataya para sa mga matagal nang napabayaan at hinamak, ang Kaniyang pagliligtas ay ipapahayag.”—Ibid., pp. 380, 381.

a. Sa kabila ng malubhang espirituwal na pagkasira ng Kaniyang bayan, anong mahabaging panawagan ang ipinaaabot ng Dios sa kanila? Oseas 2:14.

"Hanggang ngayon ay gayon pa rin tulad noong si Kristo ay nasa lupa pa, na ang bawat pagsulong na ginagawa ng ebanghelyo sa nasasakupan ng kaaway ay hinaharap ng matinding pagsalungat mula sa kanyang napakaraming hukbo. Ang pakikipagtunggali na nasa harapan na natin ay ang pinaka-nakakakilabot na masasaksihan kailanman. Subali't kahit na si Satanas ay inilalarawan bilang kasinglakas ng malakas na taong armado, ang kanyang pagbagsak ay magiging lubusan, at ang bawat isa na nakikiisa sa kanya sa pagpili ng pagtalikod sa halip ng pagiging-matapat ay mapapahamak kasama niya.

"Ang pumipigil na Espiritu ng Dios ay unti-unti nang inaalis sa sanlibutan. Ang mga buhawi, bagyo, unos, sunog at baha, mga sakuna sa dagat at lupa, ay sunod-sunod na mabilis na nangyayari. Ang siyensya ay sinisikap na ipaliwanag ang lahat ng mga ito. Ang mga tanda na dumarami na sa paligid natin, na nagsasabing malapit na ang Anak ng Dios, ay iniuugnay sa iba't-ibang sanhi kaysa sa tunay na dahilan. Ang mga tao ay hindi nakikita ang mga nagbabantay na anghel na pumipigil sa apat na hangin upang huwag sila humihip hanggang sa ang mga tagapaglingkod ng Dios ay matatakan; subali't kapag inutusan ng Dios ang Kaniyang mga anghel na pakawalan ang mga hangin, magkakaroon ng kaganapan ng kaguluhan na hindi kayang ilarawan ng kahit aling panulat. . . .

"Kung maaalis lang ang tabing, maaari mong makita ang mga layunin ng Dios at ang mga paghatol na malapit nang ibuhos sa hinatulang sanglibutan, kung nakikita ninyo lamang ang inyong sariling ugali, kayo ay matatakot at manginginig para sa inyong sariling mga kaluluwa at para sa mga kaluluwa ng inyong kapuwa tao. Ang taimtim na mga panalangin ng nakakadurog ng pusong dalamhati ay aakyat sa langit. Kayo ay tatangis sa pagitan ng portiko at dambana, ipinagtatapat ang inyong espirituwal na pagkabulag at pagtalikod."—*Testimonies for the Church,* vol. 6, pp. 407, 408.

b. Paano ang ating nakakamanghang Dios makapagbibigay ng panibagong simula, na nagkakaloob ng pag-asa sa kabila ng nabahirang pamana ng kasalanan? Oseas 2:15; Awit 130:7, 8 .

"Ang Dios ay may awa. Bakit ang mga nahuhulog sa pagkakasala ay hindi nagpapakita ng pagsisising ayon sa bigat ng kanilang kasalanan, at magmadaling lumapit kay Kristo para sa habag at pagpapagaling, hangga't maaari, ng mga sugat na kanilang ginawa?"—The Review and Herald, Marso 24, 1868.

"Gaano man kahina ang nagkakasala; gaano man karami o gaano man kalaki ang kanyang mga pagsalangsang, ay tatanggapin siya ng Tagapagligtas. Iniibig ni Cristo ang bawat kaanib ng sangkatauhan; sapagkat binili Niya tayong lahat sa isang halaga;—at napakalaki ng halaga!"—Ibid., Setyembre 3, 1903.

## 4. MULING PAGPAPASIGLA AT PAG-ABOT SA IBA — Miy, Dis 31

a. Ilarawan ang mas malalim na ugnayan ng dedikasyon na magkakaroon ang kaluluwa sa Dios kung sila ay tunay na magsisi at tatalikuran ang kanilang masamang pamumuhay. Oseas 2:16, 17.

" 'At mangyayari sa araw na yaon, sabi ng Panginoon, na tatawagin mo akong Ishi ['Aking asawa,' margin]; at hindi mo na Ako tatawaging Baali ['Aking panginoon,' margin]. Sapagka't aking aalisin ang mga pangalan ng mga Baal sa kaniyang bibig, at siya'y hindi na babanggitin pa sa pamamagitan ng kanilang pangalan' Oseas 2:14–17."—*Prophets and Kings*, pp. 298, 299.

b. Paano matutupad ang propesiyang ito ng espirituwal na pagpapanumbalik sa ating kapanahunan? Oseas 2:18–20.

"Sa mga huling araw ng kasaysayan ng mundong ito, ang tipan ng Dios sa Kanyang bayang tumutupad sa utos ay uulitin."—Ibid., p. 299.
"Habang ang awa ay nanatili, habang ang Tagapagligtas ay namamagitan, tayo ay lubusan nang gumawa ng paghahanda para sa walang hanggan."—Testimonies for the Church, vol. 6, p. 405.

c. Ano ang pundasyon ng pagiging bayan ng Dios sa ngayon, ayon kina Oseas at Juan? Oseas 2:23; Juan 1:12.

"Dalawin ang inyong kapuwa at magpakita ng malasakit sa kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa. Pukawin ang bawat espirituwal na kalakasan upang kumilos. Sabihin sa inyong mga dinadalaw na ang katapusan ng lahat ng bagay ay nalalapit na. Ang Panginoong Jesu-Cristo ay bubuksan ang pintuan ng kanilang mga puso at gagawa ng mga pangmatagalang epekto sa kanilang isipan.

"Pagsikapan mong pukawin ang mga lalaki at babae mula sa kanilang espirituwal na kawalan ng pandama. Sabihin sa kanila kung paano ninyo natagpuan si Jesus at kung gaano kayo pinagpala mula nang magkaroon kayo ng karanasan sa paglilingkod sa Kaniya. Isalaysay sa kanila kung anong pagpapala ang dumarating sa inyo habang nakaupo sa paanan ni Jesus at natututo ng mga mahahalagang aral mula sa Kanyang salita. Ibahagi sa kanila ang kagalakan at kasiyahan na mayroon sa buhay Kristiyano. Ang inyong mainit at taimtim na mga patotoo ay magkukumbinsi sa kanila na natagpuan mo na ang mahalagang perlas. Hayaang ang inyong masasaya at nakapagpapatibay na mga salita ay magpakita na tunay na ninyong natagpuan ang mas mataas na landas. Ito ang tunay na gawaing misyonero, at habang ginagawa ito, marami ang magigising na tila mula sa isang panaginip."—Ibid., tomo 9, p. 38.

## 5. ANG MGA BUNGA NG PANANAMPALATAYA — Huw, Ene 1

a. Ilarawan ang maluwalhating bunga na malapit nang mangyari sa mga taong buong-pusong tumutugon sa panghuling panawagan ng Dios. Oseas 3:4, 5 .

"Sa sampung mga lipi, na matagal nang suwail at hindi nagsisisi, ay hindi binigyan ng pangako ng lubos na pagpapanumbalik ng kanilang dating karapatan sa Palestina. Hanggang sa katapusan ng panahon, sila ay magiging 'mga gala sa gitna ng mga bansa.' Subali't sa pamamagitan ni Oseas ay ibinigay ang isang propesiya na nagtakda sa kanila ng pribilehiyong magkaroon ng bahagi sa huling pagpapanumbalik na gagawin sa bayan ng Dios sa pagtatapos ng kasaysayan ng kalupaan, kapag si Kristo ay magpakita bilang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. . . . [Oseas 3:4, 5 sinipi.]

"Sa makahulugang wika ay itinakda ni Oseas sa harapan ng sampung lipi ang plano ng Dios sa pagpapanumbalik ng bawat nagsisising kaluluwa na nais makiisa sa Kaniyang iglesia sa lupa, ang mga pagpapalang ipinagkaloob sa Israel noong panahon ng kanilang katapatan sa Kaniya sa Lupang Pangako."—Prophets and Kings, p. 298.

" 'Sa araw na yaon' 'na ang nalabi sa Israel, at ang nangakatanan sa sangbahayan ni Jacob,... ay titiwala sa Panginoon, sa Banal ng Israel, sa katotohanan.' Isaias 10:20. Mula sa 'bawat bansa, at lahi, at wika, at bayan' ay may mga ilan na malugod na tutugon sa mensaheng, 'Matakot kayo sa Dios, at magbigay kaluwalhatian sa kaniya; sapagka't dumating na ang panahon ng kaniyang paghatol' Sila ay tatalikod mula sa bawat dios-diosan na nagbibigkis sa kanila sa lupa, at 'sasamba sa Kaniya na gumawa ng langit, at ng lupa, at ng dagat, at ng mga bukal ng tubig.' Palalayain nila ang kanilang mga sarili mula sa bawat pagkakagapos at maninindigan sa harapan ng sanlibutan bilang mga patotoo ng awa ng Dios. Masunurin sa banal na mga kahilingan, sila ay kikilalanin ng mga anghel at ng mga tao bilang yaong mga nagsisitupad sa 'mga utos ng Dios, at ng pananampalataya kay Jesus.' Pahayag 14:6, 7, 12."—Ibid., pp. 299, 300.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Ene 2

1. Paano inilalarawan ng Dios ang sakit na dinaranas Niya dahil sa ating pagiging-suwail?
2. Anong mensahe sa Oseas ang nagpapahayag ng dakilang pagpapahinuhod ng Dios?
3. Paano pinakikitunguhan ng Dios ang mga nagkakasala laban sa Kaniya?
4. Ano ang maaaring maging resulta ng aking pag-abot sa mga tao na ang mga gawa ay hayagang nagpapakita na sila ay malayo sa Dios?
5. Paano ang aking buhay maaaring magsilbing patotoo ng awa ng Dios?

# Ang Panahon ng Pagtutuos

**SAULUHING TALATA:** "Ang aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman: " (Oseas 4:6, unang bahagi).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 2, pp. 604–609.

"Sa bawat kapanahunan, ang paglabag sa kautusan ng Dios ay may kasunod na kaparehong bunga."—*Prophets and Kings,* p. 297.

## 1. ANG NAPAKARAMING KASAMAAN — Lin, Ene 4

a. Bagamat matagal nang ipinahayag ng Dios ang mensahe ng awa, ano pa ang ipinag-utos Niyang ipahayag ni Hosea—na kailangang iugnay nang higit sa isang beses sa kasaysayan ng sangkatauhan? Oseas 4:1.

"Nang ang bayan ng Israel, sa kanilang pagsamba kay Baal at Ashtoreth, ay nagbigay ng pinakamataas na pagsamba sa mga puwersa ng kalikasan, pinutol nila ang kanilang kaugnayan sa lahat ng bagay na nakapagpapasigla at nakagpaparangal, at naging madaling biktima ng tukso."—Prophets and Kings, p. 281.

" 'Ang katanghaliang tapat ng kapapahan ay ang hatinggabi ng sanglibutan.'—J. A. Wylie, The History of Protestantism, b. 1, ch. 4. Ang Banal na Kasulatan ay halos walang nakakaalam, hindi lamang ng mga tao, kundi kahit ng mga saserdote. Tulad ng mga Fariseo noong unang panahon, kinasusuklaman ng mga pinuno ng kapapahan ang liwanag na maghahayag ng kanilang mga kasalanan. Nang maalis ang kautusan ng Dios, ang pamantayan ng katuwiran, sila ay gumamit ng kapangyarihan nang walang limitasyon, at gumawa ng kasamaan nang walang takot. Ang pandaraya, katakawan, at kahalayan ay nanaig. Ang mga tao ay hindi natatakot sa anumang krimen kung saan sila maaaring magtamo ng kayamanan o katungkulan. Ang mga palasyo ng kapapahan at mga obispo ay naging pugad ng pinakamasasamang kahalayan. Ang ilan sa mga namamahalang obispo ay nagkasala ng mga krimen na lubhang nakakapanghimagsik kung kaya't ang mga pinuno ng gobyerno ay sinikap na tanggalin ang mga matataas na pinuno ng iglesia gaya ng mga napakasamang halimaw na hindi dapat pahintulutan. Sa loob ng maraming siglo ang Europa ay walang pag-unlad sa edukasyon, sa mga sining, o sibilisasyon. Isang moral at intelektuwal na pagkaparalisa ang bumalot sa Sangka-kristiyanuhan.

"Ang kalagayan ng sanlibutan sa ilalim ng kapangyarihang Romano ay nagpakita ng isang nakakapanghilakbot at kapansin-pansing katuparan ng mga salita ng propetang si Oseas [Oseas 4:6, 1, 2 na sinipi]. Gayon ang mga naging bunga ng pagtatakuwil sa salita ng Dios."—The Great Controversy, p. 60.

## 2. GAYA NG MGA KAARAWAN NI NOE



### a. Paano binanggit ng nakakatakot na mensahe ni Oseas ang partikular na mga kasalanan na kinasusuklaman ng Dios—at paano ito inuulit hanggang sa ating panahon? Oseas 4:2; Lucas 17:26, 27.

"Ang kasamaan sa Israel noong huling kalahating siglo bago mabihag ng mga taga Asiria ay katulad noong mga kaarawan ni Noe, at ng lahat ng iba pang kapanahunan kapag tinatanggihan ng mga tao ang Dios at ibinibigay ang kanilang mga sarili nang buong-buo sa paggawa ng kasamaan. Ang pagpaparangal sa kalikasan nang higit sa Dios ng kalikasan, ang pagsamba sa nilalang sa halip na sa Lumalang, ay palaging nagreresulta ng pinakamatinding kasamaan. . . . Sa pagkasira ng mga depensa ng kaluluwa, ang mga naliligaw na mananamba ay walang hadlang laban sa kasalanan at ibinibigay ang kanilang mga sarili sa masasamang pita ng puso ng tao."—Prophets and Kings, pp. 281, 282.

"Napakalinaw na nakita ni Kristo kung ano ang magiging kalagayan ng lipunan sa hinaharap. Nakita niya na ang pagpapakabuyo sa sarili ang kumokontrol sa mga lalaki at babae. Ano ang anyo ng relasyon ng pag-aasawa ngayon? Hindi ba't ito ay nabaluktot at nadungisan, ginawang gaya noong panahon ni Noe? Ang ulat ng pagkakasunod-sunod tungkol sa diborsyo ay naitatala sa pang-araw-araw na balita. Ito ang pag-aasawa na tinutukoy ni Kristo nang Siya ay magpahayag na bago ang pagkagunaw sila ay 'nangagaasawa at pinapapagaasawa.' "—Manuscript Releases, vol. 7, p. 56.

"Ang mismong kasalanang ito, ang pakikiapid, ay nanaig sa sinaunang Israel, na nagdala ng hudyat ng pagpapakita ng pagkapoot ng Dios. Ang mga paghatol ng Dios ay sumusunod kaagad sa kanilang karumal-dumal na kasalanan. Libu-libo sa kanila ang namamatay, at ang kanilang napakaruming katawan ay naiiwan sa ilang."—A Solemn Appeal, p. 142.

### b. Magbanggit ng ilang mapapait na mga bunga na nagreresulta mula sa paghihimagsik—at ang napakaraming pagpapala na aanihin sa dahil sa pagpapasakop sa kalooban ng Dios. Oseas 4:3–5; Juan 17:3.

"Ang Panginoon ay nagbigay ng kautusan sa Kaniyang bayan, upang sa pamamagitan ng pagsunod sa kanila ay mapangalagaan nila ang kanilang pisikal, mental, at moral na kalusugan. Sila ay dapat mamuhay sa pamamagitan ng pagsunod, subali't ang kamatayan ang tiyak na resulta ng pagsuway sa kautusan ng Dios."—Fundamentals of Christian Education, p. 413.

"Siya na pumipili ng landas ng pagsuway sa kautusan ng Dios ay nagpapasya sa kanyang hinaharap na kahahantungan; siya ay naghahasik sa laman, tinatanggap ang kabayaran ng kasalanan, maging ang walang hanggang kapahamakan, ang kabaligtaran ng buhay na walang hanggan. Ang pagpapasakop sa Dios at pagsunod sa Kanyang banal na kautusan ay nagdudulot ng tiyak na resulta. 'Ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Jesucristo.' "—Ibid., p. 376.

## 3. PAGPAPAHALAGA SA ESPIRITU NG DIOS

a. Bakit napakahalaga para sa bawat isa sa atin na taimtim na bigyang-pansin ang bawat sinag ng liwanag na ipinagkakaloob sa atin? Oseas 4:6.

"Ang mga salita ng Dios sa matandang Israel ay may taimtim na babala sa iglesia at sa mga pinuno nito ngayon. Tungkol sa Israel ay sinabi ng Panginoon, 'Sinulat ko para sa kaniya ang sangpung libong bagay ng aking kautusan; kanilang inaring parang katuwang bagay.' Oseas 8:12. At sa mga saserdote at mga guro ay ipinahayag Niya, 'Ang aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman: sapagka't ikaw ay nagtakuwil ng kaalaman, akin namang itatakuwil ka; . . . yamang iyong nilimot ang kautusan ng iyong Dios, akin namang kalilimutan ang iyong mga anak.' Oseas 4:6.

"Ang mga babala ba mula sa Dios ay pababayaan nang hindi pinapansin? Ang mga pagkakataon ba para sa paglilingkod ay hindi na pagbubutihin? Ang pangungutya ba ng sanlibutan, ang kapalaluan ng kaisipan, ang pagsunod sa mga kaugalian at mga tradisyon ng tao, ang pipigil sa mga nag-aangking mga tagasunod ni Kristo mula sa paglilingkod sa Kaniya? Tatanggihan ba nila ang salita ng Dios gaya ng pagtanggi ng mga pinunong Judio kay Kristo? Ang resulta ng kasalanan ng Israel ay nasa harapan na natin. Ang iglesia ba ng Dios ngayon ay tatanggapin ang babala?"—Christ's Object Lessons, p. 306.

b. Ipaliwanag ang panganib ng pagtanggi sa Banal na Espiritu. Mateo 12:31, 32.

"Mapanganib ang pagbigkas ng isang salita ng pag-aalinlangan, mapanganib na pag-alinlanganan at tuligsain ang banal na liwanag. Ang gawi ng walang-ingat at walang paggalang na pagpuna ay nakakaapekto sa ugali, sa pagkakandili ng kawalan ng paggalang at kawalan ng pananampalataya. Maraming tao ang nasasanay sa ugaling ito ay hindi namamalayan ang panganib, hanggang sa siya ay handa nang tuligsain at tanggihan ang gawain ng Banal na Espiritu."—The Desire of Ages, p. 323.

"Sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu ang Dios ay kumikilos sa puso ng tao; at kapag ang mga tao ay sinasadyang tanggihan ang Espiritu at ipinahahayag na ito ay mula kay Satanas, pinuputol nila ang daluyan kung saan ang Dios ay maaaring makipag-ugnayan sa kanila. Sa pagtanggi sa katibayan na ikinalulugod ng Dios na ibigay sa kanila, pinagsasarhan nila ang liwanag na sumisinag sa kanilang mga puso, at bilang resulta sila ay naiiwan sa kadiliman. . . . Sa loob ng ilang panahon, ang mga taong nakagawa ng ganitong kasalanan ay maaaring magmukhang mga anak ng Diyos; subali't kapag dumating na ang mga pangyayaring bubuo ng pag-uugali at magpapakita kung anong uri ang kanilang espiritu, makikita na sila ay nasa panig ng kaaway, nakatayo sa ilalim ng kanyang itim na watawat.

"Aking kapatid, inaanyayahan ka ng Espiritu ngayon. Lumapit nang buong puso kay Jesus. Pagsisihan ang inyong mga kasalanan, ipahayag ang kasalanan sa Dios, talikuran ang lahat ng kasamaan, at maaari ninyong iangkop sa inyong sarili ang lahat ng Kanyang mga pangako. 'Kayo'y magsitingin sa akin, at kayo'y mangaligtas,' ang Kaniyang mahabaging paanyaya."—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 634.

## 4. ANG PANAWAGAN SA MGA TUMALIKOD

a. Paano ang Dios madalas na inilalarawan ang kalagayan ng maraming nag-aangking Kaniyang mga tagasunod—kasama na ang nasa kasalukuyan? Oseas 4:7–11, 16.

"Ang bayan ng Dios ay hindi pa handa para sa mga nakakatakot, na mahihirap ng mga kaganapan sa hinaharap, hindi handang manindigang malinis mula sa kasamaan at masasamang pita sa gitna ng mga panganib at kabulukang lumulubha sa panahong ito. Wala silang baluti ng katuwiran, at hindi handang makipagbaka laban sa nangingibabaw na kasamaan. Marami ang hindi sumusunod sa kautusan ng Dios, gayunpaman, sinasabi nilang ginagawa nila ito. Kung sila ay magiging matapat sa pagsunod sa lahat ng mga tuntunin ng Dios sila ay magkakaroon ng kapangyarihan na magdadala ng pananalig sa mga puso ng mga hindi nananampalataya."—Testimonies for the Church, vol. 2, pp. 446, 447.

"Yaong mga nag-aangkin ng kabanalan, subali't hindi napabanal ng katotohanan na kanilang ipinahahayag, ay hindi mababago nang lubusan ang pamamaraan ng kanilang pagkilos, kahit na nalalaman nilang ito'y kasuklam-suklam sa harapan ng Dios, sapagkat hindi nila pinagtitiisan ang pagsubok ng pagsaway sa bawat isa dahil sa kanilang mga kasalanan. Nakikita nila, ang kanilang sariling kalagayan dahil sa mga patotoo ng iba, na matapat na ipinapakita sa harapan nila. Subali't tinataglay pa rin nila ang parehong kasamaan. Sa pagpapatuloy ng kanilang masamang pamamaraan, nilalabag nila ang kanilang mga konsensya, pinatitigas ang kanilang mga puso, at ang kanilang mga leeg, na para bang ang patotoo ay direktang ibinibigay sa kanila. Sa pagbabalewala at pagtangging iwaksi ang kanilang mga kasalanan at itama ang kanilang mga pagkakamali sa pamamagitan ng mapagpakumbabang pagtatapat, pagsisisi, at pagpapakumbaba, pinipili nila ang kanilang sariling pamamaraan, at napapasailalim sa parehong kalagayan, at sa huli ay naaakay na maging bihag ni Satanas sa kanyang kalooban. Maaari silang maging matapang dahil nagagawa nilang pagtakpan ang kanilang mga kasalanan mula sa iba at dahil ang mga paghatol ng Dios ay hindi agad nakikita sa kanila. Maaaring ang kanilang buhay ay tila maayos sa sanlibutang ito. Maaari nilang linlangin ang mga dukha, mga taong mahina ang paningin at ituring na mga huwaran ng kabanalan kahit na sila ay patuloy sa kasalanan. Subali't ang Dios ay hindi maaaring dayain."—Ibid., pp. 447, 448.

b. Ilarawan ang pananabik ng puso ng Dios sa kalagayang ito. Jeremias 3:14, 15.

"Ang kawalan ng pananampalataya sa mga patotoo ay patuloy na lumalago habang ang bayan ay tumatalikod mula sa Dios. Ito ay laganap sa ating hanay, sa buong larangan. Subali't kakaunti ang nakakaalam kung ano ang mararanasan ng ating iglesia. Nakita ko na sa kasalukuyan tayo ay nasa ilalim ng banal na pagpapahinuhod, subali't walang makapagsasabi kung hanggang kailan ito magpapatuloy. Walang lubos na nakakaalam kung hanggang saan lang ang dakilang awa na ipinapakita sa atin. Subali't kakaunti ang buong pusong nakatalaga sa Dios. May iilan lamang na, gaya ng mga bituin sa isang mabagsik na gabi, ay kumikinang dito at doon sa gitna ng mga alapaap."—Ibid., vol. 5, p. 76.

## 5. ANG PINAKAMAHALAGANG PRAYORIDAD

Huw, Ene 8

a. Paano maiiwasan ang pinakamatinding paghatol na darating sa isang taong tumalikod? Oseas 4:17.

"Kahit isang maling ugali, isang masamang pagnanasang tinataglay, sa kalaunan ay maaaring magpawalang-bisa sa lahat ng kapangyarihan ng ebanghelyo. Ang paglaganap ng masamang pagnanasa ay nagpapakita ng pagkalinlang ng kaluluwa. Ang bawat pagpapakabuyo ng pagnanasang iyon ay nagpapatindi sa pagsalungat ng kaluluwa sa Dios. Ang mga kahirapan sa pagganap ng tungkulin at ang kaluguran sa kasalanan ay ang mga bigkis kung saan ginagapos ni Satanas ang mga tao sa kanyang mga bitag. Yaong mga mas nanaisin pang mamatay kaysa gumawa ng maling gawain ay ang tanging matatagpuang matapat."—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 53.

"Ang Dios ay inaakay ang Kaniyang bayan, sa bawat paghakbang. Dinadala Niya sila sa iba't ibang mga punto na nilalayon upang maipakita kung ano ang nilalaman ng puso. Ang ilan ay nakakapagtiis sa isang punto, ngunit nahuhulog sa susunod. Sa bawat antas ng pagsulong ang puso ay sinusuri at sinusubok nang masinsinan. Kung ang mga nag-aangking bayan ng Dios ay natutuklasan ang kanilang mga puso na sumasalungat sa matuwid na gawaing ito, dapat itong makumbinsi sa kanila na sila ay may gawaing dapat gawin upang magtagumpay, kung hindi nila ninanais na isuka mula sa bibig ng Panginoon. Ang sabi ng anghel: 'Ang Dios ay dadalhin ang Kaniyang gawain papalapit nang papalapit upang subukin at patunayan ang bawat isa sa Kaniyang bayan.' Ang ilan ay handang tumanggap ng isang punto; subali't kapag dinadala sila ng Dios sa isa pang punto ng pagsubok, sila ay umiiwas dito at tumatalikod, sapgkat direktang tinatamaan ang ilang tinataglay na dios-diosan. Dito sila ay may pagkakataong makita kung ano ang nasa kanilang mga puso na humahadlang kay Hesus. Mas pinahahalagahan nila ang ibang bagay na mas mataas kaysa sa katotohanan, at ang kanilang mga puso ay hindi handang tanggapin si Jesus. Ang bawat isa ay sinusubok at pinatutunayan sa mahabang panahon upang makita kung isasakripisyo nila ang kanilang mga dios-diosan at susundin ang payo ng Tapat na Saksi. Kung ang sinuman ay hindi mapapadalisay sa pamamagitan ng pagsunod sa katotohanan, at madadaig ang kanilang pagkamakasarili, ang kanilang pagmamataas, at ang masasamang pagnanasa, ang mga anghel ng Dios ay inaatasan: 'Sila ay nakakapit sa kanilang mga dios-diosan, pabayaan ninyo sila,' at sila ay magpapatuloy sa kanilang gawain, na iniiwan ang mga ito kasama ang kanilang mga masasamang katangian na hindi nasusupil, sa pagkontrol ng masasamang anghel. Yaong mga nakaabot sa bawat punto, at nakapanindigan sa bawat pagsubok, at nagtagumpay, maging anuman ang halaga nito, ay nakikinig sa payo ng Tunay na Saksi, at sila ay tatanggap ng huling ulan, at sa gayong paraan ay nababagay sa paglilipat sa langit."—Ibid, tomo 1, p. 187.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Ene 9

1. Kapag ang Salita ng Dios ay itinatakuwil, tinutuligsa, o hinahaluan, ano ang mangyayari?
2. Gaano kahalaga ang pangako sa kasal ayon sa itinuturo sa Banal na Kasulatan?
3. Ano ang mangyayari kapag hindi natin pinahahalagahan ang mga mensahe ng pang-kasalukuyang katotohanan?
4. Bakit ko dapat pag-aralan ang Testimonies for the Church na isinulat para sa iba?
5. Bakit mapanganib na panghawakan ang kahit isang nalalamang kasalanan?

SABBATH, ENERO 17, 2026 **LEKSIYON 3**

# Paghahandang may Pag-asa

**SAULUHING TALATA:** "Magsiparito kayo, at tayo'y manumbalik sa Panginoon; sapagka't siya'y lumapa, at pagagalingin niya tayo; siya'y nanakit, at kaniyang tatapalan tayo" (Oseas 6:1).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Ministry of Healing,* pp. 177–182.

"Sa mga pagtitipon, kapag itinakda ng Dios ang Kaniyang kamay upang tipunin ang Kaniyang bayan, ang mga pagsisikap upang ipalaganap ang katotohanan ay magkakaroon ng kanilang itinakdang bunga. Ang lahat ay dapat magkaisa at maging masigasig sa gawaing ito."—Early Writings, p. 74.

## 1. MALING KASIGASIGAN

Lin, Ene 11

a. Kung sa ating mga pagkilos ay naipagkakanulo natin ang Dios, ano ang nakakakilabot na magiging resulta? Oseas 5:4–7; Isaias 1:11, 15.

"Kung ang katotohanan ng Dios ay hindi nababago ang ating ugali ayon sa wangis ni Cristo, ang lahat ng ating inaangking kaalaman tungkol sa Kaniya at ang katotohanan ay nagiging gaya ng tansong tumutunog, o batingaw na umaalingawngaw. [Isaias 1:10–20 na sinipi.]

"Hayaan ang lahat ng nag-aangking sumusunod sa kautusan ng Dios, ay suriin nang mabuti ang mga bagay na ito, at tingnan kung wala bang mga dahilan kung bakit hindi nila nararanasan ang masaganang pagbubuhos ng Banal na Espiritu. Gaano karami ang nagmamataas ng kanilang mga kaluluwa sa walang kabuluhan! Inaakala nila ang kanilang sarili na kinalulugdan ng Dios, subali't pinababayaan nila ang nangangailangan, nagbibingi-bingihan sila sa mga panawagan ng naaapi, at nagsasalita ng matatalas, nakakasakit na mga salita sa mga nangangailangan ng kaaliwan. Sa gayon ay sinasaktan nila ang Dios araw-araw dahil sa katigasan ng kanilang puso. . . . Hayaang ang bawat kaanib ng iglesia ay suriin nang mabuti ang kanyang puso, at siyasatin ang kanyang mga pagkilos, upang makita kung ang mga ito ay naaayon sa espiritu at gawa ni Jesus; sapagkat kung hindi, ano ang masasabi niya kapag siya ay nakatayo na sa harapan ng Hukom ng buong kalupaan? . . .

"Si Kristo ay ipinakita ang Kanyang pagnanais sa naghihirap na sangkatauhan; at habang Siya ay napapabayaan sa katauhan ng Kanyang mga naghihirap, lahat ng ating mga pagtitipon, lahat ng ating itinalagang pagpupulong, lahat ng mga kagamitang isinasaayos upang isulong ang layunin ng Dios, ay kakaunti ang magiging kapakinabangan. 'Datapuwa't dapat sana ninyong gawin ang mga ito, at huwag pabayaang di ginagawa yaong iba.' 'Ikaw ay tinimbang sa timbangan, at ikaw ay nasumpungang kulang.' "—The Review and Herald, Agosto 4, 1891.

## 2. PAG-ASA SA GITNA NG KAGIPITAN

Lun, Ene 12

a. Anong nakakatakot na babala ang ibinigay ng Dios kina Ephraim at Juda—at anong pagkakamali ang ginawa nila sa panahon ng krisis? Oseas 5:8–14.

"Ang mga huling taon ng kahabag-habag na kaharian ng Israel ay napuno ng karahasan at pagdanak ng dugo na hindi pa nasaksihan kahit sa pinakamasamang panahon ng labanan at kaguluhan sa ilalim ng sambahayan ni Ahab. Sa loob ng dalawang siglo at higit pa ang mga pinuno ng sampung lipi ay nangagsasabog ng hangin; at ngayon sila'y nagsisiani ng ipoipo:. . . . Yaong mga dapat sana ay nakatayo sa harap ng mga bansa sa lupa bilang mga imbakan ng banal na biyaya, 'sila'y nagsisigawa ng paglililo laban sa Panginoon' at sa isa't isa. Oseas 5:7. . . .

"Ang ilan sa mga pinuno sa Israel ay lubos na naramdaman ang pagkawala ng kanilang dangal at hinangad na ito ay maibalik. Subali't sa halip na talikuran ang mga gawaing iyon na nagdudulot ng kahinaan sa kaharian, sila ay nagpatuloy sa kasamaan, na nililinlang ang kanilang sarili na kapag nagkaroon ng pagkakataon, makakamit nila ang kapangyarihang pampulitika na kanilang ninanais sa pamamagitan ng pakikipagkaisa ng kanilang sarili sa mga pagano."—Prophets and Kings, pp. 279, 280.

b. Sa oras ng krisis na ito, anong mensahe ng pag-asa at pagsusumamo ang iniutos ng Dios na ipahayag ng propeta? Oseas 5:15; 6:1, 2. Paano ito naaangkop sa atin ngayon?

"Ang mga nagkakasala ay binibigyan ng maraming pagkakataon na magsisi. Sa panahon ng kanilang pinakamatinding pag-apostasya at pinakamalaking pangangailangan, ang mensahe ng Dios sa kanila ay ang pagpapatawad at pag-asa." - Ibid., p. 283.

"Ako ay nananawagan sa ating mga kapatid na gumising. Ang mga kakayahang espirituwal ay manghihina at mamamatay kung hindi sila gagamitin sa pagliligtas ng mga kaluluwa kay Kristo. Anong dahilan ang maaaring ibigay para sa pagpapabaya ng dakila, at marangal na gawain na pinag-alayan ng buhay ni Kristo upang maisakatuparan?

"Hindi na natin dapat sayangin ang iilang mga araw na mayroon na lamang tayo dito sa lupa upang gugulin ang ating oras sa mga walang kabuluhan at walang halaga. Kinakailangan nating ipagpakumbaba ang ating mga kaluluwa sa harapan ng Dios, upang ang bawat puso ay makainom sa katotohanan, at hayaan itong gumawa sa buhay ng isang pagbabago na magkukumbinsi sa sanlibutan na ito sa katunayan ang katotohanan ng Dios. Hayaan ang buhay na maitago kay Kristo sa Dios. Tanging kapag hinahanap natin ang Panginoon gaya ng maliliit na bata, kung tayo ay titigil na sa pagpuna ng mga kapintasan ng ating mga kapatid, at ng mga taong nagsisikap na gampanan nang matapat ang mga responsibilidad ng gawain, at magsisikap na maituwid ang ating mga puso sa Dios, maaari Niya tayong gamitin sa ikaluluwalhati ng Kaniyang pangalan."—Testimonies for the Church, vol. 9, pp. 105, 106.

## 3. PAGPAPAHALAGA SA PANGAKO

a. Ano ang natatanging pangako ng Dios sa Kaniyang iglesia sa mga huling kapanahunan at bakit ito kinakailangan? Oseas 6:3.

"Sa panahon ng katapusan, kapag ang gawain ng Dios sa lupa ay nagtatapos na, ang taimtim na pagsisikap na ginagawa ng mga nakatalagang mananampalataya sa ilalim ng patnubay ng Banal na Espiritu ay sasamahan ng mga natatanging tanda ng banal na biyaya. Sa ilalim ng anyo ng maaga at huling ulan, na bumuhos sa mga lupain sa Silanganan sa panahon ng paghahasik at pag-aani, ang mga propetang Hebreo ay inihula ang pagkakaloob ng espirituwal na biyaya sa hindi pangkaraniwang sukat sa iglesia ng Dios. Ang pagbubuhos ng Espiritu noong panahon ng mga apostol ay ang simula ng maaga, o unang, ulan, at maluwalhati ang resulta. Hanggang sa pagtatapos ng panahon ang presensya ng Espiritu ay mananatili sa tunay na iglesia.

"Subali't malapit sa pagtatapos ng pag-aani sa lupa, isang natatanging pagkakaloob ng espirituwal na biyaya ang ipinangako upang ihanda ang iglesia para sa pagdating ng Anak ng tao. Ang pagbubuhos na ito ng Espiritu ay inihahalintulad sa pagbuhos ng huling ulan; at ito ay para sa karagdagan nitong kapangyarihan na ang mga Kristiyano ay inaanyayahang manalangin ng kanilang mga kahilingan sa Panginoon ng pag-aani 'sa panahon ng huling ulan."—The Acts of the Apostles, pp. 54, 55.

b. Ano ang humahadlang sa atin sa pagtanggap ng biyayang ito sa kapuspusan? Oseas 6:4–6.

"Marami ang hindi nauunawaan kung ano ang dapat nilang maging katangian upang mabuhay sa paningin ng Panginoon na walang punong saserdote sa santuwario sa panahon ng kabagabagan. Yaong mga tatanggap ng tatak ng buhay na Dios at pinangangalagaan sa panahon ng kabagabagan ay dapat ganap na ipakita ang wangis ni Jesus.

"Nakita ko na marami ang nagpapabaya sa paghahandang lubhang kinakailangan at umaasa sa panahon ng 'kaginhawahan' at 'huling ulan' upang sila ay maangkop na makapanindigan sa araw ng Panginoon at mabuhay sa Kanyang paningin. O, gaano karami ang aking nakita na sa panahon ng kabagabagan ay walang kanlungan! Pinabayaan nila ang kinakailangang paghahanda; kaya't hindi nila matatanggap ang kaginhawaan na dapat taglayin ng lahat upang sila ay angkop na mabuhay sa paningin ng isang banal na Diyos. Yaong mga tumatangging tabasin ng mga propeta at nabigong dalisayin ang kanilang mga kaluluwa sa pagsunod sa buong katotohanan, at naniniwalang ang kanilang kalagayan ay higit na mabuti kaysa sa tunay na kalagayan, ay darating sa panahon ng pagbuhos ng mga salot, at saka lamang nila makikita na sila ay kinakailangang tabasin at gawing parisukat para sa gusali. Subali't wala nang panahon para gawin ito at wala ng Tagapamagitan na magsusumamo para sa kanilang kapakanan sa harap ng Ama. . . . [Sipi ng Apocalipsis 22:11. Nakita ko na walang sinuman ang makakabahagi sa 'kagihawahan' malibang makamit nila ang tagumpay laban sa bawat pagsubok, sa kapalaluan, pagkamakasarili, pag-ibig sa sanlibutan, at sa bawat maling pananalita at pagkilos."—Early Writings, p. 71.

## 4. NADUNGISANG PAGSAMBA



a. Paano ang kawalan ng katatagan ng nag-aangking bayan ng Dios inilalarawan? Oseas 7:2, 7–11, 15.

---

b. Anong mga kalagayan noong panahon ni Oseas ang kahalintulad ng espirituwal na mga panganib na nararanasan ng iglesia sa kasalukuyan? Oseas 8:1–3; Jeremias 23:1.

---

"Mayroong mga nagpapanggap na maka-dios na mga tao na pinagtatakpan ang nagkasala sa pamamagitan ng kanilang sariling paglabag. Hindi nila sinusunod ang mga kautusan ng Dios, pinipili ang mga tradisyon ng mga tao, ginagawang walang bisa ang kautusan ng Dios, at isinusulong ang pagtalikod. Ang mga pagdadahilan na kanilang ginagawa ay mahina at magdudulot ng kapahamakan sa kanilang sariling mga kaluluwa at sa kaluluwa ng iba. . . .
"Sa mga humahawak ng gawain na maging mga pastor ng kawan, ay darating ang pinakamabigat na hatol, sapagkat sila ay nagpapahayag sa mga tao ng mga katha sa halip na katotohanan. Ang mga anak ay maghihimagsik at isusumpa ang kanilang mga magulang. Ang mga kaanib ng iglesia, na nakakita ng liwanag at nahikayat, subali't ipinagkatiwala ang kaligtasan ng kanilang mga kaluluwa sa mga ministro, ay malalaman sa kaarawan ng Dios na walang ibang kaluluwa ang maaaring magbayad ng pantubos para sa kanilang paglabag. Isang nakakakilabot na sigaw ang maririnig, 'Ako ay napahamak, walang hanggan mapapahamak.' Ang mga tao ay madarama na tila maaari nilang pagpira-pirasuhin ang mga ministro na nangaral ng mga kasinungalingan at nagtuligsa sa katotohanan. Ang dalisay na katotohanan para sa panahong ito ay humihingi ng pagbabago sa buhay, subali't inihiwalay nila ang kanilang sarili mula sa pag-ibig sa katotohanan, at sa kanila ay masasabing, 'Siyang iyong kapahamakan Oh Israel.' Ang Panginoon ay nagpapadala ng mensahe sa mga tao, 'Ilagay mo ang pakakak sa iyong bibig. Gaya ng isang aguila dumarating Siya laban sa bahay ng Panginoon, sapagka't kanilang sinuway ang aking tipan, at nagsisalangsang laban sa aking kautusan.' "—The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], tomo 4, p. 1157.

c. Paano ang pagsamba sa dios-diosan at huwad na pagsamba pinahina ang Israel—at ano ang naging resulta? Oseas 8:5, 6.

---

"Ang sampung lipi ng Israel ay aanihin na ngayon ang bunga ng kanilang pagtalikod na nagmula sa pagtatayo ng ibang mga dambana sa Bethel at sa Dan."—Prophets and Kings, p. 285.

## 5. ANG MAPANGANIB NA MGA PANAHON

Huw, Ene 15

### a. Anong aral ang itinuturo ng prinsipyo ng paghahasik at pag-aani? Oseas 8:7; Galacia 6:7, 8.

"Ang sanlibutang walang pananampalataya . . . . ay hinahamak at niyuyurakan ang mga katotohanan ng salita ng Dios. Sila ay nagpapakabuyo sa labis na paggasta sa pananamit, at ginugugol ang kanilang mga buhay sa labis na katuwaan at kasiyahan. Sila'y nangagsasabog ng hangin, at sila'y magsisiani ng ipoipo. Sa panahon ng pagkabalisa at kaguluhan ng mga bansa ay marami ang hindi lubusang ibibigay ang kanilang sarili sa masasamang impluwensya ng sanlibutan at sa paglilingkod kay Satanas, na magpapakumbaba ng kanilang mga sarili sa harapan ng Dios at magbabalik-loob sa Kanya nang buong puso at makakasumpong ng pagtanggap at kapatawaran.

"Yaong kabilang sa mga nag-iingat ng Sabbath na ayaw magsakripisyo, subali't naaapektuhan ng impluwensya ng sanlibutan ay susubukin at patutunayan. Ang mga panganib sa mga huling araw ay nasa atin nang harapan, at isang pagsubok ang darating sa mga kabataan na hindi nila inaasahan. Sila ay dadalhin sa pinaka-matinding kaguluhan. Ang pagiging totoo ng kanilang pananampalataya ay mapapatunayan. Ipinapahayag nila na hinihintay nila ang pagdating ng Anak ng tao, subali't ang ilan sa kanila ay nagiging masamang halimbawa sa mga hindi mananampalataya. . . .

"Ang araw ng matinding dalamhati ang nasa atin nang harapan. Ipinakita sa akin na ang mga tuwirang patotoo ay dapat ng ipahayag, at yaong mga tutulong sa gawain ng Panginoon ay tatanggap ng Kaniyang pagpapala."—Testimonies for the Church, vol. 1, pp. 268–270.

### b. Bakit panahon na para bigyang-pansin natin ang kalooban ng Dios? Oseas 8:12.

"Ang mga babala ba mula sa Dios ay pababayaan nang hindi pinapansin? Ang mga pagkakataon ba para sa paglilingkod ay hindi na pagbubutihin ? Ang pangungutya ba ng sanlibutan, ang kapalaluan ng kaisipan, ang pagsunod sa mga kaugalian at mga tradisyon ng tao, ang pipigil sa mga nag-aangking mga tagasunod ni Kristo mula sa paglilingkod sa Kaniya? Tatanggihan ba nila ang salita ng Dios gaya ng pagtanggi ng mga pinunong Judio kay Kristo? Ang resulta ng kasalanan ng Israel ay nasa harapan na natin. Ang iglesia ba ng Dios ngayon ay tatanggapin ang babala?"—Christ's Object Lessons, p. 306.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Ene 16

1. Bakit mahalagang mamuhay ayon sa lahat ng liwanag na ating tinanggap sa mga huling araw na ito?
2. Gaya noong sinaunang panahon, ano ang maaaring nakakagambala sa ating misyon?
3. Anong mahalagang pangako sa katapusan ng panahon ang makakapagpabago sa aking buhay—at bakit?
4. Kailan at bakit dumarating ang Dios na gaya ng isang agila laban sa bahay ng Panginoon?
5. Sa anong mga bahagi ng aking buhay kinakailangan ng putulin ang ilang nananatiling pagkaka-ugnay sa sanlibutan?

# Pinahahalagahan ang Awa ng Dios

**SAULUHING TALATA:** "Oh Israel, winasak mo ang iyong sarili, subali't sa Akin matatagpuan ang iyong tulong" (Oseas 13:9).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 4, pp. 186–213.

"Ang bawat sinag ng liwanag na tinatanggihan, bawat babala na binabalewala o hindi pinakikinggan, bawat pagpapakabuyo sa masasamang pita, bawat pagsuway sa kautusan ng Dios, ay binhing itinatanim na ang bunga ay tiyak na aanihin."—The Great Controversy, p. 36.

## 1. ANG MGA KAARAWAN NG PAGDALAW Lin, Ene 18

a. Anong babala ang patuloy na inuulit hanggang sa pagsasara ng pintuan ng awa? Oseas 9:7.

"Ang puso ni A ay hindi nakatalaga sa Dios. Siya ay may mga kakayahan at kaloob na kung saan siya ay dapat magbigay-sulit sa dakilang Tagapagkaloob ng lahat. Ang kanyang puso ay hindi napasakdal at ang kanyang buhay ay hindi nararapat sa kanyang ipinapahayag na pananampalataya; subali't siya ay nauugnay nang napakalapit sa sagradong gawain ng Dios sa loob ng higit sa dalawampung taon. Anong liwanag ang tinanggap niya, anong mga pribilehiyo! Siya ay nagkaroon ng mga pambihirang mga pagkakataon upang bumuo ng napakahalagang Kristiyanong katangian. Ang mga salita ni Kristo nang Siya ay tumangis sa Jerusalem ay naangkop sa kanya: 'Kung sa araw na ito ay nakilala mo sana, sa iyong sarili, ang mga bagay na nauukol sa iyong kapayapaan! datapuwa't ngayo'y pawang nangatatago sa iyong mga mata.' A, ang pagpaparusa ng Dios ay nagbabanta sa iyo, 'sapagka't hindi mo nakilala ang panahon ng sa iyo'y pagdalaw.'

"Si B, ay may parehong kaisipan, subali't hindi lubos na makasarili. Parehong maibigin sa kasiyahan ang dalawa kaysa maibigin sa Dios. Ang kanilang pamumuhay ay lubos na hindi naaayon sa buhay Kristiyano. Sila ay kulang sa katatagan, kahinahunan, at pagtatalaga sa Dios. Kay B ang kanyang karanasan sa biyaya ay lubos na mababaw. Ninanais niyang maging isang Kristiyano, subali't hindi nagsusumikap na panatilihin ang pagtatagumpay sa sarili at kumilos ayon sa kanyang paniniwala sa tama at mali. Mga gawa, hindi mga walang kabuluhang salita at walang halagang mga layunin, ang katanggap-tanggap sa Dios.

"Kay A, iyong narinig ang salita ng Dios sa mga pagsaway, sa mga payo, sa mga babala, gayundin sa mga pagsusumamo ng may pag-ibig. Subali't ang pakikinig ay hindi sapat. 'Datapuwa't maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang, na inyong dinadaya ang inyong sarili.' Madaling sumabay sa agos, at sumigaw ng Hosannah kasama ng karamihan; subali't sa kalmadong pang-araw-araw na pamumuhay, kapag walang natatnging kasiglahan o kagalakan, doon nasusubok ang tunay na pagiging Kristiano."—Testimonies for the Church, vol. 4, pp. 187, 188.

a. Paano ang kaaway madalas na inaakay ang mga mananampalataya sa kapahamakan? Oseas 9:8, 9, 17.

"[Si Satanas] ay ginagamit ang mga lalaki at babae na makasarili at hindi napabanal, at ginagawa silang mga bantay upang tutukan ang mga matatapat na mga lingkod ng Dios, upang punahin ang kanilang mga pananalita, kanilang mga pagkilos, at kanilang mga motibo, at upang humanap ng pagkakamali at magbulung-bulong sa kanilang mga pagsaway at mga babala. Sa pamamagitan nila ay lumilikha siya ng hinala at paninibugho, at sinisikap na pahinain ang lakas ng loob ng mga matapat, upang paluguran ang mga hindi napabanal, at sirain ang mga pagsisikap ng mga lingkod ng Dios.

"Si Satanas ay may lubos na kapangyarihan sa kaisipan ng mga magulang sa pamamagitan ng kanilang mga anak na walang disiplina. Ang kasalanan ng pagpapabaya ng mga magulang ay nakatala laban sa maraming mga magulang na nag-iingat ng Sabbath. Ang espiritu ng tsismis at pagkakalat ng kuwento ay isa sa mga espesyal na kasangkapan ni Satanas upang maghasik ng hindi pagkakaunawaan at alitan, upang paghiwalayin ang mga magkakaibigan, at pahinain ang pananampalataya ng marami sa pagiging totoo ng ating paninindigan. Ang mga kapatid na lalaki at babae ay handang-handang magsalita tungkol sa mga pagkakasala at pagkakamali na inaakala nilang mayroon sa iba, at lalo na sa mga taong hindi natitinag sa pagdala ng mga mensahe ng pagsaway at babala na ibinigay sa kanila ng Dios.

"Ang mga anak nitong mga nagrereklamo ay nakikinig nang mabuti at tinatanggap ang lason ng kawalan ng kasiyahan. Ang mga magulang sa gayong paraan sa kanilang pagkabulag ay isinasara ang mga daan kung saan sana ang mga puso ng mga anak ay maaaring maabot. Ilang mga pamilya ang sinasangkapan ang kanilang pang-araw-araw na pagkain nang may pag-aalinlangan at pag-tatanong. Kinakatay nila ang mga katangian ng kanilang mga kaibigan, at inihahain bilang isang masarap na panghimagas."—Testimonies for the Church, vol. 4, pp. 194, 195.

b. Ano ang pangunahing dahilan ng espirituwal na kabiguan ng Israel? Oseas 10:1; Deuteronomio 8:11–14.

"Ang bayan ng Israel ay nakalimot sa kanilang matataas na pribilehiyo bilang mga kinatawan ng Dios. Nakalimutan nila ang Dios at nabigo silang tuparin ang kanilang banal na misyon. Ang mga pagpapala na kanilang natanggap ay hindi naging pagpapala sa sanlibutan. Ang lahat ng kanilang mga pakinabang ay ginamit nila para sa kanilang sariling kapurihan. ipinagkait nila ang kanilang mga sarili sa sanlibutan upang makatakas sa tukso. Ang mga paghihigpit na inilagay ng Dios sa kanilang pakikisama sa mga sumasamba sa dios-diosan bilang isang paraan ng pagpigil sa kanila na maki-ayon sa mga gawain ng mga pagano, ay ginamit nila upang magtayo ng pader ng paghihiwalay sa pagitan nila at ng lahat ng iba pang mga bansa. Ninakawan nila ang Dios ng paglilingkod na hinihiling Niya sa kanila, at ninakawan nila ang kanilang kapwa tao ng pang-espirituwal na patnubay at ng banal na halimbawa. "Ang mga saserdote at mga pinuno ay naging kampante na sa mga pauli-ulit na seremonya. Sila ay nasiyahan na sa isang legal na relihiyon, kaya't imposible para sa kanila na ibahagi sa iba ang buhay na katotohanang mula sa langit"—The Acts of the Apostles, pp. 14, 15.

a. **Ano ang panawagan ng Dios sa Kanyang bayan na naging manhid sa pang-espirituwal na mga bagay? Oseas 10:12; Santiago 4:8.**

"Ang ating iglesia ay dapat na magtulungan sa gawain ng espirituwal na pagbubungkal, na may pag-asang may aanihin sa takdang panahon. Maraming balakid ang haharapin, maraming pagsalungat sa mga banal na plano at matapat na pagsisikap, ang napipigilan dahil sa masasamang puso ng kawalan ng pananampalataya. Ngunit ang gawain ay dapat magawa. Ang lupa ay matigas, subali't ang tigang na lupa ay dapat bungkalin, at ang mga binhi ng katuwiran ay dapat maitanim. Huwag tumigil, mga gurong iniibig ng Dios, na tila nag-aalinlangan kung ipagpapatuloy ang isang gawaing lalago habang isinasagawa. Huwag magpabaya, ni panghinaan ng loob. Sila na nagsisipaghasik na may luha ay magsisiani na may kagalakan.. . . . Tandaan na hindi kayo maaaring magtiwala sa inyong sarili."—Testimonies for the Church, vol. 6, p. 420.

b. **Paano inihahayag ng Dios ang Kaniyang magiliw na pag-ibig para sa Kanyang bayan, na iniaabot ang Kanyang kamay sa atin kahit na sa ating pagiging-masuwayin? Oseas 11:1–4.**

"Bagama't ngayon Siya ay umakyat na sa presensya ng Dios, at nakikibahagi sa luklukan ng sansinukob, hindi nawala kay Jesus ang Kaniyang likas na pagkamahabagin. Sa kaslukuyan ang parehong mahinahong pusong, may malasakit ay bukas sa lahat ng mga paghihirap ng sangkatauhan. Ngayon ang kamay na napako ay iniaabot upang pagpalain ng higit na sagana ang Kanyang bayan na nasa sanglibutan. 'At kailan ma'y hindi sila malilipol, at hindi sila aagawin ng sinoman sa aking kamay.' Ang kaluluwa na ibinigay ang kanyang sarili kay Cristo ay mas mahalaga sa Kanyang paningin kaysa sa buong sanlibutan. Ang Tagapagligtas ay dadaan muli sa matinding paghihirap ng Kalbaryo upang ang isa ay mailigtas tungo sa Kanyang kaharian. Hindi Niya kailanman pababayaan ang isa kung kanino Siya nag-alay ng Kaniyang buhay. Maliban na lamang kung ang Kanyang mga tagasunod ay pipiliing iwan Siya, hahawakan Niya sila nang mahigpit.

"Sa lahat ng ating mga pagsubok ay mayroon tayong isang Katulong na hindi nagkukulang. Hindi Niya tayo pinababayaang mag-isa sa pakikibaka sa tukso, sa pakikipaglaban sa kasamaan, at sa huli ay madurog ng mga pasanin at kalungkutan. Bagama't ngayon Siya ay nakatago sa paningin ng tao, ang tainga ng pananampalataya ay nakakarinig ng Kanyang tinig na nagsasabi, Huwag kayong mangatakot; Ako'y sumasainyo. . . . Tiniis ko ang inyong mga kalungkutan, naranasan ko ang inyong mga pakikibaka, hinarap ko ang inyong mga tukso. Nalalaman ko ang inyong mga pagtangis; Ako man ay tumangis. Ang mga kalungkutang napakalalim na hindi maibulalas sa pandinig ng tao, ay nalalaman ko. Huwag mong isipin na ikaw ay iniwan at pinababayaan. Bagama't ang sakit na iyong nararamdaman ay walang pusong tumutugon, tumingin ka sa Akin, at kayo'y mabubuhay."—The Desire of Ages, pp. 480–483.

## 4. KAUNTING PANAHON PA . . .



a. Ano ang naglalarawan ng lalim ng awa ng Dios? Oseas 11:7–9; Lucas 13:6–9.

“Tatalikuran ba [ng Dios] ang mga taong ginawan Niya ng gayong probisyon, maging ang Kanyang bugtong na Anak, ang tunay na larawan ng Kanyang sarili? Ang Dios ay pinahintulutang ang Kanyang Anak ay ialay para sa ating mga kasalanan. Siya Mismo ay ginampanan sa Tagapagdala ng Kasalanan ang katangian ng isang hukom, na inalisan ang Kanyang sarili ng mga magiliw na katangian ng isang ama. “Dito ang Kanyang pag-ibig ay ipinakita mismo sa pinakaka-nakakamanghang paraan sa mapanghimagsik na lahi. Anong kahanga-hangang tanawin para pagmasdan ng mga anghel!”—Testimonies to Ministers, p. 246.

b. Bakit ang Diyos gumagamit ng mga propeta—at paano sila nagiging napakahalaga sa espirituwal na pagpapanumbalik? Oseas 12:10, 13; Amos 3:7.

“[Ang] malinaw na pahayag ng mga propeta at ng Panginoon Mismo, ay dapat nating tanggapin bilang tinig ng Dios sa bawat kaluluwa.”—Prophets and Kings, p. 327.

c. Maging sa nakakakilabot na katapusan ng Israel, ano ang nagpapakitang ang Dios ay makatarungan? Oseas 13:4–9; 14:1.

“[Ang] mga paghihirap ay madalas na itinururing bilang isang parusang ipinapataw sa kanila sa pamamagitan ng direktang utos ng Dios. Sa gayo’y ang dakilang manlilinlang ay nagsisikap na itago ang kanyang sariling gawa. Dahil sa determinadong pagtanggi sa banal na pag-ibig at awa, ay naalis ang proteksyon ng Dios mula sa mga Judio, at si Satanas ay pinahintulutang pamahalaan sila ayon sa kanyang kalooban. Ang nakakakilabot na kalupitan na naganap sa pagkawasak ng Jerusalem ay isang patunay ng mapaghiganting kapangyarihan ni Satanas sa mga nagpapasakop sa kanyang pagkontrol.

“Hindi natin malalaman kung gaano kalaki ang ating pagkakautang kay Kristo para sa kapayapaan at proteksiyon na ating tinatamasa. Ang pumipigil na kapangyarihan ng Dios ang humahadlang sa sangkatauhan upang tuluyang mapasailalim sa kontrol ni Satanas. Ang mga masuwayin at hindi mapagpasalamat ay may malaking dahilan para magpasalamat sa awa at pagpapahinuhod ng Dios sa pagpigil sa malupit, lubhang mapaminsalang kapangyarihan ng isang napakasama. Subali’t kapag ang mga tao ay lumampas na sa mga limitasyon ng banal na pagtitiis, ang pagpipigil na iyon ay aalisin. Ang Dios ay hindi tumatayo sa makasalanan bilang tagapagpatupad ng parusa laban sa paglabag; subali’t iniiwan Niya sa kanilang sarili ang mga tumatanggi sa Kanyang awa, upang anihin ang kanilang inihasik.”—The Great Controversy, pp. 35, 36.

## 5. NALALANTA—O LUMALAGO? Huw, Ene 22

a. Paano inilarawan ni Jesus ang kahahantungan ng Kanyang bayan bilang isang bansa? Mateo 21:19, 20.

"Si Jesus ay pumunta sa puno ng igos na nagugutom, upang humanap ng pagkain. Gayundin Siya ay pumunta sa Israel, na nagugutom na naghahanap sa kanila ng mga bunga ng katuwiran. Kanyang ibinigay nang sagana sa kanila ang Kanyang mga kaloob, upang sila ay magbunga para maging pagpapala ng sanlibutan. Ang bawat pagkakataon at pribilehiyo ay ipinagkaloob sa kanila, at bilang kapalit ay hinangad Niya ang kanilang pagdamay at pakikipagtulungan. Siya ay nagnanais na makita sa kanila ang pagsasakripisyo sa sarili at pagkahabag, sigasig para sa Dios, at matinding pagnanais ng kaluluwa para sa kaligtasan ng kanilang kapwa tao. Kung tinupad nila ang kautusan ng Dios, sila sana ay makakagawa ng parehong hindi makasariling gawain na isinagawa ni Kristo. Subali't ang pag-ibig sa Dios at sa tao ay natabunan ng pagmamataas at pagiging sapat sa sarili. Nagdulot sila ng kapahamakan sa kanilang sarili sa pamamagitan ng pagtanggi na maglingkod sa iba. Ang mga kayamanan ng katotohanan na ipinagkatiwala ng Dios sa kanila, ay hindi nila ibinigay sa sanlibutan. Sa punong kahoy na walang bunga ay maaaring mabasa nila kapwa ang kanilang kasalanan at ang kaukulang parusa nito. Natuyot sa ilalim ng sumpa ng Tagapagligtas, nakatayong tuyot at wasak, natuyo hanggang sa mga ugat, ang puno ng igos ay naging larawan kung ano ang magiging kalagayan ng bayan ng Judio kapag ang biyaya ng Dios ay inalis na sa kanila. Sa pagtangging magbahagi ng pagpapala, hindi na rin sila tatanggap nito."—The Desire of Ages, p. 583.

b. Paano ang aklat ng Oseas nagtapos sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa pag-asa ng Dios, kagalingan, at panawagan tungo sa karunungan? Oseas 14:4, 5, 8, 9 .

"Ang halaman ay lumalago sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga bagay na ipinagkaloob ng Dios upang mapanatili ang buhay nito. Gayon din ang espirituwal na paglago ay natatamo sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga banal na ahensya. Kung paanong ang halaman ay nag-uugat sa lupa, gayon din tayo dapat mag-uugat kay Cristo. Kung paanong ang halaman ay tumatanggap ng sikat ng araw, ng hamog, at ng ulan, gayundin tayo dapat tumanggap ng Banal na Espiritu. Kung ang ating mga puso ay nananatili kay Kristo, 'Siya'y paririto sa atin na parang ulan, na parang huli at unang ulan na dumidilig ng lupa' Bilang Araw ng Katuwiran, Siya ay sisikat sa atin 'na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak.' Tayo ay ' bubukang parang lila.' Tayo ay 'mangabubuhay uling gaya ng trigo, at mangamumulaklak na gaya ng puno ng ubas.' Oseas 6:3; Malakias 4:2; Oseas 14:5, 7."—Education, p. 106.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL Biy, Ene 23

1. Ano ang hinihiling ng Dios sa atin sa araw ng Kanyang pagdalaw?
2. Bakit ang Dios ay hindi nasisiyahan sa panlabas na anyo lamang ng pananampal-ataya ng Israel?
3. Ano ang naidudulot sa atin ng pagbubungkal ng matigas lupa ng puso?
4. Ano ang dapat kong pagtuunan ng pansin sa mga natitirang sandali ng panahon ng awa?
5. Paano ako makatitiyak na pagpapalain at hindi itatakwil ng Dios?

# Si Joel: Isang Itinalagang Tagapagdala ng Mensahe

**SAULUHING TALATA:** "Hipan ninyo ang pakakak sa Sion: magsipangilin kayo ng isang ayuno, magsitawag kayo ng isang takdang kapulungan" (Joel 2:15).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 9, pp. 11–18.

"Ang haligi ng ulap na nagpapahayag ng poot at takot sa mga lumalabag sa kautusan ng Dios ay liwanag at awa at pagliligtas sa mga tumutupad sa Kaniyang mga utos."—Testimonies for the Church, vol. 6, p. 404.

## 1. APPLIED TO THE FUTURE

Lin, Ene 25

a. Anong matinding sakuna ang inilalarawan ng propetang si Joel—paano ito nauugnay sa isang kaganapan sa hinaharap? Joel 1:10–12, 17–20; Pahayag 16:8, 9 .

"Sa [ikaapat na] salot . . . , ang kapangyarihan ay ibinigay sa araw 'na masunog ng apoy ang mga tao. At nangasunog ang mga tao sa matinding init.' Mga talata 8, 9. Ang mga propeta sa gayon inilalarawan ang kalagayan ng lupa sa nakakatakot na panahong ito: "Ang lupain ay nahahapis; . . . sapagkat ang ani sa bukid ay sira. . . . Ang lahat ng punungkahoy sa parang ay natuyo: sapagkat ang kagalakan ay nawala sa mga anak ng mga tao.' 'Ang mga binhi ay nangabubulok sa kanilang bugal; ang mga kamalig ay nangakahandusay na sira. . . . Ganyan na lamang ang ungal ng mga hayop! ang mga kawan ng mga hayop ay natitigilan, sapagka't wala silang pastulan. . . . Ang mga batis ng tubig ay nangatuyo, at sinupok ng apoy ang mga pastulan sa ilang.' 'At ang mga awit sa templo ay magiging mga pananambitan sa araw na yaon, sabi ng Panginoong Dios: ang mga bangkay ay magiging marami; sa bawa't dako ay tahimik silang itatapon.' Joel 1:10–12, 17–20; Amos 8:3.

"Ang mga salot na ito ay hindi pangkalahatan, o ang mga nananahan sa lupa ay lubos na mapupuksa. Gayunma'y sila ang magiging pinaka-nakakakilabot na mga salot na mararanasan ng sangkatauhan. Ang lahat ng mga paghatol sa mga tao, bago ang pagsasara ng pintuan ng awa, ay may halong awa. Ang nagsusumamong dugo ni Kristo ay nagsasanggalang sa makasalanan mula sa pagtanggap ng buong sukat ng kabayaran ng kanyang pagkakasala; subali't sa huling paghatol, ang galit ay ibubuhos na walang halong awa. Sa araw na iyon, maraming tao ang magnanais ng kanlungan ng awa ng Dios na matagal na nilang binabalewala noon."—The Great Controversy, pp. 628, 629.

## 2. PINAGTUTUONAN NGAYON



**a. Ano ang kinakailangan nating dapat taimtim na binibigyang pansin? Joel 1:15, 16 .**

"Ang kasalukuyang panahon ay lubhang mahalaga sa lahat ng nabubuhay. Mga pinuno at pambansang pinuno, mga taong may mga ipinagkatiwalang tungkulin at kapamahalaan, mga matatalinong lalaki at babae sa lahat ng antas. . . . ay nakikilala na may isang bagay na dakila at tiyak na magaganap—na ang sanglibutan ay nasa bingit ng isang nakakakilabot na krisis.

"Ang mga anghel ay pinipigilan pa ngayon ang mga hangin ng kaguluhan, upang hindi sila umihip hanggang sa ang sanglibutan ay mababalaan tungkol sa darating na kapahamakan nito; subalit isang unos ang namumuo, na handa nang sumambulat sa kalupaan; at kapag inutusan ng Dios sa Kanyang mga anghel na bitiwan ang mga hangin, magkakaroon ng gayong mga kaganapan ng kaguluhan na hindi mailalarawan ng kahit aling panulat.

"Ang Bibliya, at ang Bibliya lamang, ang makapagbibigay ng tamang pananaw sa mga bagay na ito. Dito inihahayag ang mga dakilang huling kaganapan sa kasaysayan ng ating sanlibutan, mga pangyayaring unti-unti nang nagpapakita ng kanilang mga anino noon, ang tunog ng kanilang paglapit na nagiging sanhi ng panginginig ng lupa at ang mga puso ng tao ay nanghihina dahil sa takot."—Education, pp. 179, 180.

**b. Sa liwanag ng nalalapit na panganib, anong maagap na pagkilos ang iniuutos sa atin bilang mga mananampalataya na gawin nang may sigasig? Joel 1:14; 2:1, 2.**

"Sa pagtanaw sa dakilang araw na iyon, ang salita ng Dios, sa pinaka-solemne at nakakahimok na wika, ay mananawagan sa Kaniyang bayan na gumising mula sa kanilang espirituwal na pananamlay at hanapin ang Kanyang mukha nang may pagsisisi at pagpapakababa."—The Great Controversy, p. 311.

**c. Paano ang hula ni Joel ipinahiwatig ang araw ng ikalawang pagparito ni Cristo? Joel 2:3–6.**

"Di-nagtagal ang aming mga mata ay napatingin sa silanganan, sapagkat may lumitaw na isang maliit na itim na ulap, halos kalahati ng laki ng kamay ng isang tao, na alam naming lahat na tanda ng Anak ng tao. . . . Isang bahaghari ang nasa ibabaw ng ulap, habang sa palibot nito ay sampung libong mga anghel, na umaawit ng isang napakagandang awit; at doon nakaupo ang Anak ng tao. Ang Kanyang buhok ay puti at kulot at nakalugay sa Kanyang mga balikat; at sa Kanyang ulo ay maraming diadema. Ang kaniyang mga paa ay tila may apoy; sa Kanyang kanang kamay ay isang matalas na karit; sa Kaniyang kaliwa, ay isang pilak na trumpeta. Ang Kanyang mga mata ay parang ningas ng apoy, na masusing nagsisiyasat sa Kanyang mga anak nang lubusan. Pagkatapos ang lahat ng mukha ay namumutla, at ang mga itinakuwil ng Dios ay nabalot ng kadiliman."—Early Writings, pp. 15, 16.

## 3. PANAWAGAN NG PAGSISISI



a. Anong katiyakan ang ibinibigay ng Dios sa mga nagsisisi nang buong puso? Joel 2:12, 13; Awit 34:18.

"Ang pag-aayuno na itinatagubilin ng salita ng Dios ay isang bagay na higit pa sa isang panlabas na anyo. Ito ay hindi binubuo lamang ng pagtanggi sa pagkain, sa pagsusuot ng sako, sa pagwiwisik ng abo sa ulo. Siya na nag-aayuno dahil sa tunay na pagkalungkot sa kasalanan ay hindi kailanman magpapakita upang mapansin.
"Ang layunin ng pag-aayuno na hinihingi ng Dios sa atin na panatilihin ay hindi upang pahirapan ang katawan dahil sa kasalanan ng kaluluwa, kundi upang tulungan tayo na maunawaan ang mabigat na katangian ng kasalanan, sa pagpapakumbaba ng puso sa harapan ng Dios at pagtanggap ng Kanyang nagpapatawad na biyaya. Ang Kanyang utos sa Israel ay, ' Papagdalamhatiin ninyo ang inyong puso, at hindi ang mga damit ang inyong hapakin, at kayo'y magsipanumbalik sa Panginoon ninyong Dios.' 2:13 Joel.
"Walang pakinabang para sa atin ang pagpepenitensya o linlangin ang ating sarili na sa pamamagitan ng ating sariling mga gawa ay makakamit natin o maaari tayong makabili ng mana ng mga banal. . . . Ang pagsisisi ay pagtalikod sa sarili tungo kay Kristo, at kapag tinanggap natin si Kristo upang sa pamamagitan ng pananampalataya ay mananahan Siya sa atin, ang mabubuting gawa ay mahahayag."—Thoughts From the Mount of Blessing, p. 87.

b. Ano ang dapat kasama sa pagpapahayag ng kasalanan na lubhang kinakailangan natin? Mateo 6:6; 1 Juan 1:9.

"Ipahayag ang inyong mga lihim na kasalanan na mag-isa sa harap ng inyong Dios. Sabihin ang paglayo ng puso sa Kaniya na lubos na nakakaalam ng iyong kalagayan. Kung ikaw ay nagkasala sa iyong kapwa, aminin mo sa kanya ang iyong kasalanan at ipakita ang bunga nito sa pamamagitan ng pagsasauli. Pagkatapos ay angkinin ang pagpapala. Lumapit sa Dios kung sino ka man, at hayaang pagalingin Niya ang lahat ng iyong mga sakit. Ipahayag ang inyong kalagayan sa luklukan ng biyaya; hayaang maging masinsinan sa ginagawa. Maging matapat sa pakikitungo sa Dios at sa inyong sariling kaluluwa. Kung lalapit ka sa Kanya na may pusong tunay na nagsisisi, ibibigay Niya sa inyo ang tagumpay. Pagkatapos ay maaari kayong magbigay ng matamis na patotoo ng kalayaan, na nagpapakita ng mga papuri sa Kanya na tumawag sa inyo mula sa kadiliman tungo sa Kanyang kamangha-manghang liwanag. Hindi Siya magkakamali sa pag-unawa o huhusgahan kayo ng mali. Ang inyong kapwa tao ay hindi makakapagpalaya sa inyo mula sa kasalanan o linisin kayo mula sa kasamaan. Si Hesus lamang ang makapagbibigay sa inyo ng kapayapaan. Iniibig ka niya at ibinigay ang Kanyang sarili para sa iyo. Ang Kanyang dakilang puso na may pag-ibig ay 'nahahabag sa ating mga kahinaan.' Anong mga kasalanan ang napakalaki para sa Kaniya upang patawarin? May kaluluwa bang nasa kadiliman at lugmok sa kasalanan ang hindi Niya kayang iligtas? Siya ay mapagbiyaya, hindi naghahanap ng kagalingan sa atin, kundi sa Kaniyang sariling walang hangganang kabutihan ay pinagagaling ang ating mga pagtalikod at iniibig tayo nang malaya, kahit na tayo ay makasalanan pa."—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 649.

## 4. UMAAKYAT SA MAS MATAAS NA ANTAS

Miy, Ene 28

a. Ilarawan ang kinakailangang hakbang na dapat gawin agad ng iglesia ng Dios. Joel 2:15–17.

“Si Kristo ay sumasama sa bawat ministro na, bagama’t hindi pa niya natatamo ang kasakdalan ng pag-uugali, ay nagsisikap nang lubos na maging katulad ni Kristo. Ang gayong ministro ay mananalangin. Siya ay tatangis sa pagitan ng portiko at ng dambana, tatangis ng may pagdalamhati ng kaluluwa para sa presensya ng Panginoon na makasama niya; kung hindi, hindi siya makakatayo sa harapan ng mga tao, kasama ang buong kalangitan na nakatingin sa kanya, at ang panulat ng anghel ay itinatala ang kanyang mga salita, kanyang mga kilos, at kanyang espiritu.”—Testimonies to Ministers, p. 143.

“Kung maaalis lamang ang tabing, kung mauunawaan lamang ang mga layunin ng Dios at ang mga paghatol na malapit nang ibuhos sa isang mapapahamak na sanlibutan, kung makikita nyo lamang ang inyong sariling ugali, kayo ay matatakot at manginig para sa inyong sariling mga kaluluwa at para sa mga kaluluwa ng inyong mga kapuwa tao. Ang taimtim na mga panalangin ng nakakadurog-pusong dalamhati ay aakyat sa langit. Kayo ay tatangis sa pagitan ng portiko at ng dambana, na ipinagtatapat ang inyong espirituwal na pagkabulag at pagtalikod.”—Testimonies for the Church, vol. 6, p. 408.

b. Paano ninanais ng Dios na tumugon sa gayong taimtim na mga panalangin na iniaalay ng Kaniyang bayan? Joel 2:23.

“Ang kaaway ay kumikilos sa kanyang mga lingkod na magmungkahi ng mga hakbang na lubos na makakahadlang sa gawain ng Dios; subali’t ang mga matataas na pinuno ng bansa na natatakot sa Panginoon ay naiimpluwensyahan ng mga banal na anghel upang tutulan ang gayong mga panukala sa pamamagitan ng hindi mapapasinungalingang mga katuwiran. Sa gayon ang ilang mga tao ay makakapigil sa malakas na agos ng kasamaan. Ang pagsalungat ng mga kaaway ng katotohanan ay mapipigilan upang ang mensahe ng ikatlong anghel ay maisagawa ang gawain nito. Kapag ang huling babala ay ibinibigay na, ito ay makakaagaw ng pansin ng mga namumunong mga taong ito na sa pamamagitan nila ang Panginoon ay kumikilos ngayon, at ang ilan sa kanila ay tatanggapin ito, at maninindigan kasama ng bayan ng Dios sa panahon ng kabagabagan.

“Ang anghel na nakikiisa sa pagpapahayag ng mensahe ng ikatlong anghel ay magdadala ng liwanag sa buong sanglibutan sa pamamagitan ng kanyang kaluwalhatian. Isang gawain na pang-buong sanlibutan ang nasasaklaw at may kapangyarihang hindi pangkaraniwan ang inihula dito. Ang advent movement ng 1840–44 ay isang maluwalhating pagpapakita ng kapangyarihan ng Dios; ang mensahe ng unang anghel ay dinala sa bawat kampo ng misyonero sa sanlibutan, at sa ilang mga bansa ay nagkaroon ng matinding interes sa relihiyon na nasaksihan sa halos lahat ng lupain mula pa ng Repormasyon noong ikalabing-anim na siglo; subali’t ang mga ito ay mahihigitan ng makapangyarihang samahan sa ilalim ng huling babala ng ikatlong anghel.”—The Great Controversy, pp. 610, 611.

## 5. ISANG BAYANG MAY KAPAYAPAAN

Huw, Ene 29

a. Isalaysay ang katuparan ng mga propesiya sa Joel 2:28–32.

"Iminumungkahi ko sa inyo, mahal na mga nagbabasa, na gawin ninyong ang Salita ng Dios bilang batayan ng inyong pananampalataya at pamumuhay. Sa pamamagitan ng Salitang iyon tayo ay hahatulan. Ang Dios, sa mga Salitang iyon, ay nangako na magbibigay ng mga pangitain sa 'mga huling araw'; hindi para sa isang bagong batayan ng pananampalataya, kundi para sa kaaliwan ng Kaniyang bayan, at upang ituwid ang mga nalilihis mula sa katotohanan ng Biblia."—Early Writings, p. 78.

"Mayo 19, 1780, ay nakatala sa kasaysayan bilang 'Ang Madilim na Kapanahunan.' Mula noong panahon ni Moises ay wala pang panahon ng kadiliman na kasing tindi, kasing lawak, at kasing-tagal, ang naitala kailanman. Ang paglalarawan ng pangyayaring ito, gaya ng ibinigay ng mga nakasaksi, ay isang alingawngaw lamang ng mga salita ng Panginoon, na itinala ng propetang si Joel, dalawampu't limang daang mga taon bago ang kanilang katuparan. [Sipi ang Joel 2:31.]"—The Great Controversy, p. 308.

b. Sa kabila ng inaasam na kapayapaan, sa anong kakila-kilabot na kapalaran ng sangkatauhan sa huli ang kahahantungan? Joel 3:9, 10; 1 Tesalonica 5:3.

"Ang sanlibutan ay ginugulo ng espiritu ng digmaan. Ang propesiya ng ikalabing-isang kabanata ng Daniel ay halos umabot na sa ganap na katuparan nito. Sa madaling panahon ang mga kaganapan ng kaguluhan na binabanggit sa mga propesiya ay mangyayari na."—Testimonies for the Church, vol. 9, p. 14.

c. Saan naroroon ang mga matatapat sa panahong iyon? Joel 3:16; Awit 91:1–7.

"Nakakatakot na mga pagsubok at paghihirap ang naghihintay sa bayan ng Dios. Ang espiritu ng digmaan ay gumugulo sa mga bansa sa bawat sulok ng kalupaan. Subali't sa gitna ng panahon ng kabagabagaban na darating—panahon ng kabagabagaban na hindi pa nangyari mula nang nagkaroon ng mga bansa—ang piniling bayan ng Dios ay tatayong hindi matitinag. Si Satanas at ng kanyang hukbo ay hindi sila kayang wasakin, sapagkat ang mga anghel na makapangyarihan sa lakas ay mag-iingat sa kanila."—Ibid., p. 17.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Ene 30

1. What causes the catastrophic event foreseen in Joel 1:15–20?
2. What response will I have to the second coming of Christ?
3. How and why do we need to humble ourselves before the Lord?
4. Describe the blessing received by those who are truly consecrated to God at the end.
5. Now more than ever, why must we avoid incitement toward the spirit of war?

# Handog sa Unang Sabbath
**Sabbath, Pebrero 7, 2026**



## General Conference Welfare Department

Ang General Conference Welfare Department ay may layuning magbigay ng kaginhawahan sa mga nagdadanas ng iba't ibang sakuna na dulot ng kalikasan o dahil sa mga trahedya. Ang mga kapatid ay nawawalan ng kanilang ari-arian dahil sa sunog, baha, at maging sa mga digmaan at labanan.

Sa harap ng pagkawasak ng kanilang gawain, napakalaking ginhawa na maramdaman ang pagtulong na iniaabot, na nagdadala ng pagkalinga at tulong. Ang mga nakakaranas ng gayong mga sakuna ay kadalasang binabanggit ang kagalakan ng pagtanggap ng pangangalaga sa panahon ng matinding pangangailangan at lubos na nagpapasalamat sa pribilehiyong maging bahagi ng isang tunay na espirituwal na pamilya.

May iilan din na nabubuhay sa matinding paghihirap at kumakain nang isang beses lamang sa isang araw kadalasan—gayunpaman, sa gitna ng kanilang matinding paghihirap, nananatili silang matatag sa pag-asa at katiyakan—na si Jesus ay malapit nang bumalik, at lahat ng ito ay lilipas din. . . . Sa ganoong paraan, ang Welfare Department ay muling iniaabot ang kanilang mapagmalasakit at mapagkalingang kamay. Na may mga salita ni Cristo: "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa" (Mateo 25:40), ang ating gawain ay ginagabayan ng pagkaunawa na ang tunay na relihiyon ay hindi binubuo ng mga salita kundi pagkilos sa pangangalaga ng ulila, balo, maysakit, at mga taong walang kanlungan. Kapag natanggap ang mga tulong, mabilis naming ipinamamahagi ang mga ito—tutugunan ang pinakamahalagang pangangailangan, lalo na ng pamilya ng ating pananampalataya.

Ang mga simbahang nawasak ng mga natural na sakuna ay naitatayo nang muli; ang mga bahay na tinupok ng sunog, tinangay ng baha, at iba pang mga kalamidad, ay muling itinatayo at isinasaayos; ang mga may sakit ay ginagamot; ang mga ulila, mga balo at mga nangangailangan ay nakakatanggap ng pagkain at pangunahing pangangailangan. Marami na ang nagawa, subali't malayo pa rin tayo sa ating mithiin, na hindi na magkaroon ng nangangailangan sa ating sambahayan ng pananampalataya, gaya noong panahon ng Pentecostes!

Dahil dito, mahal naming mga kapatid, umaasa kami sa inyong mabuting kaloob, sagana—ngunit higit sa lahat, puspos ng pag-ibig na handog! Habang inilalaan ninyo ang inyong Handog sa Unang Sabbath, isipin kung gaano karami ang inyong natanggap mula sa Dios; Pararamihin Niya ang inyong handog at gagawin itong mga pagpapala, para sa iyo, sa inyong pamilya at sa mga matutulungan sa oras ng kagipitan.

"Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng praktikal na pag-ibig na ito ang mga iglesia ay lalong nabubuklod sa Kristiyanong pagkakaisa. Sa pamamagitan ng pag-ibig sa mga kapatid, ang pag-ibig sa Dios ay lumalago, sapagkat hindi Niya nakakalimutan ang mga nasa kagipitan, at sa gayon ang handog ng pagpapasalamat ay umaakyat sa Dios bilang pagkilala sa Kaniyang pangangalaga."—Counsels on Stewardship, p. 344.

Pagpalain nawa kayo ng Dios nang sagana!

*General Conference Welfare Department*

# Ang Panawagan ni Amos para sa Paghahanda

**SAULUHING TALATA:** "Humanda kang salubungin mo ang iyong Dios, Oh Israel." (Amos 4:12, huling bahagi).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 8, pp. 329–335.

"Ang ating gawain ay ipahayag ang kautusan ng Dios at ang patotoo ni Jesu-Cristo. 'Humanda kang salubungin mo ang iyong Dios' (Amos 4:12), ay ang babalang dapat maibigay sa sanlibutan. Ito ay paalaala rin para sa bawat isa sa atin."—Selected Messages, bk. 2, p. 116.

## 1. NAGLILINGKOD SA DIOS O HINDI? Lin, Peb 1

a. Matapos banggitin ang mga pagsalangsang ng Damasco, Gaza, Tirus, Edom, Ammon, Raba, at Moab, anong pagtutol ang ipinahayag ng Dios tungkol sa Juda at Israel, na nag-aangking naglilingkod sa Kanya? Amos 2:4–8.

b. Ano ang pinatototohanan ng Panginoon tungkol sa Kanyang habag sa kanila, at sa mga kapinsalaan ng kanilang paghamak sa Kanyang awa? Amos 2:9–16.

c. Anong ang maaaring itanong kapag nasira ang tiwala ng Dios—at paano rin naaangkop ang prinsipyong ito sa mga relasyon ng tao? Amos 3:1–3; Awit 11:3.

"Paano magkakasundo ang may pag-iisip na makalaman sa pag-iisip na naaayon sa pag-iisip ni Kristo? Ang isa ay naghahasik sa laman, nag-iisip at kumikilos alinsunod sa udyok ng kanyang sariling puso; ang isa ay naghahasik sa Espiritu, na nagsisikap na supilin ang pagkamakasarili, upang madaig ang hilig, at mamuhay sa pagsunod sa Guro, na kanyang ipinapahayag na kanyang pinaglilingkuran."—Testimonies for the Church, vol. 4, pp. 507, 508.

"Gaano man kadalisay at tama ang mga prinsipyo ng isang tao, ang impluwensya ng isang hindi sumasampalatayang kasama ay may posibilidad na maakay palayo sa Dios."—Patriarchs and Prophets, p. 174.

## 2. PROPESIYA NA MAGBUNGA

Lun, Peb 2

a. Bakit dapat nating tunay na kilalanin ang kahalagahan ng propesiya? Amos 3:7, 8 .

"Samantalang 'ang mga lihim na bagay ay nauukol sa Panginoon nating Dios,' 'ang mga bagay na nahayag ay nauukol sa atin at sa ating mga anak magpakailanman.'... Ang Dios ay ibinigay ang mga bagay na ito sa atin, at ang Kaniyang pagpapala ay dadaloy sa mga may paggalang, mapanalanging pag-aaral ng mga propesiya sa kasulatan." – The Desire of Ages, p. 234.

b. Nakakalungkot man, subali't paano Siya madalas na pinakikitunguhan ng nag-aangking bayan ng Dios? Amos 4:4–11.

" 'Sapagka't sasaktan ng Panginoon ang Israel ng gaya ng isang tambo na gumagalaw sa tubig.'...

"Gayunpaman, ang Panginoon ay hindi binitiwan ang Israel nang hindi muna nagagawa ang lahat ng maaaring gawin upang akayin sila pabalik sa kanilang katapatan sa Kaniya. Sa mahabang, madilim na mga taon nang ang pinuno sa bawat pinuno ay tumindig nang buong tapang na pagsuway sa Langit at pinangunahan ang Israel nang palalim nang palalim pa sa pagsamba sa dios-diosan, ang Dios nagpapadala ng sunod-sunod na mensahe sa Kaniyang tumalikod na bayan. Sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta ay binibigyan Niya sila ng bawat pagkakataon na pigilin ang agos ng pag-apostasya at bumalik sa Kaniya. Sa mga taon na kasunod ng pagkawasak ng kaharian, sina Elias at Eliseo ay mabubuhay at gagawa, at ang mahabaging panawagan nina Oseas at Amos at Obadias ay maririnig sa lupain. Kailanman ang kaharian ng Israel ay hindi iniwang walang marangal na mga patotoo ng makapangyarihang kakayahan ng Dios na magligtas mula sa kasalanan."—Prophets and Kings, p. 108.

c. Katulad ni Amos, anong mensahe ang dapat nating dalhin nang walang takot, gaya rin ng ginawa ni Juan Bautista? Amos 4:12 (huling bahagi); Mateo 3:1, 2.

"Bilang bayang nananampalataya sa nalalapit nang pagpapakita ni Kristo, tayo ay mayroong mensaheng dapat ipahayag—'Humanda kang salubungin mo ang iyong Dios.' Amos 4:12. Ang ating mensahe ay dapat na tuwiran tulad ng mensahe ni Juan. Sinaway niya ang mga hari dahil sa kanilang kasamaan. Bagama't nanganganib ang kanyang buhay, hindi siya nag-atubiling ipahayag ang salita ng Dios. At ang ating gawain sa panahong ito ay dapat isagawa nang may gayunding katapatan.

"Upang maipahayag ang ganoong mensahe gaya ng ibinigay ni Juan, dapat tayong magkaroon ng espirituwal na karanasan tulad ng sa kanya. Ang parehong gawain ay dapat maganap sa atin. Dapat tayong tumingin sa Dios, at sa pagtingin sa Kanya ay mawawala ang pagtutuon natin sa ating sarili." —Testimonies for the Church, vol. 8, pp. 332, 333.

a. Bakit ang Dios ay natatangi sa buong sansinukob, at anong taimtim na panawagan ang nagpapakita ng Kaniyang masidhing pagnanais na ipagkaloob sa maaamo kung ano ang pinakamabuti? Amos 4:13; 5:6–9, 14.

b. Habang ibinabahagi ni Amos ang mga katotohanang ito, paano siya trinato—at ano ang pangkalahatang kinalabasan sa harap ng mga babala at panawagang ito? Amos 5:10, 15–18.

“Ang mas malaking bilang ng mga nakarinig ng mga panawagang ito [ni Amos] ay tumangging makinabang sa mga ito.”—Prophets and Kings, p. 284.

c. Anong mga pagsaway tungkol sa pamumuhay ang dapat maging isang panggising na paalala? Amos 6:1, 3–7.

“May mga hindi kanais-nais na tungkulin na dapat gampanan ng isang tao o kung hindi ang mga kaluluwa ay maiiwang mapapahamak. Ang mga Kristiyano ay makakatagpo ng pagpapala sa paggawa ng mga tungkuling ito, gaano man ang mga ito kahirap. Si Cristo ay tinanggap ang mga hindi kanais-nais na gawain sa Kanyang Sarili na mula sa tahanan ng kadalisayan at walang kapantay na kaluwalhatian, upang manirahan bilang tao kasaama ng mga tao, sa mundong nabahiran at nadungisan ng krimen, karahasan, at kasamaan. Ginawa niya ito upang iligtas ang mga kaluluwa; at sa mga bagay ng may gayong kahanga-hangang pag-ibig at walang kapantay na pagpapakumbaba ay ipagdadahilan ang kanilang buhay sa makasariling kaalwanan? pipiliin ba nila ang kanilang pansariling kaluguran, susundin ang kanilang sariling mga kagustuhan, at iiwan ang mga kaluluwa na mapapahamak sa kadiliman dahil kakaharapin nila ang mga kabiguan at pagsalungat kung sila ay magsisikap na iligtas sila? Si Kristo ay binayaran nang walang katumbas na halaga upang tubusin ang tao, at masasabi mo bang: ‘Panginoon ko, hindi ako makakagawa sa Iyong ubasan; Nakikiusap ako sa Iyo ipagpaumanhin mo ako’?

“Ang Diyos ay nananawagan sa mga nasa maginhawang buhay sa Sion na bumangon at gumawa. Hindi ba nila pakikinggan ang tinig ng Panginoon? Nais Niya ang mapanalanginin at matapat na mga manggagawa, na maghahasik sa siping ng lahat na tubig. Yaong mga nagsisikap nang gayon ay magugulat kung paanong ang mga pagsubok, na napagtiisan sa pangalan at kalakasan ni Jesus, ay magbibigay ng katatagan sa pananampalataya at magpapanumbalik ng lakas ng loob. Sa landas ng mapagpakumbabang pagsunod ay ang kaligtasan at kapangyarihan, kaginhawahan at pag-asa; subali’t ang gantimpala ay mawawala sa huli ng mga taong walang ginagawa para kay Jesus. Ang mahihinang mga kamay ay hindi makakapanghawakan sa Isang Makapangyarihan, ang mahihinang mga tuhod ay hindi makakatindig sa panahon ng kahirapan. Ang mga nagbabasa ng Biblia at mga manggagawang Kristiyano ay tatanggap ng maluwalhating gantimpala, at maririnig ang ‘Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: . . . pumasok ka sa kagalakan ng iyong Panginoon.’ ”—Testimonies for the Church, vol. 4, p. 76.

## 4. PAG-AANI KUNG ANO ANG INIHASIK



a. Ano ang nagpapakita na ang mga panawagan ng Dios na ibinigay sa pamamagitan ni Amos ay hindi tinanggap ni Amazias, ang saserdoteng sumasamba sa mga dios-diosan? Amos 7:10–13.

"Lubos na salungat sa masasamang pagnanasa ng mga hindi nagsisisi ang mga salita ng mga mensahero ng Dios, na ang saserdoteng sumasamba sa mga dios-diosan sa Bethel ay nagpadala sa pinuno ng Israel, na nagsasabi, 'Si Amos ay nagbanta laban sa iyo sa gitna ng sangbahayan ni Israel: hindi mababata ng lupain ang lahat niyang mga salita.' Amos 7:10."—Prophets and Kings, p. 284.

"Sa loob ng isang panahon ang mga propesiyang hatol na ito ay pansamantalang itinigil, at sa mahabang panahon ng paghahari ni Jeroboam II ang mga hukbo ng Israel ay nagtamo ng mga kahanga-hangang tagumpay; ngunit sa panahong ito ng maliwanag na kasaganaan ay hindi nagdulot ng pagbabago sa puso ng mga hindi nagsisisi, at sa huli ay ipinahayag, 'Si Jeroboam ay mamamatay sa pamamagitan ng tabak, at ang Israel ay walang pagsalang dadalhing bihag mula sa kaniyang lupain.' Amos 7:11.

"Ngunit ang hayagang pananalitang ito ay hindi pinansin ng hari at ng bayan, sapagkat lubos silang nalugmok sa katigasan ng kanilang mga puso."—Ibid., p. 286.

b. Paano si Amos matapang na tumugon sa pagalit na pananalita ni Amazias—at paano natupad nang maglaon ang mga salita ng propeta? Amos 7:14–17; 1 Cronica 5:25, 26.

"Ang mga salitang ipinahayag laban sa mga liping tumalikod ay literal na natupad; subali't ang pagkawasak ng kaharian ay unti-unting dumating. . . .

"Si Tiglath-pileser, na hari ng Asiria, ay sumalakay sa Israel at dinalang kasama niya ang napakaraming bihag mula sa mga liping naninirahan sa Galilea at silangan ng Jordan. 'Ang mga Rubenita, at ang mga Gadita, at ang kalahating tribo ni Manases,' kasama ng iba pang mga naninirahan sa 'Gilead, at ng Galilea, ang buong lupain ng Nephtali' (1 Cronica 5:26; 2 Hari 15:29), ay nangalat sa mga pagano sa mga lupaing malayo sa Palestina.

"Mula sa kakila-kilabot na dagok na ito, ang hilagang kaharian ay hindi na nakabangon. Ang mahihinang nalabi ay nagpatuloy na may sistema ng pamahalaan, bagama't wala nang taglay na kapangyarihan."—Ibid., p. 287.

c. Kapag natutuksong ipagpalagay na ang Dios ay pinalalampas lamang ang pagpapabaya sa puso ng isang nag-aangking mananampalataya, ano ang ipinapaalala sa atin? Amos 8:1–7; Hebreo 4:12.

## 5. ANG PINAKAMATINDING PAGKAGUTOM KAILANMAN — Huw, Peb 5

a. Ilarawan ang kaganapan ng espirituwal na taggutom na malapit nang dumating. Amos 8:3, 11, 12.

"Ang sanlibutan ay namamatay dahil sa kakulangan ng ebanghelyo. May taggutom sa salita ng Dios. May iilan lamang ang nangangaral ng salita na walang halong tradisyon ng tao."—Christ's Object Lessons, p. 228.

"[Sinipi ang Amos 8:3.] Ang mga salot na ito [ng Pahayag 16] ay hindi pangkalahatan, sapagkat kung gayon ang mga nananahan sa lupa ay lubusang malilipol. Gayunman sila ang magiging pinaka-nakakakilabot na mga salot na mararanasan kailanman ng sangkatauhan."—The Great Controversy, pp. 628, 629.

"Yaong mga hindi pinahahalagahan ang Salita ng Dios ay magmamadaling magpaparoo't parito, na gumagala mula sa dagat hanggang sa kabilang dagat, at mula sa hilaga hanggang sa silanganan, upang hanapin ang Salita ng Panginoon. Sinabi ng anghel, 'Hindi nila ito masusumpungan. May kagutom sa lupain, hindi kagutom sa tinapay, o kauhawan man dahil sa tubig, kundi sa pagkarinig ng mga salita ng Panginoon. Ano ang hindi nila maibibigay para sa isang salita ng pagsang-ayon mula sa Dios! subali't hindi, dapat silang magutom at mauhaw. Araw-araw ay binabalewala nila ang kaligtasan, pinahahalagahan ang makalupang kayamanan at makalupang kaluguran na mas mataas kaysa sa anumang makalangit na kayamanan o panghihikayat. Tinanggihan nila si Hesus at hinamak ang Kanyang mga banal. Ang marumi ay mananatiling marumi magpakailanman.'

"Marami sa mga masasama ang labis na nagagalit habang sila ay dumaranas ng mga epekto ng mga salot. Ito ay isang kaganapan ng nakakatakot na paghihirap. Ang mga magulang ay may kapaitang sinisisi ang kanilang mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga magulang, mga kapatid na babae sa mga kapatid na lalaki, at mga kapatid na lalaki sa kanilang mga kapatid na babae. Ang malakas na pagtangis at panaghoy ay naririnig sa bawat panig, 'Kayo ang humadlang sa akin sa pagtanggap ng katotohanan na magliligtas sana sa akin mula sa nakakakilabot na oras na ito.' Ang mga tao ay bumaling sa kanilang mga ministro nang may matinding poot at paninisi sa kanila, na sinasabi, 'Hindi mo kami binabalaan. Sinabi mo sa amin na ang buong sanlibutan ay mahihikayat, at sumisigaw, Kapayapaan, kapayapaan, upang patahimikin ang bawat takot na napupukaw. Hindi mo sinabi sa amin ang mga panahong ito; at ang mga nagbababala sa amin tungkol dito ay ipinahahayag ninyo na mga panatiko at masasamang tao, na sisira sa amin.' Subali't nakita ko na ang mga ministro ay hindi makakatakas sa poot ng Dios. Ang kanilang pagdurusa ay sampung ulit na mas matindi kaysa sa kanilang mga tagasunod."—Early Writings, pp. 281, 282.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Peb 6

1. Para magkaroon ng pagkakasundo sa isang relasyon, ano ang kinakailangan?
2. Ano ang kinakailangan ko upang maging isang " isang gatong  na naagaw sa apoy"?
3. Bakit si Amos napilitan na sawayin ang pamumuhay ng marami sa Israel?
4. Kapag ang hindi kanais-nais na balita ay nanggaling mula sa isang kinasihan, ano ang dapat kong gawin?
5. Anong babala ang dapat kong pakinggan mula sa mga kaganapan sa Amos 4:11, 12 ?

# Kapangyarihan sa Pagsisisi

**SAULUHING TALATA:** "Nang ang aking kaluluwa ay nanglupaypay sa loob ko; naaalaala ko ang Panginoon; At ang aking dalangin ay umabot sa loob ng iyong banal na templo" (Jonas 2:7).

**Iminumungkahing mga Babasahin:** *Early Writings,* pp. 269–273;
*Testimonies for the Church,* vol. 5, pp. 62–84.

"Ang solemneng patotoo kung saan nakasalalay ang kahahantungan ng iglesia ay hindi gaanong pinapahalagahan, kung hindi man ay lubusang binabalewala. Ang patotoong ito ay dapat gumawa ng malalim na pagsisisi; lahat ng tunay na tumatanggap nito ay susundin ito at magiging malinis."—Early Writings, p. 270.

## 1. ANG PAGLILIGLIG NA MAGBIBITHAY — Lin, Peb 8

a. Dahil napakaraming masama ang nakahalo sa mabuti, ano ang ginagawa ng Dios? Amos 9:9.

"Aking tinanong ang kahulugan ng pagliliglig na aking nakita at ipinakita na ito ay dulot ng tuwirang patotoo na ibinibigay ng payo ng Tapat na Saksi sa mga taga-Laodicea. Ito ay magkakaroon ng epekto sa puso ng tumatanggap, at aakay sa kanya na itaas ang pamantayan at ipahayag ang matuwid na katotohanan. Ang ilan ay hindi makakayanan ang tuwirang patotoong ito. Sila ay magsisibangon laban dito, at ito ang magiging sanhi ng pagliliglig sa gitna ng bayan ng Dios."—Early Writings, p. 270.

"Sa mga nag-aangking bayan ng Dios ay may mga masasamang puso; subali't sila ay susubukin at patutunayan. Na ang Diyos na nakakabasa sa mga puso ng bawat isa, ay maghahayag ng mga nakatagong bagay ng kadiliman kung saan sila ay kadalasang hindi gaanong pinaghihinalaan, ang mga katitisuran na humadlang sa paglago ng katotohanan ay maaaring maalis, at ang Dios ay may isang malinis at banal na bayan na magpapahayag ng Kanyang mga tuntunin, at mga paghatol."— Testimonies for the Church, vol. 1, p. 333.

" 'Ang Dios ay binibistay ang Kanyang bayan. Siya ay magkakaroon ng malinis at banal na iglesia. Hindi natin mababasa ang puso ng tao. Subali't ang Panginoon ay naglaan ng paraan upang mapanatiling dalisay ang iglesia. May mga masasamang mga taong lumitaw na hindi kayang mamuhay kasama ng bayan ng Dios. Kanilang kinamumuhian ang pagsaway, at hindi nais ang pagtutuwid. Nagkaroon sila ng pagkakataong malaman na ang kanilang pakikibaka ay hindi matuwid. Nagkaroon sila ng panahon upang pagsisihan ang kanilang mga pagkakamali; subali't ang sarili ay lubos na pinahahalagahan para mamatay.' "—Ibid., p. 99.

a. **Paano pinakikitunguhan ng Dios ang mga mapagmataas? Amos 9:2; Obadias 1:3, 4.**

"Ang pagtataas ng sarili ay isang mapanganib na katangian. Dinudungisan nito lahat ng bagay na nahawakan nito. Ito ay supling ng kapalaluan, at ito ay kumikilos nang napakatuso anupat, kung hindi mababantayan, ito ay sasakupin ang kaisipan at kokontrolin ang mga pagkilos."—The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 7, p. 962.

b. **Anong uri ng lungsod ang Nineveh, at ano ang ginawa ng propetang si Jonas nang siya'y inatasan ng Dios na mangaral doon? Jonas 1:1–3.**

"Habang iniisip ng propeta ang mga kahirapan at tila imposibleng magawa ang atas na ito, natukso siyang pagdudahan ang pagkamakatuwiran ng panawagan. Sa pananaw ng tao, tila walang mapapakinabang sa pagpapahayag ng gayong mensahe sa palalong lungsod na iyon. Nakalimutan niya sa sandaling iyon na ang Dios na kanyang pinaglilingkuran ay lubos na nalalaman ang lahat at makapangyarihan sa lahat. . . .

"Sa utos na ibinigay sa kanya, si Jonas ay pinagkatiwalaan ng isang mabigat na responsibilidad; subali't Siya na nag-utos sa kanya ay may kakayahang tustusan ang Kanyang lingkod at pagkalooban siya ng tagumpay. Kung ang propeta ay sumunod nang walang pag-aalinlangan, siya ay maliligtas sa maraming mapait na karanasan, at sana ay pagpapalain nang sagana. Subali't sa oras ng panghihina si Jonas ay hindi pinabayaan ng Panginoon. Sa pamamagitan ng sunud-sunod na pagsubok at hindi pangkaraniwang mga probidensya, ang pagtitiwala ng propeta sa Dios at sa Kaniyang walang hanggang kapangyarihang magligtas ay muling nabuhay."—Prophets and Kings, pp. 266, 267.

c. **Paano madalas na ipinahahayag ng Dios ang Kaniyang pag-ibig sa pamamagitan ng paghahadlang sa ating landas? Jonas 1:4, 7–12.**

"Ang iyong landas ay hinaharangan, sa kanan at sa kaliwa, upang hadlangan ang iyong pagsulong sa kapahamakan. Ang Panginoon ay ipinapakita ang iyong hindi mapigil at hindi mapaamong espiritu upang ipasakop sa Kaniya. Sa pamamagitan ng pinaghalong paghatol at awa ay inaakay ka sa pagsisisi. Tulad ni Jonas, ikaw ay tumakas mula sa kasalukuyang tungkulin patungo sa dagat. Ang Dios ay hinahadlangan ang iyong daan sa pamamagitan ng mga pagdalaw ng Kaniyang probidensya."—Testimonies for the Church, vol. 2, p. 423.

## 3. INILIGTAS UPANG MAGLINGKOD

Mar, Peb 10

a. Paano nahayag ang Dios na makapangyarihan sa lahat sa mga mandaragat, at paano sila tumugon? Jonas 1:13–16.

b. Ano ang plano ng Dios para kay Jonas, at ano ang ipinanalangin ng takas habang nasa loob ng tiyan ng isda? Jonas 1:17; 2:1–4.

c. Ilarawan ang lalim ng pagsisisi ni Jonas sa Dios. Jonas 2:5–9. Paano tumugon ang Panginoon sa Kaniyang abang anak? Jonas 2:10.

"Sa huli ay natutunan ni Jonas na 'ang pagliligtas ay nauukol sa Panginoon.' Awit 3:8. Sa pamamagitan ng pagsisisi at pagkilala sa nagliligtas na biyaya ng Dios, dumating ang pagliligtas. Si Jonas ay pinalaya mula sa mga panganib na kailaliman at iniluwa sa tuyong lupa."—Prophets and Kings, p. 269.

d. Paano tayo mapapasigla ng bagong pagkilos na ginawa ngayon ni Jonas, katulad ng sa isang batang misyonero sa Bagong Tipan? Jonas 3:1–3; Mga Gawa 15:36–39.

"[Si Bernabe] ay nabahala na hindi dapat talikuran ni Marcos ang gawain, sapagkat nakita niya sa kanya ang mga katangiang mag-aangkop sa kanya upang maging isang kapaki-pakinabang na manggagawa para kay Kristo. Sa paglipas ng mga taon ang kanyang pagmamalasakit sa kapakanan ni Marcos ay lubos na ginantimpalaan, sapagkat ang binata ay ibinigay ang kanyang sarili nang walang pag-aalinlangan sa Panginoon at sa gawain ng pagpapahayag ng mensahe ng ebanghelyo sa mahihirap na lugar."—The Acts of the Apostles, p. 170.

"Ang oras ay kulang na, at kung ano man ang kinakailangan ninyong gawin ay dapat gawin na nang mabilis. Magpasyang samantalahin ang panahon. Huwag nang hanapin ang pansariling kaluguran. Gisingin ang sarili! Panghawakan ang gawain nang may bagong layunin sa puso. Ang Panginoon ang magbubukas ng daan sa harap mo. Gawin ang lahat nang makakayang pagsisikap na gumawa sa hanay ni Cristo, na may kaamuan at kababaang-loob, na umasa sa Kaniya para sa kalakasan. Unawain ang gawaing ibinigay sa inyo ng Panginoon, at, sa pagtitiwala sa Dios, magagawa mong magpatuloy na lumakas nang mas malakas, mula sa biyaya hanggang sa mas masaganang biyaya. Magagawa mong maglingkod nang masikap at matiyaga, para sa iyong bayan habang may araw pa; sapagkat dumarating ang gabi na wala nang taong makagagawa."—Testimonies for the Church, vol. 9, p. 200.

a. Upang sumunod sa Dios, ano ang nagpapakita ng lakas ng loob na kinakailangan ngayon ni Jonas? Jonas 3:4.

"Sa panahon ng pansamantalang kasaganaan nito ang Nineve ay naging sentro ng krimen at kasamaan. Inilalarawan ito ng kinasihan bilang 'ang mabagsik na bayan!, . . . siya'y puspos na lubos ng kabulaanan at pagnanakaw.' Sa matalinhagang pananalita, inihalintulad ni propeta Nahum ang mga Ninivita sa isang mabagsik at gutom na gutom na leon. 'Dahil sa iyo,' ang tanong niya, 'sapagka't sinong hindi nadaanan ng iyong kasamaan?' Nahum 3:1, 19."—Prophets and Kings, p. 265.

b. Ilarawan kung paano pinagpala ng Dios ang gawain ni Jonas sa makapangyarihang paraan—at ipaliwanag kung bakit tayo mismo ay dapat gumising sa desisyong ginawa ng Nineve. Jonas 3:5–10.

"Ang Ninive, bagaman naging masama, ay hindi lubos na nalugmok sa kasamaan. Siya na 'minamasdan ang lahat ng mga anak ng tao' (Awit 33:13) at 'nakakakita ng bawa't mahalagang bagay.' (Job 28:10) ay nakikita sa lungsod na iyon na marami ang naghahangad na maabot ang mas mabuti at mas marangal, at kung bibigyan ng pagkakataong matuto tungkol sa buhay na Dios, ay aalisin ang kanilang masasamang gawa at sasambahin Siya."—Ibid.

"Nang ipahayag ni Jonas sa mga lansangan ng Nineve na sa loob ng apatnapung araw ay mawawasak ang lungsod, ay tinanggap ng Panginoon ang pagpapakababa ng mga Ninivita at pinalawig ang kanilang panahon ng awa; gayunpaman ang mensahe ni Jonas ay mula Dios, at ang Nineve ay sinubok ayon sa Kaniyang kalooban."—The Great Controversy, p. 406.

"Sino ang nakakaalam kundi ang mga mangangaral na matapat, matatag, at tunay ang maaaring ang huling magdadala ng ebanghelyo ng kapayapaan sa ating hindi mapagpasalamat na iglesia? Maaaring ang mga mangwawasak ay nagsasanay na sa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas at naghihintay na lamang sa pag-alis ng iilan pang mga tagapagdala ng pamantayan upang pumalit sa kanilang mga lugar, at sa tinig ng huwad na propeta ay sisigaw, 'Kapayapaan, kapayapaan,' kahit na ang Panginoon ay hindi nagpapahayag ng kapayapaan. Bihira akong mapaiyak, ngunit ngayon ang aking mga mata ay napuno ng luha; sila ay pumapatak sa papel habang ako ay nagsusulat. Maaaring ang lahat ng mga propesiya sa atin ay malapit nang magtatapos, at ang tinig na minsang pumukaw sa bayan ay maaaring hindi na gumambala sa kanilang mga makalamang pagkakahimbing.

"Kapag isinagawa na ng Dios ang Kanyang hindi pangkaraniwang gawain sa lupa, kapag ang mga banal na kamay ay hindi na dala ang kaban, ang kapighatian ay darating sa bayan. Oh, Kung sa araw na ito ay nakilala mo sana, sa iyong sarili, ang mga bagay na nauukol sa iyong kapayapaan! Oh, nawa'y ang bayan, gaya ng ginawa ng Nineveh, ay magsisi nang kanilang buong lakas at manampalataya nang buong puso, upang ilayo ng Dios ang Kaniyang matinding poot mula sa kanila." – Testimonies for the Church, vol. 5, pp. 77, 78.

## 5. ANG NINEVE MULI SA NGAYON

Huw, Peb 12

a. Paano muling lumitaw ang kahinaan ni Jonas bilang tao? Jonas 4:1–3.

“Nang malaman ni Jonas ang layunin ng Dios na iligtas ang lunsod na, sa kabila ng kasamaan nito, ay naakay na magsisi na may mga damit na magaspang at abo, siya sana ang unang magagalak dahil sa kamangha-manghang biyaya ng Dios; subali’t sa halip ay pinahintulutan niya sa kanyang isipan na manaig ang posibilidad na siya ay ituring na isang huwad na propeta. Dahil sa pag-iingat sa kanyang reputasyon, nawala sa kanyang paningin ang walang hanggang kahalagahan ng mga kaluluwa sa abang lungsod na iyon. . . .

“Muli siyang sumuko sa kanyang hilig na mag-alinlangan at magduda, at muli siya ay nanglupaypay sa panghihina ng kalooban.”—Prophets and Kings, p. 271.

b. Hindi katulad ng ginawa ni Jonas, bakit tayo tunay na magagalak kapag may mga kaluluwang nagsisisi? Jonas 4:4, 11.

“Ang aral ay para sa mga mensahero ng Dios sa ngayon, kapag ang mga lungsod ng mga bansa ay talagang nangangailangan ng kaalaman sa mga katangian at layunin ng tunay na Dios tulad ng mga Ninivita noong unang panahon. Ang mga kinatawan ni Cristo ay dapat ituro ang mga tao sa mas marangal na daigdig, na lubos nang nakakaligtaan.” - Ibid., p. 274.

“Ang mga mensahero ng Dios sa mga malalaking lungsod ay hindi dapat panghinaan ng kalooban dahil sa kasamaan, sa kawalang-katarungan, sa mga kabuktutan, na kung saan sila ay tinatawagang harapin habang nagsisikap na ipahayag ang masayang balita ng kaligtasan. Ang Panginoon ay pasasayahin ang bawat manggagawa sa parehong mensahe na ibinigay Niya kay apostol Pablo sa masamang Corinto: ‘Huwag kang matakot, kundi magsalita ka, at huwag kang tumahimik: Sapagka’t ako’y sumasaiyo, at sinoma’y hindi ka madadaluhong upang saktan ka: sapagka’t makapal ang mga tao ko sa bayang ito.’ Gawa 18:9, 10 . . . Sa bawat lungsod, kahit na ito ay puno ng karahasan at krimen, ay may mga taong, kung may wastong pagtuturo ay maaaring matutong maging mga tagasunod ni Jesus.”—Ibid., p. 277.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Peb 13

1. Bakit ang paghihiwalay sa pamamagitan ng pagbibistay ay kinakailangan?
2. Anong mga patunay ang nagpapakita na ang Dios ang may kontrol sa aking buhay, hindi ako?
3. Kapag natutuksong isipin na hindi ako naririnig ng Dios, ano ang itinuturo ng pagsubok kay Jonas?
4. Bagaman nang maglaon ang Nineve ay nawasak, bakit hindi ito nangyari sa loob ng apatnapung araw?
5. Ano ang kinakailangan kong tandaan tungkol sa mga kaluluwa sa masasamang lungsod na malapit sa akin?

SABBATH, PEBRERO 21, 2026

LEKSIYON 8

# Ang Plano ng Dios sa Pagpapanumbalik

**SAULUHING TALATA:** “Oh bayan ko, anong ginawa ko sa iyo? at sa ano kita pinagod? sumaksi ka laban sa akin. Sapagka’t ikaw ay aking iniahon mula sa lupain ng Egipto, at tinubos kita sa bahay ng pagkaalipin” (Mikas 6:3, 4, unang bahagi).

**Iminumungkahing Babasahin:** *The Great Controversy,* pp. 253–264.

“Walang makalupang magulang ang nagsusumamo nang gayon kasidhi sa isang nagkasalang anak na gaya nang pagsusumamo ng Maylalang sa atin, sa mga sumasalangsang.”—Testimonies for the Church, vol. 8, p. 275.

## 1. ANG KRISIS SA JUDA

Lin, Peb 15

a. Anong mga pangyayari ang nagaganap sa Juda nang si Ahaz ay maupo sa trono? 2 Mga Hari 16:2–4.

“Ang pag-akyat ni Achaz sa trono ay nagdala kay Isaias at sa kaniyang mga kasamahan nang harap-harapan sa mga kalagayang lubos na nakakakilabot kaysa sa alinmang umiiral noon sa pamamahala ng Juda. Marami sa mga dating nakapanindigan sa mapang-akit na impluwensya ng pagsamba sa mga dios-diosan ay nahikayat na makibahagi sa pagsamba sa mga paganong dios. Ang mga prinsipe sa Israel ay nagpapatunay na hindi na matapat sa kanilang tungkulin; ang mga huwad na propeta ay nagsusulputan na may mga mensaheng mapanlinlang; kahit na ang ilan sa mga saserdote ay nagtuturo kapalit ang bayad. Gayunpaman, ang mga pinuno sa pag-apostasya ay nagpapatuloy pa rin sa mga anyo ng banal na pagsamba at inaangkin na sila ay kabilang sa bayan ng Dios.”—Prophets and Kings, p. 322.

b. Paano ang Dios tumugon sa mga kasuklamsuklam na gawaing ito? Jeremias 7:30–34.

“Dahil sa baluktot na pag-unawa sa banal na mga katangian, ang mga paganong bansa ay naakay na maniwala sa mga inihahandog na tao na kinakailangan upang makamit ang pagsang-ayon ng kanilang mga dios; at ang pinaka-nakakakilabot na kalupitan ay ginawa sa ilalim ng iba’t ibang anyo ng pagsamba sa dios-diosan. Kabilang sa mga ito ay ang pagsasagawa ng paglalakad ng kanilang mga anak sa apoy sa harap ng kanilang mga dios-diosan... Sa panahon ng matinding pagtalikod ang mga kasuklamsuklam na gawaing ito ay lumaganap, sa ilang antas, maging sa mga Israelita.”—Patriarchs and Prophets, p. 337.

## 2. MGA BABALA PARA SA NGAYON

Lun, Peb 16

a. Bukod kina Isaias at Jeremias, sino pa ang tinawag ng Dios upang manghula sa Juda—at bakit? Mikas 1:1–5; 2:1, 2, 7.

b. Sa paghahari ni Hezekias, na anak ni Achaz, paano hinarap ni Mikas ang mga huwad na propeta—at bakit kinakailangan din ito ngayon? Mikas 3:5–8; 2 Timoteo 4:3, 4.

"Kapag ang Dios ay nagpadala sa mga tao ng mga napakahalagang babala na sila ay kumakatawan bilang ipinahayag ng mga banal na anghel na lumilipad sa gitna ng langit, hinihiling Niya na ang bawat taong may kakayahan sa pangangatwiran ay makinig sa mensahe. Ang nakakatakot na mga paghatol laban sa pagsamba sa hayop at sa kanyang larawan (Pahayag 14:9–11), ay dapat na mag-udyok sa lahat sa masigasig na pag-aaral ng mga propesiya upang matutunan kung ano ang tanda ng hayop, at kung paano nila maiiwasang tanggapin ito. Subali't ang maraming mga tao ay inilalayo ang kanilang mga tainga mula sa pagdinig ng katotohanan at bumabaling sa mga katha. Si apostol Pablo ay nagpahayag, na tumitingin sa mga huling araw: 'Darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na aral.' 2 Timoteo 4:3. Ang panahong iyon ay ganap na darating. Ang karamihan ay hindi na nagnanais ng katotohanan ng Biblia, sapagkat ito ay nakakasagabal sa mga pagnanasa ng makasalanan, maibigin sa sanlibutang puso; at si Satanas ay nagbibigay ng mga panlilinlang na kanilang iniibig.

"Subali't ang Dios ay magkakaroon ng bayan sa lupa upang panatilihin ang Biblia, at ang Biblia lamang, bilang pamantayan ng lahat ng doktrina at batayan ng lahat ng mga pagbabago. Ang mga opinyon ng mga matatalinong tao, ang mga konklusyon ng agham, ang mga doktrina o mga desisyon ng mga konseho ng iglesia, na kasing dami at kasing gulo ng mga iglesiang kanilang kinakatawanan, maging ang tinig ng karamihan—ay walang isa o lahat ng ito ang dapat ituring na ebidensya para sa o laban sa anumang punto ng pananampalatayang panrelihiyon. Bago tanggapin ang anumang doktrina o tuntunin, dapat tayong humingi ng malinaw na 'Ganito ang sabi ng Panginoon' bilang patunay nito." — The Great Controversy, pp. 594, 595.

c. Ilarawan ang panganib na isiping tayo lamang ang matuwid. Mikas 3:9–12.

"[Sinipi sa Mikas 3:9–11.] Ang mga salitang ito ay matapat na naglalarawan sa mga masasama at mapagmatuwid sa sariling mga nananahan sa Jerusalem. Habang nag-aangking mahigpit nilang sinusunod ang mga tuntunin ng kautusan ng Dios, ay nilalabag nila ang lahat ng mga prinsipyo nito. . . . Sa kanilang pagpatay sa Tagapagligtas dahil sinaway Niya ang kanilang mga pagkakasala, ganoon din ang kanilang pag-aangkin nang pagiging matuwid sa sarili kung kaya't inaakala nila na ang kanilang sarili ang bayang kinalulugdan ng Dios at umaasang ililigtas sila ng Panginoon mula sa kanilang mga kaaway."—Ibid., p. 27.

## 3. ANG INIHULANG PAGPAPANUMBALIK



a. Ano ang dahilan ng pagkaantala ng hatol na inihula ni Mikas—at paano ito nagpapakita ng awa ng Dios? Jeremias 26:18, 19.

b. Anong pangako ang ibinibigay ng Dios sa mga nagtatagumpay—at paano ito tumutukoy sa pagsasauli ng Eden? Mikas 4:1, 2, 6–8.

"Si Satanas, sa pamamagitan ng kanyang tagumpay na ilayo ang tao mula sa landas ng pagsunod, ay naging 'dios ng sanlibutang ito.' 2 Corinto 4:4. Ang kapamahalaan na minsan ay dating kay Adan ay napunta sa mang-aagaw. Subali't ang Anak ng Dios ay nagpasyang pumarito sa lupa upang bayaran ang kaparusahan ng kasalanan, at sa gayon ay hindi lamang tubusin ang tao kundi bawiin ang naagaw na kapangyarihan. Tungkol sa pagsasauling ito ang propesiya ni Mikas nang sabihin niya, 'Oh moog ng kawan, na burol ng anak na babae ng Sion, ito sa iyo'y darating, oo, ang dating kapangyarihan ay darating,.' Mikas 4:8."—Prophets and Kings, p. 682.

"Ang pinakamalalim na interes na ipinapakita ng mga tao sa mga desisyon ng mga makalupang hukuman ay bahagyang naglalarawan lamang sa interes na ipinakikita sa mga makalangit na hukuman kapag ang mga pangalang nakasulat sa aklat ng buhay ay sinusuri sa harap ng Hukom ng buong kalupaan. Ang banal na Tagapamagitan ay naghaharap ng pagsusumamo na ang lahat ng nagtatagumpay sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang dugo ay patatawarin ang kanilang mga pagsalangsang, upang sila ay maibalik sa kanilang tahanan sa Eden, at makoronahan bilang mga kasamang tagapagmana ng Kaniyang sarili sa 'unang paghahari.' Mikas 4:8. Si Satanas sa kanyang pagsisikap na linlangin at tuksuhin ang ating lahi ay naiisip na hadlangan ang banal na layunin ng paglikha ng tao; subali't hinihiling ngayon ni Kristo na ang planong ito ay isakatuparan na parang ang tao ay hindi kailanman nagkasala. Humihingi Siya para sa Kanyang bayan hindi lamang ng kapatawaran at pag-aaring ganap, nang lubusan at ganap, kundi ng bahagi ng Kanyang kaluwalhatian at bahagi sa Kaniyang luklukan."—The Great Controversy, pp. 483, 484.

c. Paano inihula ni Mikas at ng iba pa ang huling tagumpay na ito? Mikas 4:10–12.

"Ang mga propeta kung kanino ipinahayag ang mga dakilang pangyayaring ito ay nagnanais na maunawaan ang kahalagahan nito. . . .

"Para sa atin na nakatayo sa mismong hangganan na ng kanilang katuparan, gaano kalalim ang kahulugan, gaano kahalaga, ang mga paglalarawang ito ng mga bagay na darating—mga pangyayaring kung saan, mula nang lumisan ang ating unang mga magulang mula sa Eden, ang mga anak ng Dios ay matagal nang nagbabantay at naghihintay, nananabik at nanalangin!"—Education, p. 183.

## 4. PAGBUBUHOS MULA SA LANGIT

Miy, Peb 18

a. Sa saganang pagbubuhos ng awa ng Dios, paano ang hula sa Mikas 5:1, 2 na naghahayag ng walang-hanggang pagka-Dios ni Kristo ay natupad—at gayunman paano nakakaligtaan ang kagandahan nito? Mateo 2:3–6.

"Sa pamamagitan ng mga patriarka at mga propeta, gayundin sa pamamagitan ng mga anino at mga simbolo, ang Dios ay nagpapahayag sa sanlibutan tungkol sa pagdating ng Tagapagligtas sa kasalanan. Isang mahabang hanay ng mga kinasihang hula ang tumutukoy sa pagdating ng 'nais ng lahat na bansa.' Hagai 2:7. Kahit na ang mismong lugar ng Kanyang kapanganakan at ang oras ng Kaniyang pagpapakita ay malinaw na itinakda. Ang Anak ni David ay dapat ipanganak sa lunsod ni David."—Prophets and Kings, p. 697.

"Sa panahon ng unang pagdating ni Kristo ang mga saserdote at mga eskriba ng Banal na Lunsod, na pinagkakatiwalaan ng mga aral ng Dios, ay maaari sanang makilala ang mga tanda ng mga panahon at ipahayag ang pagdating ng Isang Ipinangako. Ang propesiya ni Mikas ay itinuro ang lugar ng Kaniyang kapanganakan; si Daniel ay tinukoy ang panahon ng Kanyang pagdating. Micah 5:25. Daniel 9:25. Ang Dios ay ipinagkatiwala ang mga hulang ito sa mga pinunong Judio; sila ay wala nang maidadahilan kung hindi nila nalaman at naipahayag sa mga tao na ang pagdating ng Mesiyas ay malapit na. Ang kanilang kamangmangan ay bunga ng napakasamang pagpapabaya. Ang mga Judio ay nagtatayo ng mga monumento para sa mga pinatay na propeta ng Dios, samantalang sa kanilang paggalang sa mga dakilang tao sa lupa sila ay nagbibigay-pugay sa mga lingkod ni Satanas. Dahil sa kanilang labis na pag-aabala sa pakikipaglaban sa pagnanais sa posisyon at kapangyarihan sa mga tao, nakaligtaan nila ang mga banal na karangalan na iniaalok sa kanila ng Hari ng langit."—The Great Controversy, p. 313.

b. Ano ang inihayag bilang plano ng Dios para sa nalabi ng Israel? Mikas 5:7.

"Siya na may kapayapaan sa Diyos at sa kanyang mga kapwa tao ay hindi maaaring maging miserable. Ang inggit ay dapat wala sa kanyang puso; ang masasamang hinala ay dapat walang puwang doon; ang poot ay hindi maaaring umiral. Ang pusong kaayon ng Dios ay kabahagi ng kapayapaan ng langit at magpapakalat ng pinagpalang impluwensya nito sa buong paligid. Ang espiritu ng kapayapaan ay mananatili tulad ng hamog sa mga pusong pagod at nababagabag ng kaguluhan sa sanlibutan.

"Ang mga tagasunod ni Kristo ay ipinadala sa sanlibutan na may mensahe ng kapayapaan. Sinuman, sa pamamagitan ng tahimik, hindi namamalayang impluwensya ng isang banal na pamumuhay, ay maghahayag ng pag-ibig ni Kristo; sinuman, sa salita o gawa, ay umaakay sa iba upang talikuran ang kasalanan at ibigay ang kanyang puso sa Dios, ay isang tagapamayapa. . . .

"Ang matamis na samyo ni Kristo ay nakapaligid sa kanila. Ang halimuyak ng buhay, ang kagandahan ng katangian, ay nagpapakita sa sanlibutan ng katotohanan na sila ay mga anak ng Dios."—Thoughts From the Mount of Blessing, pp. 27-28.

## 5. ANG KATUWIRAN NG PANGINOON — Huw, Peb 19

a. Anong kahanga-hangang panawagan ang ginawa ni Mikas noong panahon ng paghahari ni Achaz, na nag-aanyaya sa nagkasalang Israel na manumbalik sa kanilang katapatan sa Dios? Mikas 6:2–5.

"Ang Dios ay may pakikipagtunggali sa lahat ng nagsasagawa ng kahit pinakamaliit na kawalan ng katuwiran; sapagkat sa paggawa nito ay tinatanggihan nila ang kapamahalaan ng Dios at isinasapanganib ang kanilang kapakinabangan sa pagtubos, ang pagtubos na ginawa ni Kristo para sa bawat anak na lalaki at babae ni Adan. Makakabuti ba ang landas na kasuklam-suklam sa Dios? Katanggap-tanggap ba ang maglagay sa iyong mga insensaryo ng ibang apoy upang ihandog sa harap ng Dios, at sabihing wala itong pagkakaiba?"—Testimonies to Ministers, p. 373.

b. Anong taos-pusong pagsusumamo ng maraming tao ang nais ng Dios na sagutin? Mikas 6:6, 7; Jeremias 8:22; Juan 1:29.

"Imposible para sa atin, sa ating sarili, na makatakas mula sa hukay ng kasalanan kung saan tayo nalulugmok. Ang ating mga puso ay masama, at hindi natin ito kayang baguhin. . . .

"Hindi sapat na maunawaan lamang ang kagandahang-loob ng Dios, na makita ang kabutihan, ang pagiging mapagmahal na Ama, ng Kanyang katangian. Hindi rin sapat ang pagkilala sa karunungan at katuwiran ng Kanyang kautusan, na makita na ito ay nakasalig sa walang hanggang prinsipyo ng pag-ibig. Si apostol Pablo ay nakita ang lahat ng ito nang siya ay sumigaw, 'Sumasangayon ako na mabuti ang kautusan.' ' Ang kautusan ay banal, at ang utos ay banal, at matuwid, at mabuti.' Subali't kaniyang idinagdag, sa matinding dalamhati ng kanyang kaluluwa at kawalan ng pag-asa, 'Ako'y sa laman, na ipinagbili sa ilalim ng kasalanan..' Roma 7:16, 12, 14, Hinangad niya ang kadalisayan, ang katuwiran, na kung saan sa kanyang sarili ay wala siyang kapangyarihang matamo, at sumigaw, 'Abang tao ako! sino ang magliligtas sa akin sa katawan nitong kamatayan?' Roma 7:24, margin. Gayon ang pagtangis na lumabas mula sa nabibigatang puso sa lahat ng lupain at sa lahat ng kapanahunan. Sa lahat, iisa lamang ang kasagutan, 'Narito, ang Cordero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan.' Juan 1:29."—Steps to Christ, pp. 18, 19.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Peb 20

1. Anong kasaysayan ang dapat nating isaalang-alang kapag naghahanda para sa ating pagsamba?
2. Ano ang dapat maging katangian ng mga doktrina ng iglesia ng Dios sa mga huling araw?
3. Bakit si Mikas ay napuno ng pag-asa para sa hinaharap?
4. Ipaliwanag ang kaibahan ng mga Judio noong panahon ni Kristo at ng huling nalalabing bayan.
5. Ano ang nagbibigay-daan sa Dios upang maabot ang puso ng Kanyang nagkakasalang mga anak?

# Nalalaman na Namin Kung Ano ang Nararapat Gawin!

**SAULUHING TALATA:** "Kaniyang ipinakilala sa iyo, Oh tao, kung ano ang mabuti; at ano ang hinihingi ng Panginoon sa iyo, kundi gumawa na may kaganapan, at ibigin ang kaawaan, at lumakad na may kababaan na kasama ng iyong Dios?" ( Mikas 6:8 ).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 4, pp. 306–313.

"Yaong may mapagpakumbaba, nagtitiwala, nagsisising puso, ay tinatanggap ng Dios, at dinirinig ang kanilang panalangin; at kapag ang Dios ay tumutulong, ang lahat ng mga balakid ay malalampasan."—Testimonies for the Church, vol. 4, p. 539.

## 1. SA MATA NG DIOS

Lin, Peb 22

a. Sa anong simpleng paliwanag inutusan ang propetang si Mikas na ipahayag sa maikling pananalita ang ating tungkulin sa Dios? Mikas 6:8.

"Ang mga salita at kautusan ng Dios, kapag nakasulat sa kaluluwa, at ipinapakita sa pagtatalaga, sa banal na pamumuhay, ay may makapangyarihang impluwensya upang hikayatin ang sanlibutan. Ang kasakiman, na isang uri ng pagsamba sa dios-diosan, at inggit, at pag-ibig sa sanlibutan, ay mawawala sa mga pusong masunurin kay Kristo, at magiging kaluguran nila ang gumawa na may kaganapan, at ibigin ang kaawaan, at lumakad na may kababaan na kasama ng ang Dios. Oh, gaano karami ang nasasaklaw nito, ang lumakad nang may pagpapakumbaba sa harap ng Dios! Ang kautusan ng Dios, kung nakasulat sa puso, ay magdadala sa isipan at kalooban sa pagpapasakop sa pagsunod kay Kristo."—Testimonies for the Church, vol. 3, p. 201.

b. Paano tayo pinapaalalahanan tungkol sa pangangailangan ng matapat na integridad? Mikas 6:11.

"Ang bahagyang paglihis mula sa katotohanan, ang kaunting pagbabago mula sa mga kahilingan ng Dios, ay inaakalang, pagkatapos ng lahat, ay hindi gaanong napakasama, lalo na kapag may kinalaman sa kita o pagkalugi. Subali't ang kasalanan ay kasalanan, maging itoy ginawa ng mga mayayaman o ng mga pulubi sa mga lansangan. Yaong mga nagkamit ng ari-arian sa pamamagitan ng maling pamamaraan ay nagdudulot ng kahatulan sa kanilang mga kaluluwa."—Ibid., vol. 4, p. 311.

a. Anong angkop na paglalarawan ang ibinigay sa kalagayan ng nag-aangking bayan ng Dios noong panahon ni Mikas? Mikas 7:2–4.

"Ito ay tunay ngang panahon ng matinding panganib para sa hinirang na bansa. Sa ilang maikling panahon na lamang, at ang sampung lipi ng kaharian ng Israel ay mangangalat sa mga bansa ng pagano. At sa kaharian ng Juda ang pag-asa ay madilim. Ang mga puwersa para sa kabutihan ay mabilis na nababawasan, habang patuloy namang lumalakas ang mga puwersa para sa kasamaan."—Prophets and Kings, p. 324.

b. Anong pananaw ang makakatulong sa atin na manatiling nakatuon sa ating pangangailangan sa Dios? Mikas 7:5–7; Awit 60:11.

c. Ilarawan ang mahalagang pag-asa na ang lahat ay may pribilehiyong makamtan sa pamamagitan ng pananampalataya. Mikas 7:8, 9.

"Ang plano ng kaligtasan ng langit ay sapat na napakalawak upang saklawin ang buong sanglibutan. Ang Dios ay nagnanais na hingahan ang nakahandusay na sangkatauhan ng hininga ng buhay. At hindi Niya pahihintulutang mabigo ang sinumang kaluluwa na matapat sa kanyang pananais sa isang bagay na mas mataas at mas marangal kaysa sa anumang bagay na maiaalok ng sanlibutan. Patuloy Siyang nagpapadala ng Kaniyang mga anghel sa mga taong, habang napapaligiran ng mga sitwasyong lubos na nakakapanghina ng kalooban, ay nananalangin nang may pananampalataya para sa kapangyarihang higit kaysa sa kanilang sarili upang angkinin sila at magdala ng kaligtasan at kapayapaan. Sa iba't ibang paraan ay ihahayag ng Dios ang Kanyang sarili sa kanila at ilalagay sila sa pakikipag-ugnayan sa mga probidensya na magpapatatag ng kanilang pagtitiwala sa Isa na nagbigay ng Kaniyang sarili bilang pantubos para sa lahat, 'Upang kanilang mailagak ang kanilang pagasa sa Dios, at huwag kalimutan ang mga gawa ng Dios, Kundi ingatan ang kaniyang mga utos.' Awit 78:7."—Prophets and Kings, pp. 377, 378.

d. Paano malinaw na itinatanghal ni Mikas ang katangian ng Dios? Mikas 7:18, 19.

---

"Maluwalhating katotohanan!—matapat sa Kaniyang sariling kautusan, at gayon pa man Siya pa rin ang Tagapag-aring ganap ng lahat ng sumasampalataya kay Jesus."—Thoughts From the Mount of Blessing, p. 116.

**a. Paano natin maibubuod ang sakdal na balanse ng katangian ng Dios? Nahum 1:3.**

"Siya na nananahan sa makalangit na santuwario ay humahatol nang matuwid. Ang Kanyang kaluguran ay higit sa Kaniyang bayan, na nakikipagpunyagi sa tukso sa mundo ng kasamaan, kaysa sa hukbo ng mga anghel na nakapaligid sa Kaniyang luklukan."—Christ's Object Lessons, p. 176.

"Ang pagpapahinuhod ng Dios ay kahanga-hanga. Matagal nang naghihintay ang katarungan habang ang awa ay nagsusumamo sa makasalanan."—Ibid., p. 177.

**b. Sa pagkaunawa na ang awa ng Dios ay napakahalaga sa ating pag-iral, ano pa ang kinakailangan nating dapat patuloy na isasaalang-alang? Nahum 1:5–8.**

"Ang Dios ay mapagpahinuhod, hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak; subali't ang Kaniyang pagpapahinuhod ay may hangganan, at kapag lumampas na sa hangganan, wala nang ikalawang pagkakataon. Ang Kanyang poot ay ibubuhos at Kaniyang lilipulin nang walang lunas.

"Kapag ang mga tao, na nasa kapangyarihan, ay nang-aapi at nanglalamang sa kanilang mga kapuwa tao, at walang makalupang hukuman ang makapagbibigay ng katarungan, ang Dios ay mamagitan sa kapakanan ng mga hindi makapagtatanggol ng kanilang sarili. Siya ay magpaparusa sa bawat gawa ng pang-aapi. Walang makalupang karunungan ang makakapagligtas sa mga gumagawa ng masama laban sa mga paghatol ng langit. At kapag ang mga tao ay nagtiwala sa makalupang kapangyarihan sa halip na sa kanilang Maylalang, kapag sila ay naging mapagmataas sa kapalaluan at pagtitiwala sa sarili, ang Dios sa Kanyang takdang panahon ay kasusuklaman sila."— The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], tomo 7, p. 946.

"Ang sanlibutan ay naging mapangahas sa pagsalangsang sa kautusan ng Dios. Dahil sa Kaniyang pagpapahinuhod, ang mga tao ay niyurakan ang Kanyang kapamahalaan. Pinalakas nila ang isa't isa sa pang-aapi at kalupitan sa Kaniyang pinakamana, na sinasabi, 'Paanong nalalaman ng Dios? At may kaalaman ba sa Kataastaasan?' Awit 73:11 . Subali't mayroong hangganan na hindi nila maaaring lampasan. Malapit na ang oras na maaabot nila ang itinakdang hangganan. Kahit ngayon ay halos lumampas na sila sa mga hangganan ng pagpapahinuhod ng Dios, sa mga hangganan ng Kaniyang biyaya, ang mga hangganan ng Kanyang awa. Ang Panginoon ay mamagitan upang ipagtanggol ang Kanyang sariling karangalan, upang iligtas ang Kaniyang bayan, at upang sugpuin ang paglaganap ng kasamaan."—Christ's Object Lessons, pp. 177, 178.

**c. Paano natin malalaman na ang kasalanan ay hindi na muling lilitaw sa bagong lupa? Nahum 1:9.**

a. Anong pangyayari ang inilalarawan ni Nahum na tumuturo sa mga huling araw bago ang muling pagbabalik ni Cristo—at ano ang dapat nating isaalang-alang bilang priyoridad sa mabilis na takbo ng mundo ngayon? Nahum 2:3, 4; Juan 9:4.

"Patunugin ang hudyat sa buong lupain. Sabihin sa mga tao na ang araw ng Panginoon ay malapit na, at nagmamadaling mainam. Huwag hayaang may maiwan na hindi nababababalaan....

"Wala na tayong oras na dapat masayang. Ang mga kapangyarihan ng kadiliman ay kumikilos nang may matinding sigasig, at sa palihim na paghakbang ay sumusulong si Satanas upang kunin ang mga natutulog ngayon, gaya ng lobo sa kanyang biktima. Mayroon tayong mga babala ngayon na maaari nating ibigay, isang gawain ngayon na maaari nating isagawa, subali't hindi magtatagal ito ay magiging mas mahirap kaysa sa ating inaakala. . . .

"Ang pagdating ng Panginoon ay mas malapit na kaysa noong una tayong nanampalataya. Ang malaking tunggalian ay malapit nang magtapos. Ang bawat ulat ng sakuna sa dagat o sa lupa ay isang patotoo sa katotohanan na ang katapusan ng lahat ng mga bagay ay malapit na. Ang mga digmaan at alingawngaw ng mga digmaan ay nagpapahayag nito. Mayroon bang Kristiyanong ang pulso ay hindi tumitibok ng mabilis habang inaabangan niya ang mga dakilang kaganapan na bubungad sa harapan natin?

"Dumarating ang Panginoon. Naririnig na natin ang mga yabag ng papalapit na Dios, habang Siya ay dumarating upang parusahan ang sanlibutan dahil sa kasamaan nito. Dapat nating ihanda ang daan para sa Kaniya sa pamamagitan ng pagganap ng ating bahagi sa paghahanda ng bayan para sa dakilang araw na iyon."—Evangelism, pp. 218, 219.

"Ang bawat kakayahang ipinahiram sa atin ng Dios, pisikal man, mental, o espirituwal, ay dapat na ingatang banal upang gawin ang gawaing itinalaga sa atin para sa ating kapwa tao na napapahamak sa kanilang kamangmangan."—Testimonies for the Church, vol. 7, p. 180.

"Ang bawat kaanib ng iglesia na may kaalaman sa katotohanan ay inaasahang gagawa habang may araw pa; sapagkat ang gabi ay dumarating, kung saan walang sinuman ang makakagawa."—Ibid., vol. 9, p. 26.

b. Ilarawan ang kahahantungan ng lahat ng tumatanggi sa awa ng Dios—na tatanggap ng Kanyang poot, gaya ng ipinakita sa Nineve ng Asiria. Nahum 2:8–11.

"Sa ganap na katumpakan ang Isang Walang-hanggan ay patuloy pa ring itinatala ang kalagayan mga bansa. Habang ang Kaniyang awa ay ibinibigay, na may mga panawagan ng pagsisisi, ang talaang ito ay nananatiling bukas; subali't kapag umabot na sa bilang na itinakda ng Dios, ang ministeryo ng Kanyang poot ay magsisimula na. Ang talaan ay sarado na. Ang banal na pagtitiis ay titigil na. Ang banal Awa ay hindi na nagsusumamo para sa kanilang kapakanan."—Prophets and Kings, p. 364.

## 5. ANG KASAYSAYAN AY NAUULIT MISMO | Huw, Peb 26

a. Paano inilalarawan ang pagbagsak ng Asiria—at bakit ito may mahalagang kaugnayan sa kasalukuyang panahon? Nahum 3:7, 12, 13, 18, 19.

“Dakila ang kaluwalhatian ng kaharian ng Asiria; at matindi rin ang pagbagsak nito.”—Prophets and Kings, p. 365.

“Ang kapalaluan ng Asiria at ang pagbagsak nito ay magsisilbing aral hanggang sa katapusan ng panahon. Sa mga bansa sa kalupaan ngayon na sa pagmamataas at kapalauan ay naggaganyak ng kanilang sarili laban sa Kaniya, ang Dios ay nagtatanong, ‘Sino ang gaya mong ganito sa kaluwalhatian at sa kalakhan sa gitna ng mga punong kahoy sa Eden? gayon ma’y mabababa ka na kasama ng mga punong kahoy sa Eden, sa pinakamalalim na bahagi ng lupa. ’ ”—Ibid., p. 366.

b. Paano ang kahalintulad na pangyayari ay muling magaganap sa nalalapit ng panahon? Pahayag 18:7–11, 15–18.

“[Pahayag 18:11, 3, 15–17 ay sinipi.] Gayon ang mga kahatulan na bumagsak sa Babilonia sa araw ng pagdalaw ng poot ng Dios. Naabot niya ang sukdulang sukat ng kanyang kasamaan, ang kanyang panahon ay dumating na, siya ay hinog na para sa pagkawasak.

“Kapag ang tinig ng Dios ay bumaling upang palayain sa pagkabihag ng Kaniyang bayan, may magaganap na isang nakakakilabot na pagkagising ng mga nawalan ng lahat sa matinding tunggalian ng buhay. Habang ang pintuan ng awa ay nagpapatuloy sila ay nabubulag ng mga panlilinlang ni Satanas, at binibigyan nila ng katwiran ang kanilang makasalanang landas. Ipinagmamalaki ng mayayaman ang kanilang sarili sa kanilang kalamangan sa mga hindi gaanong pinagpala; subali’t nakamit nila ang kanilang kayamanan sa pamamagitan ng paglabag sa kautusan ng Dios. Kinaligtaan nilang pakainin ang mga nagugutom, bihisan ang hubad, gumawa na may kaganapan, at ibigin ang kaawaan. Sinikap nilang itaas ang kanilang sarili at makuha ang papuri ng kanilang kapwa nilalang. Ngayon sila ay aalisan ng lahat na nagpapadakila sa kanila at maiiwan silang naghihirap at walang magtatanggol. Titingnan nila nang may pagkatakot ang pagkawasak ng mga dios-diosan na kanilang pinili kaysa sa kanilang Maylalang.”—The Great Controversy, pp. 653, 654.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL | Biy, Peb 27

1. Ayon sa Mikas 6:8, anong tatlong simpleng mga bagay ang hinihiling sa atin?
2. Bakit may pag-asa pa rin kahit na ang pinakamasamang makasalanan?
3. Bakit ang pagpapakumbaba ay isang mahalagang katangiang pinahahalagahan ng Dios, lalo na sa kasalukuyan?
4. Dahil marami sa ngayon ang napapahamak tulad sa kinahantungan ng Nineveh, ano ang dapat nating unahing gagawin?
5. Sa anong punto ang pagbagsak ng Babilonia ay nauugnay sa pagbabalewala sa Mikas 6:8?

# Handog sa Unang Sabbath
**Sabbath, Marso 7, 2026**



## Maranhão Piauí Field (AMAPI) Headquarters, Brazil

Sa hilagang-silangan ng Brazil, ang mga estado ng Maranhão at Piauí, na magkasama, ay tahanan ng humigit-kumulang 10.4 milyong mga naninirahan, na nakakalat sa isang teritoryo na humigit-kumulang 224,282 milya kwadrado (581,406 km2). Ang klima dito ay mula sa mainit hanggang tropikal at medyo tuyot, na may iba;t-ibang uri ng mga halaman tulad ng mga katutubong palma, bakawan, kagubatan ng Amazon, cerrado, at caatinga.

Ang unang simbahan sa Reform Movement sa rehiyong ito ay itinatag noong 1960, sa lungsod ng Bacabal, Maranhão. Sa paglaki ng bilang ng mga kaanib at pagtatatag ng mga bagong simbahan sa mga estadong ito, ang Maranhão Piauí Field (AMAPI) ay inorganisa noong 2016 na may humigit-kumulang 530 na mga kaanib.

Bilang isang Field, kinakailangan nating magtayo ng mga opisina sa pamamahala, mga matutuluyang gusali, at isang auditorium. Para sa pagtatapos ng bagong headquarter, umaasa kami sa kagandahang loob at pagkamatulungin ng ating mga minamahal na mga kapatid sa buong sanlibutan.

“Ang Dios ay hindi umaasa sa mga tao para sa pagsulong ng Kaniyang layunin. Maaari Niyang gawing mga anghel ang mga kinatawan ng Kaniyang katotohanan. Maaari Niyang ipahayag ang Kaniyang kalooban, gaya ng Kaniyang pagpahayag sa kautusan mula sa Sinai gamit ang Kaniyang sariling tinig. Subali’t upang linangin ang espiritu ng kabaitan sa atin, pinili Niya na gumamit ng mga tao para gawin ang gawaing ito. Ang bawat pagsasakripisyo ng sarili para sa ikabubuti ng iba ay magpapalakas ng espiritu ng kabutihan sa puso ng nagbibigay, na lalo siyang inilalapit sa Manunubos ng sanlibutan, na ‘bagaman siya’y mayaman, gayon ma’y nagpakadukha dahil sa inyo, upang sa pamamagitan ng kaniyang karukhaan ay magsiyaman kayo.’ At kapag natupad lamang natin ang banal na layunin sa paglalang sa atin, ang buhay ay maaaring maging isang pagpapala sa atin. Ang lahat ng mabubuting kaloob ng Dios sa tao ay magpapatunay lamang ng isang sumpa, maliban na lamang kung gagamitin niya ang mga ito upang pagpalain ang kanyang kapwa, at para sa pagsulong ng layunin ng Dios sa lupa.”—The Review and Herald, Disyembre 7, 1886.

Kapag nakarating na sa inyo ang panawagang ito, mangyaring alalahanin ang mga pagpapalang ipinagkakaloob sa matapat na katiwala at inaanyayahan namin kayo na makipagtulungan sa amin sa gawaing ito—na sa pamamagitan ng biyaya ng Dios ay magiging napakahalaga para sa paglago at pagpapatuloy ng gawain sa Larangang ito. “Iniibig ng Dios ang nagbibigay na masaya” (2 Corinto 9:7).

*Ang inyong mga kapatid mula sa Maranhão Piauí Field*

# Paggalang sa Isang Lubos na Nakakaalam ng Lahat

**SAULUHING TALATA:** "Nguni't ang Panginoo'y nasa kaniyang banal na templo: tumahimik ang buong lupa sa harap niya" (Habakkuk 2:20).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 5, pp. 491–500.

"Ang paggalang sa bahay ng Dios ay halos naglalaho na. . . . Subali't tayo ay maraming dahilan upang mapanatili ang taimtim, matapat na espiritu sa pagsamba sa Dios. Tayo ay may sapat na dahilan na maging mas lalong maingat at mapitagan sa ating pagsamba kaysa sa mga Judio noon." - Testimonies for the Church, vol. 5, p. 495.

## 1. ISANG MALAKING TANONG

Lin, Mar 1

a. Ano ang ipinahayag ni propeta Habakuk sa kaniyang pambungad na panalangin sa Dios? Habakuk 1:1–4.

"Mula sa pananaw ng tao ang banal na layunin para sa piniling bansa ay tila halos imposibleng maisakatuparan. Ang pag-apostasiya ng mga nakaraang siglo ay nagtipon ng lakas sa paglipas ng mga taon; sampu sa mga lipi ay nangalat sa mga bansang pagano; tanging ang mga lipi ni Juda at Benjamin ang natira, at maging ang mga ito ngayon ay tila nasa bingit ng moral at pambansang pagkawasak. Ang mga propeta ay nagsimulang maghula ng lubos na pagkawasak ng kanilang magandang lungsod, kung saan nakatayo ang templong itinayo ni Solomon, at kung saan ang lahat ng kanilang makalupang pag-asa ng pambansang kadakilaan ay nakatuon. Maaari kayang talikuran ng Dios ang Kanyang ipinangakong layunin na magdala ng kaligtasan sa mga nagtitiwala sa Kanyia? Sa harap ng matagal nang nagpapatuloy na pag-uusig sa mga matuwid, at ng tila kasaganaan ng masasama, makakaasa kaya ang mga nanatiling matapat sa Dios ng mas mabuting mga araw? Ang mga nakakabahalang tanong na ito ay ipinahayag ng propetang si Habakkuk."—Prophets and Kings, pp. 384, 385.

b. Paano tumugon ang Panginoon? Habakuk 1:6–11.

## 2. PAGTITIIS SA PAGHIHINTAY



a. Bakit handang tanggapin ni Habakkuk ang plano ng Dios? Habakuk 1:12, 13.

"Ang Dios ay sinagot ang daing ng Kaniyang matapat na mga anak. Sa pamamagitan ng Kanyang piniling tagapagsalita ay ipinahayag Niya ang Kanyang pasya na parusahan ang bansang tumalikod sa Kaniya upang maglingkod sa mga dios ng mga pagano. Sa buhay ng ilan na noon pa man ay nagtatanong tungkol sa hinaharap, Maari Niyang mahimalang hubugin ang mga gawain ng mga makapangyarihang mga bansa sa lupa at dalhin ang Babylonia sa pangingibabaw. Ang mga Caldeong ito, na 'nakakatakot at kakila-kilabot,' ay biglang babagsak sa lupain ng Juda bilang isang parusang itinalaga ng Dios."—Prophets and Kings, p. 385.

b. Anong aral ang ibinigay sa propeta ang lubos na naaangkop sa karanasan ng mga unang Advent pioneers? Habakuk 2:1–4.

"Nang lumipas ang panahong inaasahan nang unang pagdating ng Panginoon—noong tagsibol ng 1844—ang mga umasa nang may pananampalataya sa Kaniyang pagpapakita ay pansamantalang nabalot ng pag-aalinlangan at kawalan ng katiyakan. Bagama't itinuturing sila ng sanlibutan bilang lubos na nabigo at nalinlang, ang pinagmumulan ng kanilang kaaliwan ay ang salita pa rin ng Dios. Marami ang nagpatuloy sa pagsasaliksik sa mga Kasulatan, muling sinusuri ang mga katibayan ng kanilang pananampalataya at maingat na pinag-aralan ang mga propesiya upang makamit ang karagdagang liwanag. . . .

"Kaakibat ng mga propesiyang nauugnay na itinuring nilang naaangkop sa panahon ng ikalawang pagdating ay ang pagtuturo na sadyang iniangkop sa kanilang kalagayan ng kawalan ng katiyakan at pag-aalinlangan, at hinihikayat silang maghintay nang may pagtitiis sa pananampalataya na kung ano man ang sa ngayon ay madilim sa kanilang pang-unawa ay magiging malinaw sa takdang panahon. Kabilang sa mga propesiyang ito ay ang Habakkuk 2:1–4. . . .

"Noong unang bahagi ng 1842 ang tagubiling ibinigay sa propesiyang ito na ' Isulat mo ang pangitain, at iukit mo na malinaw sa mga tapyas na bato upang makatakbo ang bumabasa niyaon,' ay nagmungkahi kay Charles Fitch ng paghahanda ng isang tsart ng propesiya upang ilarawan ang mga pangitain ni Daniel at ng Apocalipsis. Ang paglalathala ng tsart na ito ay itinuring na katuparan ng utos na ibinigay ni Habakkuk. Walang sinuman, gayunpaman, ang nakapansin na ang tila pagkaantala sa katuparan ng pangitain—ang panahon ng paghihintay—ay ipinakita rin sa parehong propesiya."— The Great Controversy, pp. 391, 392.

### a. Paano ang Habakkuk 2:4 pinalalakas ang mga mananampalataya sa bawat henerasyon? Roma 1:16, 17.

"Ang pananampalatayang nagpatatag kay Habakkuk at sa lahat ng mga banal at matuwid sa mga panahon ng matinding pagsubok ay ang parehong pananampalataya na nagpapanatili sa bayan ng Dios sa kasalukuyan. Sa pinakamadilim na oras, sa ilalim ng mga pinakamahirap na kalagayan, ang Kristiyanong mananampalataya ay maaaring panatilihin ang kanyang kaluluwa na matatag sa pinagmumulan ng lahat ng liwanag at kapangyarihan. Sa araw-araw, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Dios, ang kanyang pag-asa at lakas ng loob ay maaaring mapanumbalik. 'Ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng kaniyang pananampalataya.' Sa paglilingkod sa Dios ay hindi kailangang mawalan ng pag-asa, walang pag-aalinlangan, walang pagkatakot. . . .

"Dapat nating pahalagahan at linangin ang pananampalataya na pinatotohanan ng mga propeta at mga apostol—ang pananampalataya na nanghahawakan sa mga pangako ng Dios at naghihintay para sa pagliligtas sa Kaniyang itinakdang panahon at paraan."—Prophets and Kings, pp. 386, 387.

### b. Kapag natutuksong mag-alinlangan o mahulog sa kapangahasan, ano ang dapat nating laging tatandaan? Panaghoy 3:25, 26; Habakuk 2:20.

"Ang panahon ng paghihintay ay maaaring tila nagtatagal, ang kaluluwa ay maaaring pahirapan ng nakakapanghina ng kaloobang mga kalagayan, marami sa kanila na ang pinagkakatiwalaan ay maaaring bumagsak sa daan; subali't kasama ng propeta na nagsisikap na palakasin ang loob ng Juda sa panahon ng matinding pagtalikod, buong pagtitiwala nating ipahayag, 'Ang Panginoo'y nasa kaniyang banal na templo: tumahimik ang buong lupa sa harap niya.' "—Ibid pp. 387, 388.

"Ang tunay na paggalang sa Dios ay pinasisigla ng pagkadama ng Kaniyang walang hanggang kadakilaan at ang pagpapahalaga sa Kaniyang presensya."—Education, p. 242.

"'Banal at kagalang-galang ang Kanyang pangalan.' Palm 111:9, Ang mga anghel, habang sinasambit nila ito, ay nagtatakip sa kanilang mga mukha. Gaano dapat ang ating paggalang, tayong mga nahulog at makasalanan, sa pagbigkas ng Kaniyang pangalan!

"Dapat nating igalang ang Salita ng Dios. Para sa nakalimbag na babasahin ay dapat tayong magpakita ng paggalang, huwag itong gamitim sa karaniwang layunin, ni hawakan nang walang pag-iingat." - Child Guidance, p. 538.

"Mga magulang, mag-ingat kung anong mga halimbawa at kung anong mga ideya ang inyong ibinibigay sa inyong mga anak. Ang kanilang mga isipan ay madaling hubugin, at ang mga impresyon ay madaling naitatatak. Tungkol sa paglilingkod sa santuwario, kung ang tagapagsalita ay may dungis, matakot na banggitin ito. Pag-usapan lamang ang mabubuting gawaing kanyang ginagawa, ang mabubuting kaisipan na kanyang ibinabahagi, ang dapat ninyong pakingggan bilang mensahe mula sa kinatawan ng Dios. Madaling makita ang dahilan kung bakit ang mga bata ay hindi gaanong naaantig sa ministeryo ng Salita at kung bakit sila ay may napakakaunting paggalang sa bahay ng Dios. Ang kanilang edukasyon ay may depekto sa bagay na ito."—Ibid., p. 545.

## 4. HABANG TUMITINDI ANG MGA PAGSUBOK . . .

a. Anong taimtim na panalangin ni Habakkuk ang dapat nating muling ipahayag ngayon? Habakuk 3:2.

“Kinakailangan ngayon ng buong pusong pagbabago ng espirituwal gaya ng naranasan ng sinaunang Israel. Ang pagsisisi ang unang hakbang na dapat gawin ng lahat na nais manumbalik sa Dios. Walang sinuman ang maaaring makagawa ng gawaing ito para sa iba. Kinakailangan natin bawat isa na ipagpakumbaba ang ating mga kaluluwa sa harapan ng Dios at iwaksi ang ating mga dios-diosan. Kapag nagawa na natin ang lahat ng ating makakaya, ang Panginoon ay ipapakita sa atin ang Kaniyang pagliligtas.”—Patriarchs and Prophets, p. 590.

b. Kahit na sa harap ng matitinding mga pagsubok at mga kahirapan, ano dapat ang patuloy na maging katangian ng ating pananampalataya—at bakit? Habakuk 3:17–19; Filipos 2:14, 15.

“Hayaang sabihin ng mga nahihirapan, at lubhang sinusubok, na ‘Bagaman ako’y patayin Niya, gayon pa man ay magtitiwala pa rin ako sa Kaniya.’ ”—Counsels to Parents, Teachers, and Students, p. 317.

“Ang dugong nagsusumamo ni Kristo ay nagsasanggalang sa makasalanan mula sa pagtanggap ng buong sukat ng kanyang pagkakasala; subali’t sa huling paghatol, ang poot ay ibubuhos na walang halong awa. . . .

“Ang bayan ng Dios ay hindi magiging ligtas sa pagdurusa; subali’t habang pinag-uusig at napipighati, habang sila ay naghihirap dahil sa kakapusan at nagtitiis dahil sa kakulangan ng pagkain, hindi sila pababayaan na mapahamak. Ang Dios na nangalaga kay Elias ay hindi magpapabaya sa isa sa Kanyang mga anak na nagsasakripisyo sa sarili. Siya na nakakabilang ng mga buhok sa kanilang ulo ay mangangalaga sa kanila, at sa panahon ng taggutom sila ay bubusugin. Habang ang masasama ay namamatay sa gutom at salot, ang mga anghel ay magsasanggalang sa mga matuwid at magbibigay ng kanilang mga pangangailangan.”—The Great Controversy, p. 629.

c. Sino pang ibang propeta ang itinaas sa panahong ito upang magdala ng mga mensaheng nauugnay din sa ating panahon? Zefanias 1:1.

“Hindi lamang si Habakkuk ang siyang binigyan ng mensahe ng maliwanag na pag-asa at ng hinaharap na tagumpay gayundin ng kasalukuyang paghatol. Sa panahon ng paghahari ni Josias ang salita ng Panginoon ay dumating kay Zefanias, na malinaw na tinukoy ang mga resulta ng patuloy na pagtalikod, at tinatawag ang pansin ng tunay na iglesia sa maluwalhating pag-asa na naghihintay. Ang kanyang mga propesiya ng nalalapit na paghatol sa Juda ay naaangkop nang may katumbas na puwersa sa mga paghatol na bubuhos sa isang daigdig na hindi nagsisisi sa panahon ng ikalawang pagparito ni Kristo.”—Prophets and Kings, p. 389.

## 5. ISANG MAPAMINSALA, MAPANLINLANG NA BITAG — Huw, Mar 5

a. Anong nakakalungkot na mensahe ang naglalahad ng katunayan ng poot ng Dios laban sa huwad na pagsamba at sa mga nagtataguyod nito? Zefanias 1:2–6.

b. Bagama't maaaring ipagpalagay ng isang tao na siya'y sumusunod sa Dios, anong mga ugali ang nagpapakita ng matinding paghihimagsik na nakatago sa puso? Zefanias 1:12, 13; Mateo 24:48–51.

"Ang mga taong pinagkatiwalaan ng Dios ng sagrado, solemneng, pagsubok na mga katotohanan para sa panahong ito ay natutulog sa kanilang tungkulin. Sinasabi nila sa kanilang mga gawa: Nasa amin ang katotohanan; kami ay 'mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi nangangailangan ng anoman;' habang ang Tapat na Saksi ay nagpapahayag: 'Hindi mo nalalaman ikaw ang aba, at maralita, at dukha at bulag, at hubad.

"Napakatapat ng paglalarawan ng mga salitang ito sa kasalukuyang kalagayan ng iglesia: 'Hindi mo nalalaman na ikaw ang aba, at maralita, at dukha at bulag, at hubad.' Ang mga mensahe ng babala, na idinidikta ng Banal na Espiritu, ay ipinapahayag ng mga lingkod ng Dios, ang mga depekto ng pag-uugali ay ipinapakita sa mga nagkakasala; subali't sinasabi nila: 'Hindi iyan ang aking kalagayan. Hindi ko tatanggapin ang mensaheng dinadala mo. Ginagawa ko ang lahat ng aking makakaya. Naniniwala ako sa katotohanan.'

"Ang masamang aliping yaon na nagsasabi sa kanyang puso, 'Magtatagal ang aking Panginoon,' ay nag-aangking naghihintay kay Kristo. Siya ay isang 'lingkod,' sa panlabas ay tila matapat sa paglilingkod sa Dios habang sa puso ay nagpapasakop kay Satanas. Hindi siya, tulad ng mapanuya, na lantarang itinatanggi ang katotohanan, subali't sa kanyang buhay ay nahahayag ang damdamin ng puso—na ang pagdating ng Panginoon ay magtatagal. Ang kapangahasan ay nagiging sanhi ng kawalang-ingat sa mga bagay na may kaugnayan sa walang hanggang kapakinabangan. Tinatanggap niya ang mga prinsipyo ng sanlibutan at umaayon sa mga kaugalian at gawi nito. Ang pagkamakasarili, makamundong pagmamataas, at ambisyon ay nangingibabaw. Dahil sa takot na ang kanyang mga kapatid ay maaaring tumayo nang mas mataas sa kanyang sarili, sinisimulan niyang pintasan ang kanilang mga pagsisikap at pagdudahan ang kanilang mga layunin. Sa ganitong paraan sinasaktan niya ang kanyang mga kapwa lingkod."—Testimonies for the Church, vol. 5, pp. 101, 102.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Mar 6

1. Kung nalilito sa mga pamamaraan ng Dios, ano ang dapat kong matutunan sa mga panalangin ni Habakkuk?
2. Sino sa aking mga kakilala ang magpapahalaga sa isang chart ng pagkakasunod-sunod na pangyayari ng propesiya?
3. Anong mga aspeto ng aking ugali sa bahay ng Dios ang dapat pagbutihin?
4. Bakit mahalaga para sa akin na labanan ang tuksong magbulung-bulong at magreklamo?
5. Kapag sinasaway, bakit mahalaga para sa akin na maglaan ng panahon sa malalim na pagsasaliksik ng puso?

# Maging Maingat upang Maluwalhati ang Dios

**SAULUHING TALATA:** "Ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo, Gunitain ninyo ang inyong mga lakad" (Haggai 1:7).

**Iminumungkahing Babasahin:** *Testimonies for the Church,* vol. 9, pp. 92–96.

"Hindi kayo dapat magpaliban, kundi suriing mabuti ang inyong sariling puso at mamatay sa sarili araw-araw."—Testimonies for the Church, vol. 3, p. 336.

## 1. DALAWANG URI

Lin, Mar 8

**a. Ilarawan ang masalimuot na kaganapan ang malapit nang maganap. Zefanias 1:14–18.**

"Yaong mga gumagawa na may pagkatakot sa Dios upang alisin ang mga sagabal sa iglesia at ituwid ang mga mabibigat na pagkakamali, upang makita ng bayan ng Dios ang pangangailangang kamuhian ang kasalanan at lumago sa kadalisayan, at upang ang pangalan ng Dios ay maluwalhati, ay palaging makakatagpo ng pagsalungat sa mga hindi lubos na nakatalaga. Sa gayon inilalarawan ni Zefanias ang tunay na kalagayan ng uring ito at ang nakakakilabot na mga paghatol na darating sa kanila."—Testimonies for the Church, vol. 3, pp. 270, 271.

"[Sinipi sa Zefanias 1:2, 3, 8–18.] Magkakaroon ng sunud-sunod na mga pangyayari na maghahayag na ang Dios ang ganap na may kontrol sa mga sitwasyon. Ang katotohanan ay ipapahayag sa malinaw at maliwanag na wika. Bilang bayan ng Dios kinakailangan nating ihanda ang daan ng Panginoon sa ilalim ng nanaig na patnubay ng Banal na Espiritu. Ang ebanghelyo ay dapat ibigay sa kadalisayan nito. Ang bukal ng tubig na buhay ay dapat lumalim at lumawak sa pag-agos nito. Sa lahat ng larangan, sa malapit at malayo man, ang mga tao ay tatawagin mula sa pag-araro at sa mga karaniwang hanapbuhay na lubos na sumasakop sa isipan, at tuturuan na may kaugnayan sa mga taong may karanasan. Habang natututo silang gumawa ng may kahusayan, ipapahayag nila ang katotohanan nang may kapangyarihan. Sa pamamagitan ng pinaka-nakakamanghang mga gawa ng banal na probidensya, ang mga bundok ng kahirapan ay aalisin at itatapon sa dagat. Ang mensahe na napakahalaga sa mga nananahan sa lupa ay maririnig at mauunawaan. Malalaman ng mga tao kung ano ang katotohanan. Patuloy na susulong at uusad ang gawain hanggang sa ang buong kalupaan ay mababalaan, at kung magkagayo'y darating ang wakas."—Ibid., tomo 9, p. 96.

## 2. PANGANGALAGA AT PROTEKSYON

Lun, Mar 9

a. Ano ang susi sa proteksyon ng Dios sa darating na krisis? Zefanias 2:1–3, 15; 2 Corinto 7:1.

“Ang Dios ay hinihiling sa Kaniyang bayan na linisin ang kanilang mga sarili mula sa lahat ng karumihan ng laman at espiritu, na pakasakdalin ang kabanalan sa pagkatakot sa Dios. Ang lahat ng mga nagbabalewala at naghahanap ng dahilan sa kanilang sarili upang umiwas sa gawaing ito, na naghihintay sa Panginoon na gawin para sa kanila ang mga bagay na Kaniyang hinihiling sa kanila na gawin nila mismo sa kanilang sarili, ay masusumpungang kulang habang ang maamo sa lupa, na nagsisigawa ng ayon sa Kanyang mga kahatulan, ay malilingid sa araw ng galit ng Panginoon.”—Testimonies for the Church, vol. 1, p. 619.

“Sa araw ng Panginoon, bago ang pagdating ni Kristo, ang Dios ay magpapadala ng mga kidlat mula sa Langit tanda ng Kaniyang poot, na sasama sa apoy sa lupa. Ang mga bundok ay magliliyab na parang hurno, at magbubuga ng nakakakilabot na agos ng lava, na sisira sa mga halamanan at mga bukid, mga nayon at mga lungsod; at habang ibinubuhos nila ang kanilang natutunaw na mineral, ang mga bato at mainit na putik sa mga ilog, ay magpapakulo sa kanila gaya ng isang palayok, at magpapalabas ng malalaking bato at magsasambulat ng mga pira-pirasong tipak sa lupa nang may hindi mailarawang kapinsalaan. Ang buong ilog ay matutuyo. Ang lupa ay manginginig, at magkakaroon ng nakakakilabot na pagsabog at lindol sa lahat ng dako. Ang Dios ay magpapadala ng salot sa mga masasamang naninirahan sa lupa hanggang sa sila ay malipol. Ang mga banal ay iingatan sa lupa sa gitna ng mga nakakakilabot na kaguluhang ito, gaya ni Noe na iningatan sa loob ng arka noong panahon ng pagkagunaw.” — Spiritual Gifts, vol. 3, pp. 82, 83.

b. Kumpara sa mga may mababaw lamang na pananampalataya, ano ang katangiang taglay ng mga matapat na mananampalataya sa Dios? Zefanias 3:1–4, 12, 13.

c. Paano ni Zefanias ipinahayag ang dakilang pag-asa—at ang misyon—alang-alang sa matapat na bayan ng Dios sa lahat ng bahagi ng sanglibutan? Zefanias 3:14–16.

“Ang buong kalangitan ay may pagnanais, hindi lamang sa mga lupain na malapit at nangangailangan ng ating tulong, kundi sa mga lupain na nasa malayo. Ang mga makalangit na nilalang ay nakatingin at naghihintay para sa mga ahensya ng tao na maantig ng malalim sa mga pangangailangan ng kanilang mga kapwa manggagawa na nasa kalituhan at pagsubok, sa kalungkutan at pagkabalisa.” - Testimonies for the Church, vol. 6, p. 459.

## 3. KAALIWAN PARA SA MATAPAT NA NALABI 

a. Anong mga paglalarawan ang nagpapakita ng lalim ng pag-ibig ng Dios sa Kaniyang mga anak—at paano din natin ito dapat ipapakita? Zefanias 3:17; 2 Corinto 1:3, 4.

"[Ang Dios] ay dadalhin ka sa Kanyang bahay ng pigingan, at ang kaniyang watawat sa akin ay pagsinta. (Awit ni Solomon 2:4.) 'Kung ikaw ay lalakad sa aking mga daan,' Kanyang ipinahayag, 'Bibigyan kita ng kalalagyan sa gitna ng mga ito na nangakaharap.'—maging sa gitna ng mga banal na anghel na nakapalibot sa Kanyang luklukan. . . . At ang langit at lupa ay magsasama-sama sa awit ng kagalakan ng Ama: 'Sapagka't itong aking anak ay namatay, at nabuhay na muli; siya ay nawala, at nasumpungan.' "—Christ's Object Lessons, pp. 206, 207.

"Ang mga anghel ng Dios, na libu-libo, at sampung libong ulit ng sampung libo, ay inatasang maglingkod sa mga magiging tagapagmana ng kaligtasan. Binabantayan nila tayo laban sa kasamaan at pinipigilan ang mga kapangyarihan ng kadiliman na nagsisikap na tayo ay wasakin. Wala ba tayong dahilan upang maging mapagpasalamat sa bawat sandali, magpasalamat kahit sa gitna ng mga kahirapan sa ating landas?

"Ang Panginoon Mismo ang ating katulong. 'Umawit ka, Oh anak na babae ng Sion; humiyaw ka; Oh Israel; ikaw ay matuwa at magalak ng buong puso, Oh anak na babae ng Jerusalem.' 'Ang Panginoon mong Dios ay nasa gitna mo, na makapangyarihan na magliligtas; siya'y magagalak dahil sa iyo na may kagalakan; siya'y magpapahinga sa kaniyang pagibig; siya'y magagalak sa iyo na may pagawit. Zefanias 3:14, 17. Ito ang patotoong nais ng Panginoon na ibahagi natin sa sanlibutan. Ang papuri sa Kaniya ay dapat patuloy na nasa ating mga puso at sa ating mga labi.

"Ang gayong patotoo ay magkakaroon ng impluwensya sa iba. Habang sinisikap nating ilayo ang mga tao mula sa kanilang pagpapakabuyo sa sarili para sa paghahanap ng kaligayahan, dapat nating ipakita sa kanila na mayroon tayong mas mabuting bagay na natagpuan kaysa sa kanilang inaasam."—Testimonies for the Church, vol. 6, p. 63, 64.

b. Ilarawan pa nang mas malalim ang mahabaging pangangalaga ng Dios sa Kaniyang mga anak na inuusig dahil sa kanilang pagtanggi na labagin ang Kanyang kautusan ng kalayaan. Zefanias 3:18–20; Ezekiel 9:3, 4 .

"Tandaan ang puntong ito nang may pag-iingat: Yaong mga tumatanggap ng dalisay na tanda ng katotohanan, na ginawa sa kanila sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, na kinakatawanan ng isang tanda ng taong nakasuot ng kayong lino, ay yaong 'mga taong nangagbubuntong-hininga at nagsisidaing dahil sa lahat na kasuklamsuklam na nagawa' sa iglesia. Ang kanilang pag-ibig para sa kadalisayan at karangalan at kaluwalhatian ng Dios ay gayon kalalim, at sila ay may napakalinaw na pananaw sa labis na kasamaan ng kasalanan, kaya sila ay inilalarawan bilang nasa matinding paghihirap, na nagbubuntong-hininga at nagsisidaing." – Testimonies for the Church, vol. 3, p. 267.

a. Nang si Hagai ay tawagin bilang propeta, ano ang pangyayaring nagaganap noon—at ano ang dapat nating matutunan mula sa sitwasyong iyon? Hagai 1:1–4.

"Ang pananalitang, 'Ang bayang ito'y nagsasabi,' ay may mahalagang kahulugan. Sa oras ng kanilang pagkakataon, ang mga Israelita ay hindi nagpakita ng kanilang kagustuhang sumunod. Ang agarang pagsunod ay inaasahan sa mga pinipili at pinangungunahan ng Panginoon. Ang mga pakiusap na magpaliban ay isang kalapastanganan sa Dios. At gayon pa man, ang mga pinipiling sundin ang kanilang sariling paraan, ay madalas na gumagawa ng mga mahusay na dahilan sa pagbibigay-katwiran sa sarili. Sa gayon ang mga Israelita ay nagpahayag na sila ay nagsimula na ng muling pagtatayo, subali't sila ay nahinto dahil sa mga hadlang na ginawa ng kanilang mga kaaway. Ang mga hadlang na ito, ay inakala nila, na isang indikasyon na hindi pa ito ang tamang panahon para sa muling pagtatayo. Ipinahayag nila na ang Panginoon mismo ang naglagay ng mga kahirapan upang sawayin ang kanilang mainit na pagmamadali. Ito ang dahilan kung bakit, sa isang pakikipag-usap sa pamamagitan ng Kaniyang propeta, tinukoy Niya sila hindi bilang 'aking bayan,' kundi bilang 'ang bayang ito.'

"Ang mga Israelita ay walang tunay na dahilan upang iwan ang kanilang gawain ng pagtatayo ng templo. Sa panahon kung kailan ang pinakamatinding pagtutol ay ipinapahayag, ay ang panahon sana para sa kanila na magtiyaga sa pagtatayo. Subali't sila ay pinakilos ng makasariling pag-iwas na harapin ang panganib dahil mapupukaw ang pagsalungat ng kanilang mga kaaway. Hindi nila taglay ang pananampalataya na siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita. Nag-alinlangan silang sumulong sa pamamagitan ng pananampalataya sa pagbubukas ng mga probidensya ng Dios, dahil hindi nila makita ang katapusan mula sa pagsisimula. Kaya't nang magkaroon ng mga pagsubok, madali silang tumalikod sa kanilang gawain."—The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], tomo 4, p. 1175.

b. Anong panawagan ang ipinapaabot sa mga abala sa mga makamundong hangarin? Hagai 1:5–10.

"Isang kapansin-pansing paglalarawan ng mga resulta ng makasariling pag-iwas sa pagbibigay kahit sa mga kusang-loob na handog para sa layunin ng Dios ang ibinigay noong kapanahunan ng propetang si Haggai. . . . Ang mga Judio ay nagsagawa ng muling pagtatayo ng templo ng Panginoon; subali't sa pagharap sa matinding pagsalungat mula sa kanilang mga kaaway, ay itinigil nila ang gawain."—Patriarchs and Prophets, p. 527.

c. Paano nakamit ng mga nalabi ang tagumpay sa puso at pagkilos? Hagai 1:12, 13.

"[Ang nalabi] ay hindi nangahas na balewalain ang paulit-ulit na babala na ang kanilang kasaganaan at ang pagpapala ng Dios ay nakasalalay sa kanilang lubusang pagsunod sa mga tagubiling ibinigay sa kanila. Nang sila ay kaagad na nagpasya na kanilang gagawin ang mga sinalita ng Panginoon, ang Kaniyang mga mensahe ng pagsaway ay napalitan ng mga salita ng pagpapalakas ng kalooban. O napakamaawain ng ating Dios na pinaglilingkuran!"—SDA Bible Commentary [E.G.] volite Commentary [E.G. 4, p. 1176.

## 5. MALUWALHATI SA NAIIBANG PARAAN — Huw, Mar 12

a. Ipaliwanag ang plano ng Dios para sa ikalawang templo na itatayo. Hagai 2:6–9.

"Pagkatapos ng pagkawasak ng templo ni Nabucodonosor ito ay muling itinayo mga limang daang taon bago ang kapanganakan ni Kristo ng mga taong mula sa habambuhay na pagkabihag ay bumalik sa isang wasak at halos napabayaan na. Noon ay may mga matatandang tao na nakakita pa ng kaluwalhatian ng templo ni Solomon, at sila ay tumangis sa pundasyon ng bagong itinatayo, na ito ay napaka-mahina kaysa sa una. Ang damdaming iyon na nanaig ay pilit na inilarawan ng propeta: 'Sino ang nananatili sa inyo na nakakita sa bahay na ito sa kaniyang dating kaluwalhatian? at paanong nakikita ninyo ngayon? hindi baga sa inyong mga mata ay parang wala?' Hagai 2:3; Ezra 3:12. Kaya't ibinigay ang pangako na ang kaluwalhatian ng huling templong ito ay magiging higit kaysa sa nauna.

"Subali't ang ikalawang templo ay hindi napantayan ang una sa kadakilaan; ni hindi ito ay pinabanal ng mga nakikitang tanda ng banal na presensya na nauukol sa unang templo. Walang katunayan ng hindi pangkaraniwang kapangyarihan na lumitaw sa pagtatalaga nito. Walang ulap ng kaluwalhatian ang nakita na pumuno sa bagong itinayong santuwario. Walang apoy mula sa langit ang bumaba upang sunugin ang handog sa altar nito. Ang Shekinah ay wala na sa pagitan ng mga kerubin sa kabanal-banalang dako; ang kaban, ang luklukan ng awa, at ang mga tapyas ng kautusan ay hindi na masusumpungan doon. Walang ng tinig na mula sa langit upang ipaalam sa saserdoteng nagtatanong ang kalooban ni Jehova.

"Sa loob ng maraming siglo ang mga Judio ay nagsikap nang walang kabuluhan na ipakita ang pangako ng Dios na ibinigay ni Haggai ay natupad; Subali't binulag sila ng kapalaluan at kawalan ng pananampalataya sa kanilang mga isipan sa tunay na kahulugan ng mga salita ng propeta. Ang ikalawang templo ay hindi pinarangalan ng ulap ng kaluwalhatian ni Jehova, kundi ng buhay na presensya ng Isa na sa Kaniya ay nananahan ang kapuspusan ng pagka-Dios sa katawang-tao—ang Dios Mismo na nahayag sa laman. Ang 'Mga bagay na nais ng lahat na bansa' ay dumating nga sa Kaniyang templo nang ang Tao mula sa Nazareth ay nagturo at nagpagaling sa mga sagradong looban. Sa presensya ni Kristo, at sa ganitong paraan lamang, nahigitan ng ikalawang templo ang una sa kaluwalhatian."—The Great Controversy, pp. 23, 24.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL — Biy, Mar 13

1. Sa nalalapit na krisis, paano ako magiging isang kasangkapan para sa kabutihan sa mga kamay ng Dios?
2. Bakit ang kaamuan ay isang mahalagang katangian na dapat pagsikapan sa mga huling araw na ito?
3. Ano ang mga katangian ng lahat ng malilingid sa araw ng galit ng Panginoon?
4. Ano ang dahilan upang mawala sa akin ang pinakamahalagang priyoridad sa buhay?
5. Bakit ang mas simple at mas mababang uring templong itinayo noong panahon ni Hagai ay naging mas napaka-maluwalhati?

# Mga Kaganapan sa Pagtatapos ng Panahon

**SAULUHING TALATA:** “Hingin ninyo sa Panginoon ang ulan sa kapanahunan ng huling ulan, sa Panginoon na nagpapakidlat; at kaniyang bibigyan sila ng ulan, at ang bawa’t isa’y ng damo sa parang” (Zacarias 10:1).

**Iminumungkahing mga Babasahin:** *Prophets and Kings,* pp. 580–592;
*Testimonies to Ministers,* pp. 506–512;
*The Acts of the Apostles,* pp. 47–56.

“Habang hinahanap natin ang Dios para sa kaloob ng Banal na Espiritu, ito ay gagawa sa atin ng kaamuan, pagpapakumbaba ng kaisipan, isang malinaw na pag-asa sa Dios para sa nagpapasakdal na huling ulan. Kung tayo ay mananalangin para sa pagpapala nang may pananampalataya, tatanggapin natin ito ayon sa ipinangako ng Dios.”—Testimonies to Ministers, p. 509.

## 1. ANG PINAKA-IINGATANG ITIM NG KANIYANG MATA — Lin, Mar 15

a. Paano ni Zacarias sinuportahan ang mensahe ni Hagai? Zacarias 1:1–4, 15, 16.

“Ang taimtim na mga pagsusumamo at ang mga pagpapalakas ng kalooban na ibinigay sa pamamagitan ni Hagai ay binigyang-diin at dinagdagan ni Zacarias, na tinawag ng Dios upang manindigan sa tabi Niya sa paghimok sa Israel na isagawa ang utos na bumangon at magtayo. Ang unang mensahe ni Zacarias ay isang katiyakan na ang salita ng Dios ay hindi kailanman mabibigo at isang pangako ng pagpapala sa mga makikinig sa tiyak na salita ng Hula.”—Prophets and Kings, p. 576.

b. Ano ang nagpapakita ng maingat na pangangalaga ng Dios sa Kaniyang bayan? Zacarias 2:1–5, 8.

“Ang Dios ay iniutos na ang Jerusalem ay muling itayo; ang pangitain ng pagsukat ng lungsod ay isang katiyakan na Kaniyang ibibigay ang kaaliwan at kalakasan sa mga napipighati, at tutuparin sa kanila ang mga pangako ng Kanyang walang hanggang tipan. Ang Kanyang maingat na pangangalaga, ipinahayag Niya, ay magiging parang ‘isang kutang apoy sa palibot;’ at sa pamamagitan nila ay mahahayag ang Kaniyang kaluwalhatian sa lahat ng mga anak ng tao. Ang Kaniyang ginagawa para sa Kaniyang bayan ay malalaman sa buong kalupaan.”—Ibid., p. 581.

a. Bagama't tayo ay may mga depekto, ano ang naglalarawan ng ating tanging pag-asa? Zacarias 3:1–4.

"Sa makahulugang propesiya ni Zacarias, si Satanas ay makikitang nakatayo sa kanang kamay ng Anghel ng Panginoon, na inaakusahan si Josue, ang pangulong saserdote, na nakadamit ng maruming kasuotan, at tinututulan ang gawaing nais gawin ng Anghel para sa kanya. Ito ay naglalarawan ng sa saloobin ni Satanas laban sa bawat kaluluwang sinisikap ni Kristo na ilapit sa Kaniyang Sarili."—Thoughts From the Mount of Bless-ing, pp. 116, 117.

"[Si Satanas] ay aakayin tayo na maniwala na ang ating mga pagkakamali at paglabag ay napakabigat kaya't hindi na pakikinggan ng Panginoon ang ating mga panalangin at hindi tayo pagpapalain at ililigtas. Sa ating sarili ay wala tayong ibang makikita kundi kahinaan, ni anumang bagay na maglalapit sa atin sa Dios, at sinasabi sa atin ni Satanas na ito ay walang nang silbi; hindi natin malulunasan ang mga depekto ng ating pag-uugali. Kapag sinusubukan nating lumapit sa Dios, ang kaaway ay bumubulong, Wala nang saysay ang iyong panalangin; hindi ba't ginawa mo ang masasamang bagay na iyon? Hindi ba't nagkasala ka laban sa Dios at nilabag mo ang iyong sariling konsensya? Subali't maaari nating sabihin sa kaaway na 'nililinis tayo ng dugo ni Jesus na kaniyang Anak sa lahat ng kasalanan..' 1 Juan 1:7. Kapag nararamdaman nating tayo ay nagkasala at hindi tayo makapanalangin, iyon na mismo ang oras para manalangin. Maaaring tayo ay nahihiya at lubos na nagpapakumbaba, subali't dapat tayong manalangin at manampalataya."—Ibid., p. 115.

b. Anong banal na prinsipyo ang naghahayag ng tunay na pinagmumulan ng kapangyarihan upang madaig ang kasalanan at isakatuparan ang panawagan ng Dios? Zacarias 4:6; Juan 15:5.

"Bilang piniling bayan ng Dios hindi natin maaaring tularan ang mga gawi, layunin, gawain, o uso ng sanlibutan. Hindi tayo pinabayaan sa kadiliman upang sumunod sa mga makamundong huwaran at umasa sa panlabas na anyo para sa tagumpay. Ipinahayag na sa atin ng Panginoon kung saan nagmumula ang ating kalakasan. [Zacarias 4:6 sinipi.]"—Testimonies for the Church, vol. 7, p. 90.

"Kung wala ang Espiritu ng Dios ang kaalaman sa Kaniyang salita ay walang mapapakinabang. Ang teorya ng katotohanan, kung hindi sinasamahan ng Banal na Espiritu, ay hindi makapagpapasigla sa kaluluwa o makapagpapabanal ng puso. Maaaring lubos na nalalaman ng isang tao ang mga utos at pangako ng Biblia; subali't maliban kung ang Espiritu ng Dios ang magtatalaga ng katotohanan sa puso, ang ugali ay hindi mababago. Kung wala ang kaliwanagan ng Espiritu, hindi magagawa ng mga tao na makilala ang pagkakaiba ng katotohanan mula sa kamalian, at mahuhulog sila sa ilalim ng mapanlinlang na mga tukso ni Satanas."—Christ's Object Lessons, pp. 410, 411.

"Sa dakila at hindi masukat na kaloob ng Banal na Espiritu ay nakapaloob ang lahat ng mga kayamanan ng langit. . . . Kung ang lahat ay handang tumanggap, ang lahat ay mapupuspos ng Kaniyang Espiritu."—Ibid., p. 419.

## 3. IBANG URI NG TEMPLO

Mar, Mar 17

a. Banggitin ang pinakamahalagang templo na itinakda upang itayo—at sino ang inatasan? Zacarias 6:12, 13, 15; Efeso 2:19–22.

“Sa pundasyong inilatag mismo ni Kristo, itinayo ng mga apostol ang iglesia ng Dios. Sa Banal na mga Kasulatan ang larawan ng pagtatayo ng templo ay madalas na ginagamit upang ilarawan ang pagtatayo ng iglesia. Si Zacarias ay tinukoy si Kristo bilang ang Sanga na dapat magtayo ng templo ng Panginoon. Binanggit niya ang mga Gentil bilang katuwang sa gawain: ‘At silang nangasa malayo ay magsisiparito at mangagtatayo sa loob ng templo ng Panginoon;’ at ipinahayag ni Isaias, ‘Itatayo ng mga taga ibang lupa ang iyong mga kuta.’ Zacarias 6:12, 15; Isaias 60:10.

“Sa pagsulat tungkol sa pagtatayo ng templong ito, sinabi ni Pedro, ‘Na kayo’y magsilapit sa kaniya, na isang batong buhay, na sa katotohana’y itinakuwil ng mga tao, datapuwa’t sa Dios ay hirang, mahalaga, kayo rin naman, na gaya ng mga batong buhay, ay natatayong bahay na ukol sa espiritu, upang maging pagkasaserdoteng banal, upang maghandog ng mga hain na ukol sa espiritu, na nangakalulugod sa Dios sa pamamagitan ni Jesucristo.’ 1 Pedro 2:4, 5.

“Sa tibagan ng bato ng mga Judio at ng mundo ng mga Gentil ang mga apostol ay masigasig na nagpapagal, na kumukuha ng mga bato upang ilagay sa pundasyon.” — The Acts of the Apostles, pp. 595, 596.

b. Sa kabila ng mga babala ng Dios, ano ang ginawa ng bayan bago ang kanilang pagkabihag? Zacarias 7:8–14.

c. Paano ipinakita ng Dios gayunpaman ang pagbuhos ng mapagpahinuhod na awa sa pagbibigay ng paulit-ulit na pagkakataon? Zacarias 8:7, 8, 13–17.

“Layunin pa rin ng Panginoon, mula pa sa pasimula, na ang Kaniyang bayan ay maging isang kapurihan sa lupa, para sa ikaluluwalhati ng Kaniyang pangalan. Sa mahabang panahon ng kanilang pagkabihag, binigyan Niya sila ng maraming pagkakataon na bumalik sa kanilang katapatan sa Kaniya. Ang ilan ay piniling makinig at matuto; ang ilan ay natagpuan ang kaligtasan sa gitna ng kapighatian. Marami sa mga ito ang mabibilang sa mga nalabi na babalik.”—Prophets and Kings, p. 599.

“[Sinipi ang Zacarias 8:3, 7, 8.] Ang mga pangakong ito ay may kondisyon na nakabatay sa pagsunod. Ang mga kasalanang naging katangian ng mga Israelita bago ang pagkabihag, ay hindi na dapat maulit.”—Ibid, p. 704.

## 4. ANG KAGINHAWAHANG KINAKAILANGAN Miy, Mar 18

a. Sa kasalukuyang yugto ng kasaysayan, ano ang dapat nating pagtuunan ng pansin, at bakit ito lubhang mahalaga? Zacarias 10:1, 2.

“Maliban kung ang mga kaanib ng iglesia ng Dios sa kasalukuyan ay may buhay na pakikipag-kaugnayan sa Pinagmumulan ng lahat ng espirituwal na paglago, hindi sila magiging handa para sa panahon ng pag-aani.”—The Acts of the Apostles, p. 55.

“ ‘Hingin ninyo sa Panginoon ang ulan sa kapanahunan ng huling ulan.’ Huwag masiyahan na sa pag-aakalang sa karaniwang takbo ng panahon, ay bubuhos ang ulan. Hingin ninyo ito. Ang paglago at pagyabong ng binhi ay hindi nakasalalay sa magsasaka. Ang Dios lamang ang makakapagpahinog ng ani. Subali’t ang pkikipagtulungan ng tao ay kinakailangan. Ang gawain ng Dios para sa atin ay nangangailangan ng pagkilos ng ating isipan, ang pagsasagawa ng ating pananampalataya. Dapat nating hanapin ang Kanyang mga biyaya nang buong puso kung nais nating matanggap ang ulan ng pagpapala. Dapat nating pagbutihin ang bawat pagkakataon sa paglalagay ng ating sarili sa daluyan ng pagpapala. Sinabi ni Kristo, ‘ kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroroon ako sa gitna nila.’ Ang mga pagpupulong ng iglesia, tulad ng mga camp meetings, mga pagtitipon sa tahanang pinagsisimbahan, at lahat ng pagkakataong may personal na paglilingkod para sa mga kaluluwa, ay mga itinalagang pagkakataon ng Dios upang ibuhos ang maaga at huling ulan.

“Subali’t huwag isipin ng sinuman na sa pagdalo lamang sa mga pagtitipong ito, ang kanilang tungkulin ay natutupad na. Ang pagdalo lamang sa lahat ng mga pagpupulong na ginaganap ay hindi mismo sa sarili nito magdudulot ng pagpapala sa kaluluwa. Ito ay hindi isang batas na hindi na nababago na ang lahat na dumadalo sa mga pangkalahatang pagtitipon o lokal na pagpupulong ay tatanggap ng masaganang biyaya mula sa langit. Maaaring ang mga sitwasyon ay mukhang naaayon para sa masaganang pagbuhos ng ulan ng biyaya. Subal’t ang Dios pa rin ang dapat mag-utos sa pagbuhos ng ulan. Kaya naman hindi tayo dapat magpabaya sa pagsusumamo.”—Testimonies to Ministers, pp. 508, 509.

b. Ilarawan ang nakakamanghang kaganapang mangyayari sa ilalim ng kapangyarihang ito. Zacarias 12:8.

“Kapag ang mga punong walang bunga ay pinutol dahil sagabal sa lupa, kapag ang maraming huwad na kapatid ay nakikilala mula sa tunay, sa oras na iyon ang mga nakatago ay makikita, at sila’y magpupuri sa ilalim ng watawat ni Kristo. Yaong mga dating mahiyain at walang tiwala sa sarili ay hayagang magpapahayag para kay Kristo at sa Kaniyang katotohanan. Ang pinakamahina at nag-aatubili sa iglesia ay magiging gaya ni David—na handang gumawa at maglakas-loob. Habang lumalalim ang gabi para sa bayan ng Dios, ay lalong magniningning ang mga bituin. Si Satanas ay lubhang manggugulo sa mga matapat; subal’t, sa pangalan ni Jesus, sila ay kikilalaning higit pa sa mga mapagtagumpay.”—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 81.

## 5. SI KRISTO SA WALANG HANGGAN

Huw, Mar 19

a. Isalaysay ang isang magandang pag-uusap na magaganap sa walang hanggan. Zacarias 13:6.

"Si Jesus ay ipapakita ang Kaniyang mga kamay na may mga pilat ng Kanyang pagkapako sa krus. Ang mga pilat ng kalupitang ito ay Kaniyang dadalhin magpakailanman. Ang bawat pilat ng mga pako ay magsasalaysay ng kuwento ng kahanga-hangang pagtubos sa sangkatauhan at ang napaka-mahal na halagang ipinambayad dito."—Early Writings, p. 179.

b. Kailan at paano babalik si Kristo sa Bundok ng mga Olivo, at anong mga dakilang kaganapan ang magaganap? Zacarias 14:4,5; Pahayag 20:7, 12; 21:2, 10.

"[Ipinaliwanag ng anghel:] 'Ang mga banal ay mananatili sa Banal na Lunsod at maghahari bilang mga hari at mga saserdote sa loob ng isang libong taon; pagkatapos nito si Jesus ay bababa kasama ng mga banal sa Bundok ng mga Olivo, at ang bundok ay mahahati at magiging isang malawak na kapatagan kung saan ang Paraiso ng Dios ilalapag.' " —Ibid., pp. 51, 52.

"Sa pagtatapos ng isang libong taon, si Jesus, ang Hari ng Kaluwalhatian, ay bababa mula sa Banal na Lungsod, na nadaramtan ng kaningningan na gaya ng kidlat, sa Bundok ng mga Olivo—sa mismong bundok kung saan Siya nagmula nang Siya ay umakyat sa langit pagkatapos ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli. Habang lumalapat ang Kanyang mga paa sa bundok, ito ay nahahati, at nagiging napakalaking kapatagan, at handa na para sa pagtanggap sa Banal na Lungsod kung saan naroon ang paraiso ng Dios, ang halamanan ng Eden, na kinuha matapos ng pagsalangsang ng tao. Ngayon ito ay bababa kasama ng lungsod, na mas napakaganda, at pinalamutian nang maluwalhati kaysa noong inalis sa lupa. Ang lungsod ng Dios ay bumaba at nalagay sa malawak na kapatagang inihanda para dito. Pagkatapos ay aalis si Jesus sa lungsod na napapaligiran ng tinubos na karamihan, at inaabayan sa Kaniyang daan ng pulutong ng mga anghel. Sa nakakakilabot na karingalan ay tinawag Niya ang masasamang patay. Sila ay magigising mula sa kanilang mahabang pagkakatulog. Anong nakakapangilabot na paggising!"—Spiritual Gifts, vol. 3, p. 83.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Mar 20

1. Habang iniisip ko ang "kutang apoy" na ipinangako ng Dios, kailan ko nadama ang Kaniyang proteksyon?
2. Bakit ko nagagawang matagumpay na balewalain ang mga pag-atake ni Satanas na nagsusumbat ng aking mga kasalanan sa aking harapan?
3. Ano ang higit na mas mahalaga kaysa sa isang aktuwal na templo upang tahanan ng presensya ng Dios?
4. Banggitin ang ilang mahahalagang kondisyon upang matanggap ang Huling Ulan.
5. Kailan ang mga paa ni Jesus muling tatapak sa Bundok ng mga Olivo?

# Ang Panghuling Panawagan ni Malakias

**SAULUHING TALATA:** "At siya'y mauupong gaya ng mangingintab at mangdadalisay ng pilak, at kaniyang dadalisayin ang mga anak ni Levi, at kaniyang pakikinising parang ginto at pilak; at sila'y mangaghahandog sa Panginoon ng mga handog sa katuwiran" (Malakias 3:3).

**Iminumungkahing mga Babasahin:** *Prophets and Kings,* pp. 702–721; *Testimonies for the Church,* vol. 7, pp. 45–50.

"Taimtim na pinaaalalahanan ang mga gumagawa ng kasamaan tungkol sa darating na araw ng paghuhukom at sa layunin ni Jehova na dalawin ng biglaang kapahamakan ang bawat mananalangsang. Subali't walang maiiwang walang pag-asa; ang mga propesiya ng paghatol ni Malakias ay sinamahan ng mga paanyaya sa mga hindi nagsisisi upang makipagpayapaan sa Dios."—Prophets and Kings, p. 706.

## 1. MGA PAGKAKAMALING MADALAS NA HINDI NAPAPANSIN — Lin, Mar 22

a. Anong hilig tungo sa makasariling kasakiman ang maaaring tayo ay nagkakasala? Malakias 1:8.

"Marami ang nagpapakabuyo sa hindi kinakailangang paggastos, upang paluguran lamang ang mga damdamin, panlasa, at mata, habang ang layunin ng Dios ay nangangailangan ng mismong mga yamang sa gayon ginagamit, at habang ang ilan sa mga lingkod ng Dios ay hindi maayos na nadaramtan at nahihirapan sa kanilang paggawa dahil sa kakulangan ng salapi. Sinabi ng anghel: 'Ang kanilang panahon sa paggawa ay malapit nang matapos. Ang kanilang mga gawa ay nagpapakita na ang sarili ang kanilang dios-diosan, at dito sila naghahandog.' Ang sarili ay dapat munang paluguran; ang kanilang damdamin ay: 'Ako ba'y tagapagbantay sa aking kapatid?' Sunod-sunod na babala ang natatanggap ng marami, subali't hindi nila pinakikinggan. Ang sarili ang pangunahing layunin, at dito ang lahat ay nakatuon."—Testimonies for the Church, vol. 1, p. 115.

b. Sa malaking kaibahan sa mga nakasanayang kaugalian ng makabagong lipunan, paano tinitingnan ng Dios ang sensitibo at, sagradong pangako sa pag-aasawa? Malakias 2:12–16; Hebreo 13:4; Mateo 19:4–6.

"Pag-aralan ninyong mapabuti pa ang kaligayahan ng isa't isa. Magkaroon ng pag-ibig na kapwa ipinadarama sa isa't isa, pagpapahinuhod sa isa't isa. Sa gayon ang pag-aasawa, sa halip na maging katapusan ng pag-iibigan, ay magiging tulad ng kung paano ang pag-ibig ay nagsisimula pa lamang."—The Ministry of Healing, p. 360.

## 2. ANG PROSESO NG PAGDADALISAY

Lun, Mar 23

a. Ipaliwanag ang katuparan ng propesiya sa Malakias 3:1–3; Juan 2:13–16.

"Sa paglilinis ng templo, ipinahayag ni Jesus ang Kanyang misyon bilang Mesiyas. . . . Ang mga looban ng templo sa Jerusalem, na puno ng kaguluhan ng masasamang pakikipagkalakalan, lahat ay lubos na naglalarawan ng templo ng puso, na nadungisan ng mahalay na pagnanasa at masasamang kaisipan. Sa paglilinis ng templo sa pagtataboy sa mga mamimili at nagbebenta sa sanlibutan, inihayag ni Jesus ang Kaniyang misyon na linisin ang puso mula sa karumihan ng kasalanan—mula sa makamundong hangarin, makasariling pagnanasa, masasamang ugali, na sumisira sa kaluluwa."—The Desire of Ages, p. 161.

"Nais ng Dios na ang Kaniyang mga lingkod ay maunawaan ng lubos ang moral na mekanismo ng kanilang sariling mga puso. Upang maisakatuparan ito, madalas Niyang pinahihintulutan ang apoy ng mga pagsubok na salakayin sila upang sila ay maging dalisay. . . . "

"Ang pagdadalisay ng bayan ng Dios ay hindi maaaring maisakatuparan kung wala ang kanilang paghihirap. Pinahihintulutan ng Dios ang apoy ng kapighatian na sunugin ang mga dumi, upang ihiwalay ang walang halaga sa mahalaga, upang ang purong metal ay kuminang. Pinadadaan Niya tayo mula sa isang apoy patungo sa isa pa, sinusubok ang ating tunay na halaga. Kung hindi natin kayang tiisin ang mga pagsubok na ito, ano ang gagawin natin sa panahon ng kabagabagan? Kung ang kasaganaan o kahirapan ay naglalantad ng kasinungalingan, pagmamataas, o pagkamakasarili sa ating mga puso, ano ang ating gagawin kapag sinubok ng Dios ang gawa ng bawat tao sa pamamagitan ng apoy, at inilalantad ang mga lihim ng lahat ng puso?"—Testimonies for the Church, vol. 4, p. 85.

b. Banggitin ang ilang mga paraan kung paano sinasaway ang bayan ng Dios sa pagkalimot sa Kaniya, at ano ang tunay na saklaw ng pagnanakaw sa Dios? Malakias 3:5–8; Santiago 1:27; Lucas 12:15; Kawikaan 3:9,10.

"Dapat nating sadyang pagpasyahan na pararangalan natin ang Dios sa pamamagitan ng ating mga pag-aari; kaya't hindi natin dapat hayaang matukso tayo ng anuman na pagnakawan Siya sa mga ikapu at mga handog na nararapat na sa Kaniya. Dapat tayong maging matalino, maayos, at patuloy sa ating mga gawa ng may pag-ibig sa kapwa tao at ng ating pagpapahayag ng pagpapasalamat sa Dios dahil sa Kaniyang mga biyaya sa atin. Ito ay napakasagradong tungkulin upang ipagkatiwala lamang sa pagkakataon o hayaang kokontrolin ng simbuyo o ng damdamin. Dapat tayong palaging maglaan para sa layunin ng Dios, upang hindi Siya manakawan ng bahagi na Kaniyang inaangkin. Kapag ninanakawan natin ang Dios ay ninanakawan din natin ang ating sarili. Isinasakripisyo natin ang makalangit na kayamanan upang magkamit ng higit pa ng mga bagay sa mundong ito. Ito ay isang kalugihan na hindi natin makakayang tiisin. Kung tayo ay mamumuhay nang sa gayon ay mapasa atin ang pagpapala ng Dios, ang Kanyang kamay na nagpapaunlad sa ating mga temporal na gawain ay mapapasa atin, ngunit kung ang Kanyang kamay ay laban sa atin, maaari Niyang wasakin ang lahat ng ating mga plano at ikalat ang ating tinipon nang mas mabilis kaysa sa ating pag-iipon."—Ibid, tomo 5, pp. 271, 272.

## 3. MATAPAT NA TALAAN



a. Magbanggit ng ilang pagpapala na bunga ng pagbibigay ng matapat na ikapu at saganang mga handog—at ipaliwanag ang pangangailangan nating iwasan ang pagpapaliban dito. Malakias 3:10–12.

"Ang pagkakawanggawa sa oras ng kamatayan ay hindi ang hinihingi ni Kristo sa Kanyang mga tagasunod; hindi nito mapagtatakpan ang makasariling pamumuhay. Yaong mga hinahawakan nang mahigpit ang kanilang ari-arian hanggang sa huling sandali, ay isinusuko ito sa kamatayan sa halip na sa layunin ng Dios. Ang mga pagkalugi ay patuloy na nangyayari. Ang mga bangko ay bumabagsak, at ang mga ari-arian ay nauubos sa iba't-ibang paraan. Marami ang may layuning gumawa ng isang bagay, subali't ipinagpapaliban nila ang kahalagahan, at si Satanas ay gumagawa upang mahadlangan ang mga kaloob na makapasok sa kabang-yaman. Ito ay nawawala bago ito maibalik sa Dios, at si Satanas ay nagagalak sa pagkawala nito.

"Kung nais ninyong gumawa ng mabuti sa pamamagitan ng inyong yaman, gawin ito kaagad at baka makuha ito ni Satanas tungo sa kanyang mga kamay at sa gayo'y hadlangan ang gawain ng Dios. Madalas, kapag binubuksan ng Panginoon ang daan para sa mga kapatid upang pangasiwaan ang kanilang mga yaman para isulong ang Kanyang layunin, ang mga kinatawan ni Satanas ay naghahain ng ilang gawain na kung saan sila ay positibong ang mga kapatid ay maaaring doblehin ang kanilang mga kayamanan. Kinukuha nila ang pain; ang kanilang salapi ay ipinupuhunan, at ang layunin at madalas ang kanilang mga sarili mismo, ay hindi nakakatanggap ni kahit isang sentimo." Testimonies for the Church, vol. 5, p. 154.

b. Anong masakit subali't tumpak na talaan tungkol sa ating sarili ang dapat nating tiyaking mapapawi? Eclesiastes 12:14; Isaias 65:6, 7.

c. Bukod sa pagkakasulat ng kanilang mga pangalan sa aklat ng buhay, ano ang naghahayag ng mga gawa ng Kanyang matapat na mga anak sa talaan ng Dios? Malakias 3:16; Awit 56:8.

" 'Isang aklat ng alaala' ay isinusulat sa harapan ng Dios, kung saan nakatala ang mabubuting gawa 'nilang nangatatakot sa Panginoon, at gumugunita ng kaniyang pangalan.' Malakias 3:16. Ang kanilang mga pananalita ng may pananampalataya, ang kanilang mga gawa ng may pag-ibig, ay nakatala sa langit. Tinukoy ito ni Nehemias nang sabihin niya: 'Alalahanin mo ako, Oh aking Dios, . . . at huwag mong pawiin ang aking mga mabuting gawa na aking ginawa sa ikabubuti ng bahay ng aking Dios,.' Nehemias 13:14 . Sa aklat ng alaala ng Dios ang bawat matuwid nagawa ay mananatili magpakailanman. Doon ang bawat tuksong nilalabanan, ang bawat kasamaang napagtatagumpayan, ang bawat salitang may habag na ipinahayag, ay matapat na itinatala. At ang bawat gawa ng may pagsakripisyo, bawat paghihirap at kalungkutang tiniis alang-alang kay Kristo, ay naitatala."—The Great Controversy, p. 481.

a. Anong kagalakan ang ipinahahayag ng Dios sa Kanyang matapat na bayan, at paano natin maipapakita ang kagalakang iyon sa ating ugali at mga gawa? Malakias 3:17; Mateo 25:34–40.

“Kapag tayo ay dumadamay sa mga pusong nabibigatan ng mga kabiguan at kalungkutan, kapag ang kamay ay nagbibigay sa nangangailangan, kapag ang hubad ay nabibihisan, ang taga-ibang bayan ay malugod na tinatanggap upang bigyan ng upuan sa inyong salas at lugar sa iyong puso, ang mga anghel ay lumalapit, at may tugon ng awit sa langit. Ang bawat gawang matuwid, awa, at kabutihan ay gumagawa ng himig sa langit. Ang Ama mula sa Kanyang luklukan ay minamasdan ang mga gumagawa ng mga gawang ito ng may habag, at ibinibilang silang Kanyang pinakamahalagang mga kayamanan.”—Testimonies for the Church, vol. 2, p. 25.

b. Paano natin malalaman na ang pagkakaiba sa pagitan ng masama at matuwid ay malapit nang ganap na mahahayag? Malakias 3:18; Pahayag 22:11, 12 .

“ ‘At ipahahayag ng langit ang kaniyang katuwiran; sapagka’t ang Dios ay Siyang hukom.’ Awit 50:6. Ang banal na kautusang iyon, ang katuwiran ng Dios, na sa gitna ng kulog at apoy ay ipinahayag mula sa Sinai bilang patnubay ng buhay, ay nahayag na ngayon sa mga tao bilang ang pamantayan ng paghatol. Binubuksan ng kamay ang mga tapyas na bato, at doon ay makikita ang mga alituntunin ng Dekalogo, na iniukit ng panulat na apoy. Napakalinaw ng mga salita na nababasa ng lahat. Ang alaala ay napupukaw, ang ulap ng pamahiin at maling aral ay napapawi sa bawat isipan, at ang sampung salita ng Dios, maikli, malawak ang saklaw, at may kapangyarihan, ay ipinahahayag sa paningin ng lahat ng mga nananahan sa kalupaan.

“Hindi mailarawan ang matinding pagkatakot at paghihirap ng mga yumuyurak sa mga banal na kahilingan ng Dios. Ang Dios ay ibinibigay sa kanila ang Kaniyang kautusan; maaari sana nilang ihambing ang kanilang mga pag-uugali dito at malaman ang kanilang mga depekto habang may pagkakataon pa para sa pagsisisi at pagbabago; subali’t upang makuha ang pagsang-ayon ng sanlibutan, isinasantabi nila ang mga tuntunin nito at tinuturuan ang iba na sumuway. Sinisikap nilang pilitin ang bayan ng Dios na lapastanganin ang Kanyang Sabbath. Ngayon sila ay hinahatulan ng kautusang iyon na kanilang nilapastangan. Sa nakakakilabot na malinaw na paraan makikita nila na sila ay wala mang maidadahilan. . . .

“Huling-huli na nilang makikita ang tunay na likas ng kanilang huwad na sabbath at ang pundasyong buhangin na kanilang itinatayo. Matutuklasan nilang sila ay nakikipaglaban sa Dios. Ang mga guro sa relihiyon ay umaakay sa mga kaluluwa sa kapahamakan habang nag-aangking ginagabayan sila patungo sa mga pintuan ng Paraiso.”— The Great Controversy, pp. 639, 640.

## 5. ANG HULING KABANATA

Huw, Mar 26

a. Ilarawan ang huling kahahantungan ng mga gumagawa ng kasamaan. Malakias 4:1–3.

b. Anong panghuling panawagan ang ipinadala ng Dios mula sa mga hindi pangunahing mga propeta (minor prophets)? Malakias 4:5, 6.

"Ang pagiging-makamundo at pagkamakasarili ang siyang naghihiwalay mula sa Dios. Ang mga mensaheng mula sa langit ay may katangiang pumupukaw ng pagsalungat. Ang mga matapat na saksi para kay Kristo at sa katotohanan ay magsasaway sa kasalanan. Ang kanilang mga salita ay magiging parang martilyong babasag sa matitigas na puso, gaya ng apoy na tumutupok sa dumi. Laging kinakailangan ang taimtim, tuwirang mga mensahe ng babala. Ang Dios ay magkakaroon ng mga taong matapat sa tungkulin. Sa tamang panahon ay ipinadadala Niya ang Kanyang matapat na mga mensahero upang gawin ang isang gawaing katulad ng kay Elias."—Testimonies for the Church, vol. 5, p. 254.

"Hangga't ang mga magulang mismo ay hindi lumalakad ayon sa kautusan ng Panginoon nang may sakdal na mga puso, hindi sila magiging handang utusan ang kanilang mga anak na sumunod sa kanila. Kinakailangan ang pagbabago sa bagay na ito—isang pagbabagong magiging malalim at malawak. Ang mga magulang ay kinakailangang magbago; ang mga ministro ay kinakailangang magbago; kinakailangan nila ang Dios sa kanilang mga sambahayan. Dapat nilang ituro sa kanilang mga anak na ang tinig ng Dios ang nananawagan sa kanila, at dapat ganap na sundin. Dapat nilang matiyagang turuan ang kanilang mga anak na may kabaitan, hindi sila dapat mapagod na magturo kung paano mamuhay upang mapaluguran ang Dios. Ang mga anak ng gayong sambahayan ay handang harapin ang mga mapanlinlang na aral. Tinanggap nila ang Biblia bilang batayan ng kanilang pananampalataya, at sila ay may pundasyong hindi matatangay ng dumarating na agos ng pag-aalinlangan."—Patriarchs and Prophets, p. 143.

"Ang isang maayos na sambahayan ng Kristiyano ay isang makapangyarihang patotoo sa katotohanan ng relihiyong Kristiyano—isang patotoong hindi mapapabulaanan ng mga hindi mananampalataya. . . . Kung ang mga tahanan ng mga nag-aangking Kristiyano ay nahubog sa tamang espirituwal na anyo, sila ay magkakaroon ng isang makapangyarihang impluwensya para sa kabutihan. Tunay ngang sila'y magiging 'liwanag ng sanlibutan.' "—Ibid., p. 144.

## PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

Biy, Mar 27

1. May asawa man o wala, paano ko mapapagtibay ang plano ng Dios para sa pag-aasawa?
2. Sa anong mga paraan ko nakikita ang ebidensya ng proseso ng pagdadalisay ng Dios sa aking buhay?
3. Banggitin ang tatlong aklat ng talaan na binabanggit sa mga hukuman ng Langit.
4. Paano ako magdudulot ng kagalakan sa puso ng mga makalangit na kinatawan?
5. Anong pinakamakapangyarihang mensahe ang kinakailangan sa mga huling araw na ito?

# Mga Handog sa Unang Sabbath



## Sabbath, Enero 3, 2026

### Headquarters in Siguatepeque, Honduras

Ngayon na ang pagkakataon nating tumulong  para sa mga kinakailangang opisina, meeting room, at mga silid-aralan ng missionary school (tingnan ang p. 6).



## Sabbath, Pebrero 7, 2026

### General Conference Welfare Department

Dumadami ang mga sakuna sa lahat ng dako. Ang Panginoon ay nananawagan sa bawat isa sa atin na gawin ang lahat ng ating makakaya upang makatulong na maibsan ang sakit at mga pagdurusa! (tingnan ang p. 32).



## Sabbath, Marso 7, 2026

### Maranhão Piauí Field (AMAPI) Headquarters, Brazil

Ang mga Administrative Offices, accommodations, at isang auditorium ay kinakailangan upang mapaunlad ang lumalagong gawaing ito. Tulungan natin itong mangyari! (tingnan ang p. 53).